

HIYAS NG TULANG TAGALOG

Virgilio S. Almario
Editor

PAUNANG SALITA

NAPAKATAAS NG AKING layunin nang buuin ko ang antolohiyang ito bilang proyekto para sa National Commission for Culture and the Arts (NCCA) noong 2008. Nais kong ipagparangalan ang pinakamatimyas na anak ng harayang Tagalog mula noon hanggang sa kasalukuyan. Nais ko ring mabilisang ipasulyap sa sinumang babása ang aking sipat sa naging makulay at masalimuot na kasaysayan ng pagtula sa Tagalog bílang isang halimbawa tungo sa paglinang ng isang pambansang pagkatha sa pambansang panitikan ng Filipinas.

Malaki na ang ipinagbago ng kasalukuyan kong koleksiyon mula sa nabuo ko noong 2008. Ngunit inaamin kong marami pa akong dapat isáma, lalo na mula sa hanay ng kabataang makata ngayon, bukod sa kailangan ko ring pigilan ang sarili sa paglalahok ng mga ehemplo mula sa panitikang-bayan at panitikang popular dahil bakâ maging dalawa o mahigit pang bolyum ang aklat na ito.

Hinggil sa teksto, dapat kong ipagpauna ang paghingi ng paumanhin para sa mga nagawa kong misprinting at kamaliang tipograpiko. Hindi po sinasadya, at maaari akong sulatan para sa nararapat na pagwawasto pang maisagawa ito kung sakali't magkaroon ng susunod na edisyon. Gayunman, may mga pinsalang hindi bunga ng aking pagkakamalí. Halimbawa, ang nawawalang isang taludtod sa “Magsasaka” ni Pedro Gatmaitan. O ang mga nawawalang salita o parirala sa tula ni Andres Bonifacio. May totoong mga problema sa aking mga halimbawang tula na bunga ng hindi mahusay na informant at hindi masinop na pagrekord (lalo sa kaso ng panitikang-bayan), pagkaligta mismo ng awtor, at pagkakamali ng naunang editor at pabliser.

Sa kabilâng dako, may isinagawa akong ilang interbensiyon sa teksto. Sa kaso ng mga tulang-bayan, kailangan kong retokihin ang ilang malinaw na kapabayaang tugma't súkat. Kung may dalawa o mahigit na bersiyon, sinikap kong piliin ang ipinalalagay kong higit na mainam ang pagkakarekord at nagtataglay ng natatanging paggamit ng tayutay o naiibang talinghaga. Sa kaso ng nawawalang mga salita sa tula ni Bonifacio, nagmungkahi ako ng kapalit sa mga patlang at ipinahiwatig ko ito sa pamamagitan ng pagkukulong sa panaklaw [].

Hinangad ko ring madaliang hanguin ang aklat na ito mula sa aking imbakan, dahil sa naramdaman kong pangangailangan ng huwaring akda para sa pagtuturo ng panitikan sa elementarya at sekundarya. Dapat tulungan ang mga manggagawa ng teksbuk sa paghahanap ng higit na mainam na teksto para sa mga mag-aaral. Upang hindi silá matuksong gamitin ang nakamihansan (at malimit na hindi karapat-dapat na akda) o ipagmalaki ang kanilang sariling pawis (na malimit ding higit na nagtatanghal lámang ng pag-angkop sa hinihinging kompetensi at ng katotohanang hindi silá malikhaing manunulat). Sana, makatulong ding modelo ang koleksiyong ito para sa

ibang nagnanais maghandog ng mga huwarang panitikan sa ibang larangan ng pagsulat at sa iang mga wika ng Filipinas.—ANG EDITOR

NILALAMAN

Ang Dakilang Wika ni Balagtas/ Virgilio S. Almario

Mga Sinaunang Bugtong at Salawikain

Mga Tanaga

Mga Dalit

Mga Diyona

1. Umulan Man sa Bondoc
2. May Bagyo Ma,t, May Rilim (1605)/ Una Persona Tagala
3. Salamat Nang Ualang Hanga (1605)/ Fernando Bagongbanta
4. Al Niño (1610)/ Fray Francisco de San Jose
5. Salamat Nang Ualang Hoyang (1627)/ Pedro Suarez Ossorio
6. O Librong Mabuti,t, Mahal/ Padre Suarez Ossorio
7. Arao na Capitapita (1645)/ Fray Pedro de Herrera
8. Aba Christianong Tagalog (1712)/ Phelipe de Jesus
9. Pasyon ng Inang Maria (1703)/ Gaspar Aquino de Belen
10. Donya Marcela (sk 1800)/ Isang Awit
11. Doon Po sa Amin (sk 1800)/ Isang awiting-bayan
12. Tinitimpi Sana (sk 1800)/ Mula sa *Bernardo Carpio* ni Jose de la Cruz (?)
13. Tao Po, Tao Po! (sk (1800)/ Isang awiting-bayan
14. Ang Tamuneneng Ko (sk 1800)/ Isang talingdaw
15. Harana (sk 1800)/ Isang kundiman
16. Awit ng Bilanggo (sk 1800)/ Isang awiting-bayan

17. Kay Celia (1838)/ Francisco Balagtas Baltazar
18. Tagulaylay ni Florante (1938)/ Francisco Balagtas Baltazar
19. Hibik ni Zelima/ Francisco Balagtas Baltazar
20. Hibik ni Orosman/ Francisco Balagtas Baltazar
21. Dalit ni Nubio/ Francisco Balagtas Baltazar
22. Nang Magdamit ang Negritong si Toming/ Francisco Balagtas Baltazar
23. Paalam sa iyo / Francisco Balagtas Baltazar
24. Dupluhan (sk 1972)/ Marcelo del Pilar
25. Dalit (1872)/ Marcelo del Pilar
26. Mula sa “Dasalan at Tocsohan” (1872)/ Marcelo del Pilar
27. Pasióng Dapat Ipag-alab nang Puso nang Tauong Babasa sa Kalupitan nang Fraile (1972) / Marcelo del Pilar
28. Pag-ibig sa Tinubuang Bayan/Andres Bonifacio
29. Katapusang Hibik ng Filipinas/ Andres Bonifacio
30. Huling Paalam (1896) (Salin ng Mi Ultimo Adios ni Jose Rizal)/ Andres Bonifacio
31. Ang Ningning at ang Liwanag (1896)/ Emilio Jacinto
32. Ako’y Umaasa (1896)/ Emilio Jacinto
33. Bituin at Panganorin/ Jose Corazon De Jesus
34. Ang Pagbabalik/ Jose Corazon De Jesus
35. Manggagawa/ Jose Corazon De Jesus
36. Magsasaká/ Pedro Gatmaitan
37. Three O’clock in the Morning/ Cirio H. Panganiban
38. Ang Damo/ Cirio H. Panganiban
39. Ibig Kong Makita/ Benigno R. Ramos
40. Ang Matanda/ Benigno R. Ramos
41. Ang mga Tula Mo/ Iñigo Ed. Regalado
42. Sa Tabi ng Dagat/ Ildefonso Santos
43. Ang Guryon/ Ildefonso Santos
44. Ako’y si Takaw/ Lope K. Santos
45. Panata ng Isang Balo/ Lope K. Santos
46. Ako ang Daigdig/ Alejandro G. Abadilla
47. Dilim, Mutyang Dilim/ Alejandro G. Abadilla
48. Pasko Ko’y Sonatang Tinig Ma’y Wala Na/ Alejandro G. Abadilla
49. Ang Aking mga Panauhin/ Salvador Barros
50. Tren/ Manuel Prinsipe Bautista
51. Yoyo/ Manuel Prinsipe Bautista
52. Laboratoryo at Dambana/ Teo S. Baylen
53. Uwak sa Aking Ulunan/ Teo S. Baylen
54. Kung Tuyo na ang Luha Mo Aking Bayan/ Amado V. Hernandez
55. Ang Dalaw/ Amado V. Hernandez
56. Kalabaw/ Manuel Car. Santiago
57. Lagi na’y Kailangan Kong Gumising nang Maaga/ Tomas F. Agulto
58. Paghihintay ng Unang Ulan ng Mayo/ Lamberto E. Antonio
59. Ang Unang Sulyap sa Taong 1967/ Lamberto E. Antonio
60. Napagawi Ako sa Mababang Paaralan/ Lamberto E. Antonio

61. Sa Harap ng Makinilya/ Teo T. Antonio
62. Binhi ng Ilang Salita/ Teo T. Antonio
63. Pananahan/ Rebecca T. Añonuevo
64. Alaala sa San Vicente/ Roberto T. Añonuevo
65. Bait ng Karagatan/ Roberto T. Añonuevo
66. Masuwerte ang mga Báka/ Romulo P. Baquiran, Jr.
67. Kasalo/ Joi Barrios
68. Bisikleta sa Buwan/ Mike L. Bigornia
69. Nang Mausong ang Magmakata/ Mike L. Bigornia
70. Ang Batang Nangarap Maging Isda/ Ronaldo Carcamo
71. Magnanakaw/ Michael M. Coroza
72. Erotique/ Federico Licsi Espino, Jr.
73. Muling Pagkabuhay/ Federico Licsi Espino, Jr.
74. Tittivillus/ Jerry B. Gracio
75. Ang Kalungkutan/ Jerry B. Gracio
76. Nakatingin sa Bituin/ Jose F. Lacaba
77. Paksiw na Ayungin/ Jose F. Lacaba
78. Oda sa Wala/ Jim Libiran
79. Biyahe/ Bienvenido Lumbera
80. Ang Batang Tinanghali ng Gising/ Bienvenido Lumbera
81. Paghabol ng Dyip/ Elynia S. Mabanglo
82. Kung Ibig Mo Akong Makilala/ Elynia S. Mabanglo
83. Sa Pamumulaklak ng mga Diliwariw/ Rogelio G. Mangahas
84. Villanelle sa Iyong Pagdalaw/ Rogelio G. Mangahas
85. Ilang Balita sa Araw na Ito/ Edgar B. Maranan
86. Dalawang Dalaw/ Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera, Jr.
87. Espasol/ Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera, Jr.
88. Karnehan/ Nicolas Pichay
89. Sa Lukoy/ Allan Popa
90. Sa Pagtawid/Allan Popa
91. Ito ang Ating Panahon/ Bienvenido A. Ramos
92. Estero/ Bienvenido A. Ramos
93. Sayaw kay Astarte/ Pedro L. Ricarte
94. Tao sa Hapag-Tistisan/ Pedro L. Ricarte
95. Bintana/ Fidel D. Rillo, Jr.
96. Isang Pangkaraniwang Pangyayari/ Epifanio San Juan, Jr.
97. Tumatayog, Lumalawak ang mga Gusali at Resort/ Romulo A. Sandoval
98. Isang Kurot sa Gunita/ Jesus Manuel Santiago
99. Kuwadro Numero Uno/ Benilda Santos
 Mirindal/ Rolando Tinio
 Valediction sa Hillcrest/ Rolando S. Tinio
100. Postscript/ Rolando Tinio
101. Barko/ Enrique S. Villasis

ANG DAKILANG WIKA NI BALAGTAS
ni Virgilio S. Almario

SA LAHAT NG limbag na panitikan ng Filipinas, ang panulaang Tagalog ang may pinakamahabà, tuloy-tuloy, pinakamakulay. at pinakamasalimuot na kasaysayan. Pagkaraan ng *Doctrina Christiana* (1593), ang unang limbag na aklat at nagtataglay ng unang salin sa wikang katutubo, ang unang orihinal na likha na nalimbag sa kapuluan ay mga tula sa wikang Tagalog. Dapat pang idagdag na ang unang limbag na panitikang-bayan ng Filipinas ay mga sinaunang maikling tulang Tagalog.

Bahagi ito ng di-akalaing biyayang idinulot ng pangyayaring ipinasiya ni Miguel Lopez de Legazpi, unang gobernador-heneral ng Filipinas, na ilipat mula sa Cebu ang sentro ng kolonyang Español at pangasiwaan ito mula sa Maynila. Tootoo, nangahulugan ito ng mabigat na kasawiang pangkultura, tulad sa pangyayaring lubhang nabugbog ang kamalayang Tagalog sa kulturang kolonyal kayâ't malaking bahagi ng katutubong kalinangan nitó ang napinsala, nalimot, o napalitan. Sa pagtula, isang malaking kawalan ang paglalaho ng mahahabàng epikong-bayan sa mga pook na lubhang natambad sa Kristiyanisasyon, na sa kabilâng dako ay maipagmamalaki ng Cordillera, Palawan, Gitnang Mindanao, at Gitnang Panay dahil sa masaganang ani ngayon ng mahahabàng tulang pasalaysay. Mabuti't nakaligtas bago maging Kristiyano ang *Biag ni Lam-ang* ng mga Ilokano at kung sakali'y isang sinaunang mito ang batayan ng *Ibalon* ng mga Bikolano. Ngunit ang mga Tagalog, gaya ng mga Bisaya, Pangasinan, at Kapampangan, ay higit na nangangarap lámang ngayon ng isang panahong may pamatbat o ng kung anong epikong-bayan ng kanilang mga ninuno. Ngunit kung wasto ang wika ng mga iskolar na napalitan ng búhay ni Kristo ang maalamat na bayani ng mga katutubong pangkating naging Kristiyano, maipagmamalaki ng mga Tagalog na ang unang patulang pasyon ay nalimbag sa kanilang wika.

Sa Maynila at karatig lalawigang Tagalog itinatag ang mga unang imprenta at pinamahalaan ng mga misyonerong naging dalubhasa sa paggamit ng wikang Tagalog. Sa gayon, ang unang mga aklat na nalimbag upang gamitin sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo ay nása wikang Tagalog. Mga salin ito ng mga tekstong Kristiyano o kayâ'y mga sermon at pagninilay ng mga padre sa mga paksaing Kristiyano. Pagkuwan, nadagdagan ito ng kanilang mga pag-aaral sa wikang katutubo na kanilang pinagkadalubhasaan—mga aklat sa gramatika at bokabularyo—na may layuning gumabay sa dárating pang mga misyonero at upang mapabilis ang kanilang pagkatuto sa mga wikang katutubo. Siyempre pa'y mga gramatika't bokabularyo sa wikang Tagalog ang unang nalimbag bago ang sa Bisaya, Ilokano, o Bikol.

May pitóng mahalagang aklat na nalimbag sa unang bahagi ng kolonyalismong Espanyol para sa pag-aaral ngayon ng panulaang Tagalog: ang *Memorial de la vida cristiana en lengua tagala* (1605) at ang *Arte y reglas de le lengua tagala* (1610) ni Fray Francisco de San Jose, ang *Librong pagaaralan nang manga Tagalog nang uicang*

Castila (1610) ni Tomas Pinpin, ang *Explicacion de la doctrina christiana en lengua tagala* (1627) ni Fray Alonso de Santa Ana, ang *Meditaciones, cun manga mahal na pagninilay na sadia sa Santong pag Eexercicios* (1645) ni Fray Pedro de Herrera, ang *Compendio del arte de la lengua tagala* (1703) ni Fray Gaspar de San Agustin at ang *Vocabulario de la lengua tagala* (1754) nina Fray Juan de Noceda at Fray Pedro de Sanlucar.

Ang unang aklat ni Fray San Jose ay binubuo ng kaniyang mga pagninilay sa doktrinang Kristiyano. Ngunit nakaipit dito ang tatlong uri ng orihinal na tula. Una, ang kaniya mismong pagtatangkang ipamalas ang kadalubhasaan sa wikang Tagalog sa pamamagitan ng pagtula. Tinawag itong “tulang misyonero” ng isang iskolar dahil sinulat ng misyonero at dahil sa nilalaman nitong Kristiyano at kapansin-pansing pamamaraang didaktiko. Sa kaso ng tula ni Fray San Jose, naging patulang bersiyon sa dulo ng kaniyang bawat pagninilay ang kaniyang “tulang misyonero.” Susundan pa siya ng mga makatang misyonerong sina Fray Alonso de Santa Ana, Fray Pablo Clain, Fray Gaspar de San Agustin, Fray Juan Serrano, at Fray Pedro de Herrera. Ikalawa, ang tinatawag na “tulang ladino” na nagpapamalas ng kaalaman ng makata sa dalawang wika. Ladino ang palayaw noon sa mga katutubo na marunong gumamit ng wikang Español at tatak ng mga makatang ladino ang salit na paggamit ng wikang katutubo at ng wikang dayuhan sa pananaludtod. Sa aklat ni Fray San Jose, kinakatawan ang makatang ladino ni Fernando Bagongbanta. Ikatlo at higit na mahalaga ang tula ng isang makatang Tagalog (“una persona tagala”) na nagsisimula sa taludtod na “May bagyo ma,t may dilim.” Katangi-tangi ang tulang ito dahil sa taglay na katutubong paraan ng pananalinhaga, bagaman tulad ng tula ni Bagongbanta ay may layuning magpugay sa akda ni Fray San Jose.

Mahalaga ang aklat ni Tomas Pinpin bilang unang aklat ng isang Filipinong manlilikha. Isang manlilimbag si Pinpin sa imprenta ng mga Dominiko sa Bataan at kaya nagkaroon ng pagkakataong gumawa ng kaniyang sariling aklat. Tulad ng sinasabi ng pamagat, isang aklat ito ng mga unang leksiyon sa pag-aaral ng wikang Español. Ngunit bukod sa magaling na manlilimbag ay isa ring makatang ladino si Pinpin. May mga leksiyong ipinahahayag niya sa paraang patula, at narito ang kaniyang pambungad na panalangin sa paraang ladino sa kaniyang aklat:

O Ama con Dios
o gran Dios mi padre
tolongan mo aco
quered ayudarme;
amponin mo aco,
sedme favorable;
nang mayari ito
porque esto se acabe
at icao ang purihin
y a voz os alaben.

Maituturing na pangunahing makatang misyonero, at higit pa, pangunahing mahalagang makata sa lipunan ng mga unang nalimbag na makata sa Tagalog si Fray Pedro de Herrera. Ang *Meditaciones* ay salin ni Fray de Herrera ng manwal sa pagninilay ng Heswitang si Fray Francisco de Salazar. Ngunit tulad ni Fray San Jose, ibinuntot ni Fray de Herrera ang kaniyang patulang bersiyon sa pagninilay ni Fray de Salazar. Itinanghal ni Fray de Herrera sa kaniyang patulang bersiyon ang kaniyang bihasang paggamit sa katutubong dalit at ang higit na kaalaman sa paglalangkap ng halagahan at talinghagang Tagalog sa kaniyang paksaing Kristiyano.

Sa pamamagitan ng *Compendio* ni Fray San Agustin ay lilitaw ang mga pangunahing tuntunin ng katutubong tugma't sukat. Siya rin ang magsisiwalat na pipituhin at wawaluhin ang paboritong sukat ng mga Tagalog bukod sa ang dalit at talingdaw ang pinakapopular na anyo ng pahayag na patula noon. Ang **dalit** ay may anyong binubuo ng apat na taludtod at sukat na wawaluhin at may matatagpuang mga halimbawa upang mapatunayang sa kabila ng estrikto nitong porma ay nagagamit ito tungo sa pagpapahayag ng mga dakilang kaisipan at matitimyas na damdamin. Nabanggit niyang ang **talingdaw** ay isang patulang sagutan—ang ibig sabihin, may bahaging solo na sinasagot ng tila refrain ng maramihan, at bunga ng pangyayaring inaawit din noon ang tula—ngunit sa kasamaang-palad ay hindi niya nabigyan ng halimbawa.

Isang marikit na dokumentasyon ngayon ng sinaunang pagtula ang *Vocabulario* nina Fray Noceda at Fray Sanlucar dahil sa naging tungkulin nitong magbigay ng maikling tula upang ipakita kung paano ginagamit sa pangungusap ang marami sa mga lahok na salitang Tagalog. Bukod sa awtentikong matatandang bugtong at salawikain, nakapagdulot din ang bokabularyo ng mga halimbawa ng dalit at ng dalawa pang sinaunang anyo—ang tanaga at diyona—na hanggang ngayo'y sa aklat lámang na ito at sa *Compendio* ni Fray San Agustin unang naipreserba ang alaala. Pruweba ang mga ito ng sinabi ni Fray San Agustin na paborito ng mga Tagalog ang sukat na pipituhin at wawaluhin. Ang **tanaga** ay may anyong kahawig ng dalit ngunit may sukat na pipituhin. Samantala, ang **diyona** ay higit na estrikto, binubuo lámang ng tatlong taludtod at may sukat na pipituhin. Sa pamamagitan ng mga halimbawang maikling tula sa *Vocabulario* ay malilirip ang sinaunang siste, parikala, at higit na pagtitiwala ng katutubong pagtula sa mga bagay na alam ng lahat at mga karanasan at pangyayaring pinagdaanan ng komunidad sa paglikha ng talinghaga, mga katangiang salungat na salungat sa lubhang mapanlahat at lubhang nangangaral na himig ng pagtulang pinairal sa panahon ng kolonyalismong Espanyol.

Ang popularidad ng dalit ang isang tiyak na sanhi kung bakit ang anyong ito ang sinikap gamiting anyo ng pahayag ng mga makatang misyonero mula kay Fray San Jose hanggang kay Fray de Herrera. Ito rin ang ginamit ng dalawa pang naunang limbag na makatang Tagalog, si Pedro Suarez Ossorio—na sumulat ng pagpupugay sa *Explicacion* ni Fray de Santa Ana— at si Phelipe de Jesus—na sumulat naman ng mahabang papuri sa saling *Barlaam at Josaphat* (1712) ni Fray Antonio de Borja. Halos kahawig din ito ng *romance* ng mga Español, at ang pangyayaring ito ang posibleng sanhi ng patuloy na paggamit sa anyo ng dalit sa isa sa mga sanga ng metriko

romanse—ang **korido**—paglaganap ng naturang mahabang tulang pasalaysay sa bungad ng ika-19 siglo. Sa dalit din ikinama ang mga awit sa pangangaluwa kung Todos los Santos at **panunuluyan** kung bisperas ng Pasko, at ang awit pansimbahang hanggang ngayon ay buháy pa, gaya ng popular na “Dalit kay Maria”:

O, Mariang sakdal dilag
Dalagang lubhang mapalad,
Tanging pinili sa lahat,
Ng Dios Haring mataas.

Kaya kami naparito
Aba, Inang masaklolob
Paghahandog, panagano
Nitong bulaklak ng Mayo.

Isinasadula ng naging transpormasyon ng dalit at ng paglalaho ng talingdaw sa gunita ng bayan ang pangkalahatang bisà ng kolonyalismo sa kulturang Filipino. Isinasanib sa kulturang kolonyal ang katutubo ngunit sa paraang binabago ang gamit at nilalaman alinsunod sa ipinahihintulot ng dayuhang kapangyarihan. Tahasang sinusugpo naman ang sumusuway at hindi maipaloob sa kairalan, ipinalilimot, at pinapalitan. Sa kabilâng dako, hindi kaagad sumuko ang katutubo sa kolonisasyon at Kristiyanisasyon. Maraming palatandaan ng isinagawang pagtatanggol ng katutubo upang mapanatili ang sarili’t taal na katangian sa harap ng matinding pananalakay na banyaga. Tulad ng isang matalinong sákop, natuto itong magbigay at makisáma kapag kailangan, nagtiis ng pinsala, ngunit hábang laging naggigiit ng mapagpalayang mithiin sa pana-panahon at tuwing makasisilip ng panghihina’t pag-aalinlangan sa panig ng mananakop. Ang sigasig ipagtanggol ang sarili ay matagumpay na naisagawa, halimbawa, sa patuloy na pag-iral ng esensiyal na mga katangian ng katutubong tugma’t sukat hanggang sa dulo ng kolonyalismo ng Español bagaman napasukan ng ilang kabaguhan nitóng ika-19 dantaon.

Ang wikang Tagalog mismo ay matagumpay na nakatawid sa tatlong dantaon ng kolonyalismo. Sa isang bandá at pangunahing dahilan, naging patakaran ng mga fraile na huwag palaganapin ang wikang Español, na kabaligtaran ng Hispanisasyong itinaguyod nila sa America Latina, at sa halip ay silá ang nag-aral ng mga katutubong wika ng Filipinas tungo sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Sa kabilâng bandá, hindi naagpamalas ng matinding pagkarahuyo ang Tagalog sa pag-angkat ng katangiang Español. Totoo, nawala ang baybayin—ang katutubong paraan ng pagsulat—at lumaganap ang Romanisadong alpabeto. Ilang libong salitâng Español ang nadagdag sa wikang Tagalog at kumakatawan sa lawas ng kaalamang isinalin ng pananakop sa katutubong kamalayan. Ngunit maliban marahil sa mga gawaing mapagbiro at mapanggagad ay hindi naging palasak kahit ang diwang ladino. Pumasok ang bokabularyong Español sa mga aktibong larangan nng pananakop sa búhay Filipino, gaya sa Simbahan, ngunit kahit dito’y naigigiit ang paggamit ng katawagang katutubo, gaya ng “binyag” at “simbahan” sa halip na *bautismo* at *iglesia*, bukod sa hindi mapasusubaliang pagsasanib ng sinaunang mga paraan ng pananampalataya sa ritwal

na Katoliko. Nililitis ng katutubong dila kahit ang hinihiram na salita kayâ't nagaganap ang maraming pagbago sa baybay at bigkas upang ialinsunod ang hiniram sa nakamihasnang. Masdan halimbawa ang bagong anyo ng “kabayo” (*caballo*), “prito” (*frito*), “baso” (*vaso*), “dasal” (*resar*), “pader” (*pared*), “komang” (*manco*), atbp. Ang higit na nakatutuwa ay ang pagbago sa mga bigkas bukod sa baybay ng mga salita na gamitin sa araw-araw na búhay kolonyal, gaya ng “bintanà” (*ventana*), “kusinà” (*cocina*), “kandilà” (*candela*), “mantikà” (*manteca*), “pari” (*padre*), “kampanà” (*campana*), at waring ang diing glotal sa dulong patinig ay sagisag ng pagkahirin sa ipinahahayag, Gayunman, mahirap mapigil ang Kristiyanisasyon ng pagtula. Kahit ang talinghaga, pansin ni Julian Cruz Balmaseda, ay nabahiran ng layuning pansimbahan, gaya sa oyaying ito na umuukilkil sa tungkulin ng ina na maghandog ng bulaklak sa “altar”:

Meme na bunsong sinta
Ang ina mo ay wala pa
Nanguha ng sampaga
Isasabog sa alta.

Ang unang mahabà't makabuluhang tulang sinulat ng isang Filipino ay isang muling pag-akda ng búhay ni Jesucristo. Ang *Mahal na Passion ni Jesus Christong Panginoon natin* (1703) ni Gaspar Aquino de Belen ay pruweba ng tumiim nang tiwala sa sarili ng katutubo upang ipahayag ang tinamong pananampalataya. Ipinasok din nito ang anyong **pasyon**—na may limang taludtod bawat saknong at may sukat na wawaluhin bawat taludtod—na magiging modelo ng mga sumunod at higit na naging popular na pagsasatula sa búhay at kamatayan ng Anak ng Diyos. Ngunit pansinin ang umiiral na paggalang ni Aquino de Belen sa tradisyonal na pagtula. Maaaring kahawig ng pasyong Europeo ang biswal na saknungan ni Aquino de Belen ngunit higit na malaki ang posibilidad na ginamit lámang niya ang isang katutubong saknungan na may limang taludtod at sukat na wawaluhin. May patunay naman mula sa koleksiyon ng mga sinaunang maikling tula na hindi limitado sa tatluhan at apatang taludtod ang saknungang katutubo, gaya ng sumusunod na may limang taludtod bagaman may sukat na pipituhin:

Umulan man sa bondoc
Houag sa dacong laot
Aba si casampaloc
Nanao nang di co loob
Ualang baonang comot.

Ang paggamit ni Aquino de Belen ng isahang tugma ang pinakamalakas na palatandaan ng paggalang niya sa katutubong tradisyon at laban sa dalawahang tugma na palasak na noon sa mga pasyon at pagtulang Europeo. Natatangi din ang kaniyang pagsisikap na kasangkapanin ang karanasang katutubo bílang hambingan ng konseptong Kristiyano, at ang pagtatampok sa **hibik** bílang isang anyong panretorika ng nakapailalim na hinagpis laban sa sawing kapalaran ng damdaming sákop.

Kapag binalikan, pasimuno si Fray San Jose hindi lámang sa Kristiyanisasyon ng paksain ng pagtula kundi maging ng pagpapasok ng anyong Europeo. Sa ikalawa niyang aklat na *Arte y reglas*, siya mismo ang nagpangalang “*lira*,” “*silva*,” “*seguidilla*,” “*octava real*,” at “*romance*” sa kaniyang mga ginamit na eksperimental na anyo. Ngunit napakaaga upang tanggapin ng mga katutubo ang kaniyang dulot na pagbabago. Sinabi rin ni Fray San Agustin na may mga makatang misyonero na gumamit ng mga sukat na higit na mahabà kaysa paboritong pipituhin at wawaluhin. Isa rito ang **lalabindalawahin**, isang sukat na tinatawag na *alejandrino* at bunga ng pangyayaring inangkat lámang din ito sa sukat na Pranses. Gaya ng dapat asahan, sa simula’y nilibak ang lalabindalawahin ng mga katutubong makata at tinawag na “**plosa**”—korupsiyon ng *prosa*—sapagkat higit na mahabà at sa gayo’y higit na magaan pagsidlan ng pahayag. Gayunman, hindi napigil ang paggamit ng lalabindalawahin nang makalugdan itong gamitin sa mga liham ng pag-ibig at impormal na berso, lalo na ng mga nais magpamalas ng pagiging edukado, sa kalagitnaan ng ika-18 siglo.

Naganap ang pormal na **naturalisasyon** ng lalabindalawahin sa bungad ng ika-19 siglo at sa pamamagitan ng **awit**—ang isang sanga ng popular na muling pagsulat sa mga metriko romanseng Europeo. Kung ang istorya ng Ibong Adarna ay sinulat sa wawaluhing korido, ang mga sumikat na halaw ng Bernardo Carpio, Dose Pares de Prancia, Don Juan Tiñoso, at marami pa’y nása lalabindalawahing awit. Nilapatan ito ng angkop na melodiya na ginamit kahit sa mga pakantang bahagi ng komedya, senakulo, at iba pang relihiyosong dula. At lalong nabighani ang dila’t pakinig ng mga Tagalog sa ritmo ng lalabindalawahin nang ito ang gamiting sukat ng dakilang si Francisco Balagtas Baltazar sa kaniyang obra maestrang *Florante at Laura*. Pagdating ng panahon ng Propaganda at Himagsikan laban sa kolonyalismong Español, higit nang makiling ang mga Tagalog sa lalabindalawahin at halos makalimutan ang tradisyonal na maiikling sukat sa kanilang mga patulang pahayag. Ngunit patuloy na isahan ang tugma’t sukat ng tula hanggang sa bungad ng ika-20 siglo.

Makabuluhang isadula ang transpormasyon ng pagtulang Tagalog dulot ng tambalang kolonisasyon at Kristiyanisasyon kahit sa pamamagitan ng panitikang-bayan. Kung tutuusin, ang karamihan sa mga tula sa Noceda at Sanlucar ay maituturing na mga halimbawa ng sinauna’t katutubong panulaang Tagalog. Samantala, ang sinikap ipaliwanag ni Fray San Agustin ay ang katutubong kodigo ng tugma’t sukat na masisinag sa mga bugtong, salawikain, diyona, tanaga, dalít, at awiting-bayan. Ang kodigo ng ito ang sinikap pagkadalubhasaan ng mga makatang misyonero, bagaman sinikap ding pasukan ng poetikang Europeo ni Fray San Jose. Nagtanggol hanggang dulo ng pananakop na Español ang panulaang Tagalog bagaman makikita sa lumitaw na panitikang-bayan ang mga panghihimasok na Español at Kristiyano.

Palatandaan, halimbawa [at gaya ng pagsusuri ni Julian Cruz Balmaseda sa sinipi nang oyayi] ng panghihimasok ang paggamit ng bokabularyong Español at lalo na sa mga tulang nagtataglay ng karanasan at diwang Kristiyano. Tingnan halimbawa ang nagbagong hambingan sa sumusunod na mga bugtong:

Dalawang batong maitim
Malayò ang nararating.

Dalawang bolang mabílog
Malayò ang naaabot.

Dahil sa bokabularyo, maituturing na una't higit na matanda ang gumamit ng “bato” bílang hambingan; samantalang maipapasiyang panahon ng Español ang bugtong na gumamit ng “bola” dahil isa itong salitang Español bukod sa isang bagay itong walang kahambing sa sinaunang karanasan ng mga Tagalog. Suriin pa ang sumusunod na dalawang salawikain:

Mayaman ka man sa sabi
Dukha ka rin sa sarili.

Mayaman ka ma't dakila
Sa ginto'y nananagana,
Kung di maglimos sa wala
Dukha ka ri't maralita.

Kapuwa nauukol ang mga salawikain hinggil sa dapat ituring na totoong kayamanan. Sa una, idinidiin ang halaga ng “sarili”—ang katutubo at/o bunga ng sariling sikap kaysa anumang ari-arian. Sa ikalawa, ipinangangaral ang paglilimos bílang pamantayan ng totoong yaman at kadakilaan. Bukod sa ang “limos” ay mula sa wikang Español, namanmin ang hálagáhang itinatanim ng ikalawa. Mataimtim nitóng itinataguyod ang birtud ng Kristiyanong *caridad* kayâ tiyak na likha ito sa panahon ng kolonyalismo.

Hindi laging ganito kalinaw ang pagbubukod sa maaaring tukuying panitikang-bayang katutubo at sa panitikang-bayan na produkto ng panahon ng pananakop. Malaki ang posibilidad na may katutubong panitikang-bayan na nilagyan lámang ng kaukulang reporma upang mag-anyong Kristiyano at sa gayon ay napagkakamalan natin ngayong bunga lámang ng pananakop. Samantala, hindi maitatwa ang naging kadalubhasaan ng mga misyonero sa wika at pagtulang Tagalog kayâ maaaring may likha sina Fray Herrera at Fray Noceda na napakasinop ng tugma't sukat at lubhang taal na Tagalog ang pananalinghaga kayâ naibibilang natin ngayon sa mga halimbawa ng sinaunang tula. Nagiging komplikado pa ang sitwasyon kapag kinilatis ang katutubo o naturalisado sa musika ng awiting-bayan. At hinding-hindi makatutulong lumutas sa problemang ito ang mga kasalukuyang antolohiya ng panitikang-bayan na bunga lámang ng adhikang magtipon [upang hindi malimutan] ang kung tutuusin ay mga tulang-bayan sa iba't ibang panahon at higit sanang pakikinabangan kung mabibigyan ng kaukulang etiketang pangkasaysayan.

Sa ganitong pangyayari, dapat imungkahi ang hiwalay na pagsubaybay sa transpormasyon ng panitikang-bayan sa pana-panahon. Hindi namatay ang panitikang-bayan sa mga panahon ng pananakop ngunit tinaglay nitó sa isang bandá ang iba't ibang uri at antas ng panghihimasok at pagbaluktot na idinulot ng bawat mahabang

panahon ng pananakop, bagaman sa kabilâng bandá’y nakapagpahiwatig din ito ng suwail na tungkulin dahil na rin sa lunggating maipagtanggol ang sarili’t katutubo. Kapansin-pansing malungkutin ang himig ng mga tulang-bayang biktima ng kolonyalismo; samantala, may masayáhing himig bukod sa lunggating mapagpalaya ang tulang-bayan na nagnanais sa pagbabalik ng kairalan bago ang pananakop. Mapapansin ding nása maikling taludturang gaya ng pipituhin at wawaluhin ang taal na katutubo samantalang nása naturalisadong lalabindalawahin ang súkat ng mga awiting-bayan sa panahon ng kolonyalismong Español. Mapansin namang malakas ang naghahalòng diwang optimistiko [dahil sa pag-asang dulot ng Langit] at fatalista sa panahon ng kolonyalismong Español samantalang matindi ang diwaing sínikó (*cynical*) at indibidwalista sa makabagong panahon. Kailangan pang linangin ang paraan ng pagsuri sa panulaang-bayan. Kailangan ang ibayong tiyaga sa pagsipat at pagtitig sa bawat piraso ng panitikang-bayan para sa gawaing awtentikasyon, lalo na upang mauri ang bulto ng mga nakokolektang ispesimen sa kasalukuyan—ganap na maibukod ang mga taal na sinauna, makilála ang mga produkto ng kolonyalismong Espanyol, gayundin ang mga nilikha at naging bahagi ng panitikang popular sa makabagong panahon mulang panahon ng Americanisasyon.

Si Balagtas ang pinakarurok ng pagtula sa panahon ng kolonyalismo. Subalit si Balagtas din ang hudyat ng pagbabalik ng taal at mapagpalayang **bait** sa panitikang Filipino. Si Jose Rizal, ang pambansang bayani, ang unang sumulat ng pagkilála sa birtud ni Balagtas bílang dakilang makata at sa *Florante at Laura* bílang isang akdang alegoriko’t mapagpalaya. Ang mga panambitan nina Florante’t Aladin ay naging modelo kung paanong napangingibabawan ang malungkuting salamisim tungo sa higit na makatwirang pagsusuri sa karanasan. Sa ganitong paraan nakasangkapan ang **hibik** nina Marcelo H. del Pilar at Andres Bonifacio upang ilunsad ang kanilang adhikang Propagandista (sa panig ni del Pilar) at Katipunero (sa panig ni Bonifacio). Inuliran siya ng mga makata hanggang nitóng kalahatian ng ika-20 siglo kayâ tinawag na **Balagtasismo** ang namulaklak na pagtulang makabayan ngunit konserbatibo sa panahon ng pananakop na Americano. Para sa mga Balagtasista, ang *Florante at Laura* ang epikong Tagalog at ang *ars poetica* ng tradisyonal na pagtula.

Ang paggamit ng **katwiran** sa pagsusuri ng karanasan ang pangunahing sangkap ng pagpapalaya ng kamalayang sákop mula sa kumunoy ng pagsampalataya’t ganap na pananalig sa tadhana. Pinagiginhawa din nitó ang kalooban kahit bilanggo ng malungkuting salamisim at tinutuksong humanap ng kakatwa’t katatawanan. Mula sa modelo ni Balagtas, sa gayon, ang pagtulang Tagalog ay muling sinuplingan ng sariwang talinghaga, nang-uuyam kung hindi man naghihimagsik, at naging kasangkapan sa pagwawasak ng kapangyarihang kolonyal. Kayâ satiriko’t suwail ang akda ng mga Propagandistang sina del Pilar at Rizal. Marahas at nag-uulol sa poot ang mga Katipunerong sina Bonifacio at Emilio Jacinto. At sumiklab ang 1896 Himagsikang Filipino na dumurog sa moog ng mahigit tatlong dantaon ng kolonyalismong Español.

Ngunit dumating ang mga Americano. Hindi nakahanda ang mga Filipino sa superyor na kapangyarihan ng bagong mananakop. Lalong hindi nilá akalain ang

bighani ng makabagong kultura at naiibang patakarang pangkultura ng mga Americano. Madali silang naganyak ng pambansang sistema ng edukasyong kaagad pinasimulan at totoong demokratiko kapag inihambing sa awtokratiko't atrasadong pagtuturo sa panahon ng Español. Marami sa mga lider ang kaagad nabitag ng pangakong pagsasarili sa takdang panahon. Anupa't ang mapanganib na rahuyo ng Americanisasyon ang pangunahing paksa ng nabuong makabansang pagtula sa bungad ng ika-20 siglo Isang pagtula itong lubhang mapamuna sa anumang modernisasyong dulot ng mga Americano at kayâ kailangan nitóng maging konserbatibo sa pagpapahalaga at sa pamamaraan ng pahayag.

Sa panahong ito tumingkad ang pag-iral ng tugma't sukat ng tradisyonal na pagtula. Naitatag ang maituturing na unang pormalismong Tagalog batay sa halimbawa ni Balagtas sa pamamagitan ng makapangyarihang pag-aaral nina Lope K. Santos at Julian Cruz Balmaseda. Ngunit isang parikala na sa panahon ding ito nagkaroon ng kaganapan ang layunin ni Fray San Jose. Upang higit na magkaroon ng pleksibilidad at bagong anyo, nireporma ng mga Balagtasista ang tradisyonal na saknungang Tagalog at pinahintulutan ang paggamit ng *soneto*, *silva*, *lira*, *decima*, at iba pang anyong Europeo. Nagkapuwang ang mga tugma't sukat na dalawahang, tatluhan, at kahit apatan, lalo na upang mapigil ang nakaambang popularidad ng **malayang taludturan** o *vers libre*.

Muling-nilikha ng mga Balagtasista ang debateng patula at tinawag na **balagtasan** bilang bahagi ng pagdiriwang sa Araw ni Balagtas (tuwing ika-2 ng Abril) noong 1924 at itinanghal na unang Hari ng Balagtasan ang sikat na noon at kabataang makatang si Jose Corazon de Jesus. Uso noon ang kolum na patula sa mga peryodiko at pinakapopular ang "Buhay Maynila" ni Corazon na isinusulat niya araw-araw sa alyas na Huseng Batute. Naging pinakatampok siyang makata ng bayan ng ika-20 siglo, hinahangaan sa maanghang na punang pampolitika't panlipunan bilang si Huseng Batute at kinahuhumalingan sa mapighating tula ng pag-ibig bilang si Corazon. Namalas ang matinding pagmamahal sa kaniya ng bayan nang halos magputok ang punerarya sa kaniyang burol at libo-libo ang makipaglibing—isa sa pinakamahabang libing na nasaksihan sa Filipinas nitóng nakaraang siglo at maikokompara sa naging libing ng mga bayaning politikong sina Pangulong Ramon Magsaysay at martir na Benigno Aquino Jr.—pagkatapos ng maaga niyang pagkamatay noong 21 Mayo 1932.

Kasunod ni Corazon sa hanay ng mga pangunahing Balagtasista ang lider manggagawang si Lope K. Santos na isa ring bantog na nobelista, editor, at awtor ng *Balarila*—ang aklat ng gramatikang Tagalog na ginamit sa pagtuturo ng Wikang Pambansa; si Julian Cruz Balmaseda na isa ring mandudula, kritiko, at naging direktor ng Surian ng Wikang Pambansa; si Benigno A. Ramos na tagapagtatag ng kilusang Sakdal at naglunsad ng unang pag-aalsang magsasaka sa panahong Komonwelt; si Pedro Gatmaitan na isa ring editor; si Cirio H. Panganiban na naglingkod din sa Surian ng Wikang Pambansa.

Siyempre, nabahiran ng wikang Ingles at ng karanasang hatid ng Americanisasyon ang panitikang-bayan ng ika-20 siglo. Nagkaroon ng pleksibilidad ang awiting-bayan na maaaring bunga ng magkahalòng diwang repormista ng mga

Balagtasista at ng diwang makabagong pinalalaganap ng bagong mananakop sa lahat ng aspekto ng búhay panlipunan. Malaki ang naiambag ng industriya sa rekording sa patuloy na pagkabúhay ng mga awiting-bayan na ipinaawit sa mga bantog na manganganta o ng mga lumang tugtugin na nilapatan ng liriks na higit na tumutugma sa espiritu ng panahon.

Gayunman, halos ilang taon lámang pagkamatay ni Corazon ay sinapian ng panghihinà ang Balagtasismo. Lubhang nabalaho ang sumunod na mga makata sa panggagaya sa alindog ng pagtula ni Corazon at kasabay nito’y tumiim na ang edukasyong Americano na nagbunga ng kaukulang **Modernismo** sa panitikan at sa panitikan sa kabuuan. Pangunahing rebelde’t Ama ng Modernismo sa panulaang Tagalog si Alejandro G. Abadilla na unang nakilala dahil sa buwanang kolum na *Talaang Bughaw* at kinilatis ang mga nalalathalang tula alinsunod sa kaniyang bagong pamantayan. Itinatag din niya ang Kapisanang Panitikan noong 1935 na tahasang pumuna sa nakatatandang henerasyon ng mga manunulat. Noong 2 Marso 1940 ginanap ng mga Panitikero ang isang pag-aalsang pampanitikan sa pamamagitan ng pagsúnog ng mga akdang Balagtasista sa isang malaking siga sa Plaza Moriones, Tundo. Iyon ang unang demonstrasyong pampanitikan sa kasaysayan ng panitikan ng Fillipinas at totoong ikinabahala ng katandaang manunulat.

Higit na kinikilála ngayon si Abadilla sa kaniyang “Ako ang Daigdig” na nalathala noong 1940 at itinuturing na manipesto ng pagtulang Modernista dahil sa paggamit ng malayang taludturan, hindi tradisyonal na retorika’t balangkas na pahayag, at kaisipang pribado’t indibidwalista. Kasunod niya sa pag-eeksperimentong Modernista ang mga Panitikerong Manuel Prinsipe Bautista, Salvador Barros, Manuel Car. Santiago, Teodoro A. Agoncillo, at marami pa.

Subalit hindi naging sapat ang sigasig ni Abadilla at mga Panitikero upang wasakin ang moog ng Balagtasismo na patuloy na nangangasiwa sa *Liwayway* at ibang babasahing komersiyal. Noong dekada 60, nalathala ang *Tinig ng Darating* (1963) ni Teo S. Baylen at *Isang Dipang Langit* (1961) ni Amado V Hernandez, mga makatang kapuwa nagsimulang tumula sa panahon ni Corazon ngunit higit na nagkaroon ng sariling tinig nitóng makaraan ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang konserbatibong pananaw at paraan ng pagtula ni Baylen ay nagkabihiis makabago dahil sa tinig na **Armageddonista**—isang tinig na tigib sa propetikong tigatig dahil sa pagkagumon ng lipunan sa bisyo at tiwaling pagkagamit ng agham at modernong teknolohiya. May malalim na pilat ng digma ang pagtula ni Baylen at pinakikirot ng malalagim na balita ng Cold War at nakahihindik na banta ng bombong nuklear. Ang makalipunang pagtula naman ni Hernandez ay waring pinanday ng karanasan bílang lider manggagawa pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ng kaniyang pagkabilanggo sa salang rebelyon kaugnay ng Pag-aalsang Huk. Tulad ni Baylen, itinaghoy din niya’t tinuligsa ang korupsiyong talamak sa makabagong lipunang Filipino ngunit salungat sa pananaw na Armageddonista ni Baylen ay higit na naggigiit ng kalayaang pampolitika laban sa patuloy na pakikialam ng mga dayuhan at ng pakikiisa sa pagkilos ng sambayanan tungo sa higit na maginhawang pamumuhay. Higit siyempreng tinangkilik ng mga babasahing komersiyal at popular sina Baylen at

Hernandez kaysa Abadilla at may panahong naakit ng pulpitong Armageddonista ang maraming beterano't bagong henerasyon ng Balagtasista hanggang bungad ng dekada 70.

Nagkaroon ng ikalawang higit na malakas na alon ang kilusang Modernista sa mga makatang nása kolehiyo't unibersidad ng Metro Manila. Halos sabay na nabuo ang eksperimentasyong magdulot ng bagong wika't himig sa pagtula sina Rio Alma (alyas ni Virgilio S. Almario), Rogelio G. Mangahas, at Lamberto E. Antonio ng University of the East at sina Rolando S. Tinio, Bienvenido Lumbera, Jose F. Lacaba ng Ateneo de Manila University. Makakasáma pa nilá ang noo'y nása America na si Epifanio San Juan, Jr., si Pedro Ricarte na bagaman taga-*Liwayway* ay muling nag-aral sa Manuel L. Quezon University, si Federico Licsi Espino, Jr. mula sa University of Santo Tomas, at paglaon pa, ang nakababatang sina Elynia S. Mabanglo, Virgilio V. Vitug, Teo T. Antonio, Mike Bigornia, at marami pa.

Isinakatuparan ng mga makatang kampus ang kilusang Modernistang sinimulan bago magkadigma ng mga Panitikero. Tuluyang nanaig ang malayang taludturan at ibang eksperimento sa tinig at anyo ng pahayag gayundin ang paggamit ng wikang ngangayunin at kumbersasyonal bagaman nagdulot ito ng di-karaniwang alyenasyon sa panig ng mambabasang namihasa sa tradisyonal at mapagpaunawang pagtula ng mga Balagtasista. Isang parikala na ang pagsisikap maging makabago't napapanahon sa pagtula ay nangahulugan ng pagiging tiwalag at malayo sa madla ng makatang Modernista. Hindi nakahanda ang madla sa esoteriko't malimit na Kanluraning bukal ng talinghagang Modernista. Sa kabilang dako, itinuring ito ng makatang Modernista na panimulang hadlang lámang tungo sa reoryentasyon at reedukasyong pampanitikan ng lipunang Filipino.

Napakahalagang ipaliwanag ang diwang Modernista. Kaipala, ito ang nagbunsod sa pagsulat ng panunuring pampanitikan nina Virgilio S. Almario, Bienvenido Lumbera, Epifanio San Juan, Jr., Rolando S. Tinio, at Pedro Ricarte. Sa pamamagitan lámang nilá'y maituturing na namumulaklak ang kritisismo bílang isang lehitimong larangan ng saliksik at pagsulat sa dekada 60. Nagbunga rin ito ng di-iilang polemikang pampanitikan, lalo na sa magkabilang panig ng nakatatanda't nakababatang manunulat. Totoo, isang magandang halimbawa ng makabuluhang polemika ang pagtatalo hinggil sa tugma at sukat nina Alejandro G. Abadilla at Inigo Ed. Regalado. Ngunit mahihigtan ito ng matalisik na diskusyon nina Pedro Ricarte versus Clodualdo del Mundo hinggil sa kalabuan ng makabagong pagtula, Virgilio S. Almario versus Ruben Vega hinggil sa awtentikong Modernistang pagtula, at ng mga banggaan hinggil sa komersiyalismo at pamantayan ng paghuhurado sa timpalak Palanca. Naging kontobersiyal din ang buwanang ebalwasyon ng nalalathalang tula sa *Kayumangging Laurel* ni Virgilio S. Almario bukod sa kaniyang kolum at sanaysay na masigasig sa pagtuligsa ng gawaing Balagtasista at mapag-aruga sa gawain ng mga kapuwa Modernista.

Bago matapos ang dekada 60, muling imumulat ng kilusang aktibista ang makatang Modernista tungo sa mga tungkuling panlipunan at pampolitika. Sa

pangunguna ng mga estudyante, niyanig na malalaking rali't demostrasyon ang Metro Manila na nananawagan laban sa paghahari ng Imperyalismo, Piyudalismo, at Burukrata Kapitalismo at ng pangangailangan sa isang rebolusyong hahango sa sambayanan tungo sa pambansang demokrasya. Mula sa hanay ng mga manunulat na Modernista rin ang nagpasimuno sa paghawak ng bandila ng pakikisangkot para sa isang panitikang “mula sa masa, tungo sa masa.” Naging mitsa ang pagkatalo ng isang tulang nagdiriwang sa pagpaslang ng isang lider magbubukid upang ganapin ang ikalawang demostrasyong pampanitikan noong 2 Abril 1972—na nagsimula sa isang rali mula sa Plaza Moriones, bilang paggunita sa rebelyon ng mga Panitikero noong 1940, at nagtapos sa pagsisiga ng plake't tropeo sa harap ng Pambansang Aklatan—at humantong sa pagtatatag ng Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA). Nahitik ang mga lathalaan sa loob at labas ng kampus ng mga akdang kung hindi tumutuligsa sa kairalan ay hayagang nagbubunyi sa inaasahang pambansang himagsikan sa ngalan ng mga anakpawis. Lumaganap ang mga rali sa ibang sentro't siyudad sa buong bansa, lumakas ang armadong pagkilos ng New People's Army—ang hukbong sandatahan ng bagong Partido Komunista ng Pilipinas—at ginamit itong katwiran ni Pangulong Ferdinand Marcos upang ipailalim ang bansa sa Batas Militar.

Hindi ganap na napatahimik ng Batas Militar ang mga makatang **Anakpawista**. Noong 1973, tinatag sa apartment ni V.S. Almario ang Galian sa Arte at Tula (GAT), isang lingguhang palihan ng mga makata na naging pagkakataon upang patuloy na pandayin ang tungkuling makalipunan ng pagtula at pag-alabin ang damdamin ng mga kabataang makata sa ilalim ng mapanikil na diktadurang Marcos. Nagmula sa palihan ang mga makatang Anakpawistang sina Fidel Rillo, Jesus Manuel Santiago, Romulo Sandoval, Mike Bigornia, Teo T. Antonio, Heber Bartolome, Tomas Agulto, Joi Barrios, at marami pa. Bukod sa pagtulang anti-pasista at makamasa, ilan sa kanila ang tiyakang pumatnubay sa paggamit ng tula sa kilusang gerilya, at namatnugot sa mga lathalaang UG (underground) hanggang maganap ang pag-aalsang EDSA noong 25 Pebrero 1986.

Subalit ang pagbagsak ng dikdaturang Marcos ay hindi nangahulugan ng pagwawagi ng kilusang pambansang demokrasya. Unti-unting ibinalik ang mga prosesong demokratiko sa pamahalaan ngunit kasabay ng pagbabalik din ng lumang naghaharing-uri sa politika't negosyo. Naiwan kung bagáng nakatanga sa kangkungan ng kasaysayan ang Kaliwa at ang nanlupaypay na pagtulang Anakpawista. Ilang taon matapos ang pag-aalsang EDSA, namatay ang GAT sa gitna ng sumusupling na pagpuna laban sa lubhang partidistang pagtula na kinalinga nito.

Una pa sa yugtong ito ay itinatag ni V.S Almario noong 1986 ang Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA) sa layuning tumuklas ng bagong landasing ikasisigla ng pagtula, lalo na dahil sa ikinatatakot niyang pagkabalaho ng pagtulang Anakpawista sa ulit-ulit lámang at lubhang didaktikong pananaludtod. Pangunahing gawain, sa gayon, ng palihang LIRA ang pagtuklas ng sariwang parikala at pagpapalusog sa siste't masayáhing espiritu hábang pinatitingkad ang pagtatangi sa tradisyon at kasaysayan ng panulaang pambansa. Kabilang sa mga unang anak ng palihang LIRA sina Vim Nadera,

Roberto Anonuevo, Rebecca Anonuevo, Mike Coroza, Ariel Dim Borlongan, Oni Carcamo, Gerry Gracio, at marami pa.

Ngayon, dapat linawing ang pagbanggit sa mga pangkating pangmakata, mula sa Kapisanang Panitikan hanggang sa LIRA, ay isang magandang pagtitiyap lámang ng pagkabúhay ng mga naturang pangkatin at ng pagkakahugis ng isang mapagbagong tunguhin sa panulaan. May iba pang mga pangkating pampanitikan bago ang grupo ni Abadilla. Ang totoo, sa panahon ng Americano at kaugnay ng masigabong pagsusulat sa wikang Tagalog pagkaraan ng tatlong dantaong pagkasikil ay mistulang may kapisanang pangmanunulat bawat kalye at distrito ng Maynila at karatig lalawigan. Pinakatampok ang Kapisanang Aklatang Bayan nina Lope K. Santos ang higit na nakababatang Kapisanang Ilaw at Panitik nina Jose Corazon de Jesus. May iba pang kapisanang pangmanunulat bukod sa GAT sa panahon ng aktibismong estudyante tulad ng pangyayaring may iba pang pangkating pangmakata sa kasalukuyan bukod sa LIRA. Naitampok lámang sa pag-aaral na ito ang GAT at LIRA dahil sa mga pangkating ito napabílang ang mga pangunahing makata ng panahon.

Samantala, hindi monopolyo ng mga naturang pangkatin ang talino. Bago magkadigma, isa si Ildefonso Santos sa hindi gaanong aktibo sa mga samahang pangmakata ngunit isa siyang pangunahing Balagtasista. Si Joi Barrios ay tiyakang nagtataglay ng kamalayang Anakpawista ngunit hindi siya miyembro ng GAT. Tulad din naman ng pangyayaring dalawa sa hinahangaang tinig ngayon sina Benilda Santos at Allan Popa ngunit kahit may mga damdaming kahanay ng LIRA ay kabilang sa ibang kampo ng manunulat, o kung sakali’y hindi napaaangkin sa isang pangkatin o kilusang pangmakata. Gayunman, tiyakang bahagi silá ng kasalukuyang mga tunggaliang nagpipingki’t nagsasanib at nagsusulong sa makulay at masalimuot na kasaysayan ng panulaang Tagalog pabagtas sa ika-21 siglo.

Fremont, California
18 Nobyembre 2008

MGA SINAUNANG BUGTONG AT SALAWIKAIN

Kapag may itinanim
Mayroong aanihin.

Walang maliit na nakahihirin
At walang malaking nakapupuwing.

Ang lambat na nása bangka
Di nanghuhuli ng isda.

Nanati si Tungki
Lalong butás ang labi.

Ang sakít ng kalingkingan
Damdam ng buong katawan.

Bumbong kung liwanag;
Kung gabi ay dagat. (*Banig*)

Isda ko sa Kilaw-Kilaw
Di mahuli't may pataw. (*Dila*)

Kakabaak na niyog
Magdamag inilipot. (*Buwan*)

Ako'y nagtanim ng dayap
Sa gitna ng ating dagat,
Walang punò't walang ugat,
Humihitik sa bulaklak, (*Buwan*)

MGA TANAGA

Nang walang biring ginto
Doon nagpapalalo:
Nang magkaginto-ginto
Noon na nga sumuko.

Mataas man ang paho
Malangba ang pagtubò
Ang doso rin ang lalo't
Hangini ma'y di maubò.

Ang tubig ma'y malalim,
Malilirip kung libdin;
Itong burhing magalíng
Maliwag paghanapin.

Magkapatid man palá
Magkarugtong bituka,
Kung ang isa'y ginhawa
Hindi na magkilála.

Katitibay ka tulos
Sakaling datnang agos;
Ako'y mumunting lumot
Sa iyo'y pupulupot.

Ang aba ko kapatir,
Nag-iisa ang sinulir;
Kung sa goyon napatir
Sa papan malilibir.

MGA DALIT

Ang sugat ay kung tinanggap,
Di daramdamin ang antak,
Ang aayaw, at di mayag
Galos lamang magnanaknak.

Galing nang magandang ginto,
Walang tumbagang kahalo,
Makaitlo mang ibubo
Di gumitang nang pagpalò.

Isda akong gagasapsap,
Gagataliptip kalapad,
Kaya nakikipagpusag,
Ang kalaguyo'y apahap.

Aba aya Kasampaga
Ng ponay na naulila
Kung umambo'y pagsiyap na,
Walang magkupkop na Ina.

Ang palar na nasakuna,
Ipinagtatanong ko nga,
Kung sino'ng kahalimbawa,
Nása kati nagiginâ.

Huwag kang maglingong likod:
Dito sa bayang marupok
Parang palaso, at tunod
Sa lupa rin mahuhulog.

Lunday kong aanod-anod
Pinihaw ng balaklaot,
Kayâ lámang napanolot,
Nang humihip yaring timog.

MGA DIYONA

Magkapatir mang buo,
Kundi kapuwa suyo,
Parang pinsang malayò.

Ganda ma't ulangain,
Kapuwa na bakurin,
Yayamang simpanimdim.

Parang tinggang di luto
Kung bantoki't ibobo
Parang lana'y masawo.

Sumalunga sa bundok,
Bagkus mararaos-os,
Walang kukong ikamot.

UMULAN MAN SA BUNDOK

Umulan man sa bundok
Huwag sa dakong laot,
Aba si Kasampalok,
Nanaw nang di ko loob,
Walang baonang kumot.

OYAYI

Matulog na ang bunso ko
Napulot ko lang sa damo
Kalaro-laro'y kuwago
Batubalani ay tatlo.

MAY BAGYO MA'T MAY RILIM (1605)

ni "Una Persona Tagala"

May bagyo ma't may rilim
Ang ula'y titigisin
Ako'y magpipilit din:
Aking paglalakbayin
Tuluyin kong hanapin
Diyos na ama namin.

Kung di man magupiling
Tuksong mabaw-mabawin,
Ako'y mangangahas din:
Itong libro'y basahin,
At dito ko hahanguin
Aking sasandatahin.

Kung dati mang nabulag
Ako'y pasasalamat,
Na ito ang liwanag
Diyos ang nagpahayag
Sa Padreng nagsiwalat
Nitóng mabuting sulat.

Nagiwa ma't nabagbag
Daluyong matataas,
Ako'y magsusumikad
Babaguhin ang lakas;
Dito rin hahagilap
Timbulang ikaligtas.

Kung lumpo ma't kung pilay
Anong di ikahakbang
Naito ang aakay
Magtuturo ng daan:
Tungkod ay inilaan
Sukat pagkatibayan.

SALAMAT NANG WALANG HANGGA (1605)

ni Fernando Bagongbanta

Salamat nang walang hangga
Gracias se den sempiternas
Sa nagpasilang ng talà
Al que hizo salir la estrella
Makapagpanaw ng dilim
Que destiere las tinieblas
Sa lahat na bayan natin
De toda esta nuestra tierra.

Ikaw ang napupunông kaban
Tu eres cual arca llena,
Ng mga talokeng mahal
De todas preciosas sedas
Ipagbubuting totoo
Que en galanan y hermoSean
Sa banal na kaluluwa
Al alma que es justa, y Buena

Ikaw ang mahal na gamay
Joya linda, rica, y bella,
Makabubuti sa Kristiyano
Que al pecho Christiano arreas
Sampong talikalang ginto
Y de oro rica cadena
Na di ko din kakalagin
Que no te sufrire suelta.

Ikaw ang sandatang matibay
Tu eres arma fuerte, y cierta,
Na aking ipagbabaka
De que usare yo en la Guerra
Kung tinutukso ng Diyablo
Cuando el mal Diablo me tienta.

Ikaw ang matigas na tungkod
Bordon de estrana firmeza
Ikaliliksing di walas
Y dar aran ligereza
Dito sa paglalakaran
Mientras ando en esta tierra

Hanggan di makita ang Diyos
Hasta que al mismo Dios vea.

Ikaw ang ugit na matibay
Eres timon que no quiebra
Kahima't binabagyuhan
Aunque haya tempested recia
Sa iyo ako nananalig
Mi esperanza en ti esta puesta
Sa aking paglalagayan
En aquesta mi carrera.

O, DIYABLONG MANUNUBOK (1605)

ni Fray Francisco de San Jose

O, Diyablong Manunubok,
Ang dilang aral mo'y buktot,
Huwag kang sumumok-sumok,
Kami'y hindi natatakot,
At ang aming tinutungkod
Ang sandatang Santa Cruz,
Pinagpakuan kay Jesus
(Na sa tao ay tumubos.)

AL NIÑO (1610)

ni Fray Francisco de San Jose

Buti aya oya ng Sanggol,
Na bagong nalabas oy!

Totoong kung di ang buti
At ang linis, at ang puti
Sampagang bagong pinuti,
Ang galing amuyin, oy.

Buti aya oya ng Sanggol,
Na bagong nalabas oy!

Magsitugon mga batà,
Imulat na ninyo ang mata,
Kayo'y mga pipi yata,
Sukat na ang pagtulog, oy.

Buti aya oya ng Sanggol,
Na bagong nalabas oy!

At winalang bahala,
Sumilang na ngani ang talà,
Bayugin balang sumala,
Na dili maglaro, oy.

Buti aya oya ng Sanggol,
Na bagong nalabas oy!

SALAMAT NANG WALANG HOYANG (1627)

ni Pedro Suarez Ossorio

Salamat nang walang hoyang
Sa iyo Diyos kong maalam
Nitóng iyong awang mahal
Sa aming Katagalugan.

Ang ito ngang librong mahal
Na ang lama'y iyong aral
Iyong tambing tinulutan
Ilimbag at nang marangal

Nang kaming mga binyagan
May basahin gabi't araw
Na aming pag-aaliwan
Dito sa bayan ng lumbay.

Kung dito isipi't tunghan
Ang gawa't ang dilang asal
Wala ring liwag muntik man
Matuto sa kabanalan.

Kayâ ngani kung sino man
Ang kamtan itong aral
Madlang lubhang pakinabang
Ang kaluluwa't katawan.

O LIBRONG MABUTI'T MAHAL

ni Pedro Suarez Ossorio

O librong mabuti't mahal
Na ang dilang iyong laman
Di sukat mahalagahan
Ng yaman sa sanlibutan.

O sulat na kalulugdan
Daong na lubhang matibay
Na sukat sakyang uuwian
Sa bayang kaginhawahan.

Ikaw paraluman namin
Ang sukat nga naming sundin
Hanggang di kami makarating
Sa lalawigang mahimbing.

Ikaw ang dulangang mahal
Na aming paghahanapan
Ng totoong kayamanan,
At búhay na walang hanggan.

ARAW NA KAPITA-PITA (1645)

ni Fray Pedro de Herrera

Araw na kapita-pita
Lalong kaliga-ligaya
Kung ang makaginhawa
Matingnan ng ating mata.

Kataw-an lupa mang hamak
Mamamahal ding di walas
At ang Diyos na nag-aatas
At nagbibigay ng palad.

Saka kung uling buhayin
Ang buwal na masunurin
Lalo ring pagpapalain
Sa sukat nating sabihin.

Dili nga maisip
Ang galíng na masasapit
Mapapanulos ang ibig
Mawawal-an ng ligalig.

Dili masabi ang liksi
Para ng Diyos na kasi
Kaniya ding pasarili
Sa katotong ginaganti.

Kung baga sila'y lalakad
Tulin noong lumilipad
Malayò ma'y matatambad
Dili mag-aabot kikap.

Magaan wala ding bigat
Lumakbay man sa di palak
Paibaba ma't paitaas
Ito't yao'y kagyat-kagyat.

Ang liwanag ang sabihin
Katili-tiling tanghalin
Wala ring makatitingin
Ang sila'y masisilaw din.

... ..

Bagong tao ma't dalaga
Mga tao mang nauna
Magulang kaya't batà pa
Magkasing para-para.

Ang mahal ma't ang mababà
Ang mayaman ma't ang dukha
Magkasing mukha
Ang Diyos din ang may panata.

Walang gabi't pisang araw,
Walang init, walang ginaw,
Walang gutom, walang uhaw,
Walang lumbay, walang panglaw.

Walang takot, walang sindak,
Walang tulog, walang puyat,
Walang balisang paghanap,
At ang dila'y sadya't sangkap.

Walan kapanaghilian,
Wala nang kapalaluan,
Ang silang lahat na'y banal
Nagkakaibiganan.

ABA KRIST'YANONG TAGALOG (1712)

ni Phelipe de Jesus

Aba Krist'yanong tagalog,
Na bagong pisa sa itlog
Tanggap ng magandang loob
Itong panagano't handog.

Di ka man bagong binyagan
Inakay ka rin kung turan
Ang di ka pa ngani paham
Magdili-dili't magnilay.

Ibong mumunti sa pugad
Sa inang inaalagad,
Ay dili makalilipad
Hanggang sa di magkapakpak.

Baga man mahigit ka nang
Sandaang taóng binyagan
Ang lagay mo'y kung pagmasdan
Sisiw ka pang kaluguhan.

Mabuway ka pang mistula
Biray mo'y gigila-gila
Tumuay ka ma'y di pa nga
Bihasa, sa pamamangca.

PASYON NG INANG MARIA (1703)

ni Gaspar Aquino de Belen

Dito kita minamahal,
Nang sariling palalayaw,
Ikaw ang ibig kong tunay,
Di ko pinagsasawaan
Ng sinta kong walang tahan.

Dito, kita pinipita
Nang buong palalasinta,
Yaring munti kong anyaya
Tanggap din magdalita ka't
Pakundanganan ang Ina.

Dito, kita kinukusa
Ng anyaya kong dakila,
Tapat na pagkakalinga,
Kung ikaw bunso'y mawala
Sa aba ko, ayang aba.

Di na ako magbalata
At ikaw na ang bahala
Ay Inang kaawa-awa'y
Sa lalaot manding gitna
Binabagyong walang tila.

Dito kita nililiyag
Ng sinta kong walang likat,
Ako mandi nababagbag
Dilan kasam-an ng palad,
Lumagmak sa aking lahat.

Dito, kita kinakasi
Ng budhing di masasabi,
Di ko maubos ang dili,
Niring lumbay kong malaki
Pagsira ng iyong puri.

Dito, kita binabati
Nang yuko't malaking bunyi
Yaring hapos ko'y maiuli
Ang Anak kita man ngani

Diyos ka ri't Poong Hari.

Dito, kita iniibig
Ng sinta kong walang patid,
Yaring aking pananangis
Ikaw ang linaw ng langit
Bakiin ngayo'y pawang dungis.

Dito, kita ginigiliw
Ng di daya kundi galing,
Na ako'y iyong alipin
Kung tawagin mong Inahin,
Kamatayan ko mang dinggin.

Dito ako napaaako
Napatatatawag Ina mo,
Bunso ako'y paaano?
Saan ako magtototo
Kung maulila sa iyo?

Dito, kita sinusuyo
Pinakaaamo-amo,
Ikaw ma'y di nalililo
Tunghi ang luha kong lalo
Dugong nagmula sa puso.

Dito, kita iniirrog
Ng panininta't pagsunod,
Magpasubali kang loob
Mabalino ka't pasahot,
Sa susong iyong inot-ot.

O lagda nang mga Santos
Anak ko't Anak ng Diyos,
Ikaw baga'y aling buktot
Aling salaring puyapos
Ipapako ka sa Cruz?

MGA BUGTONG AT SALAWIKAIN NG KOLONIALISMONG ESPAÑOL

Walang matimtimang birhen
Sa mat'yagang manalangin

Aanhin pa ang damo
Kung patay na ang kabayo.

Buhay alamang
Paglukso: Patay.

Lumalakad aang kalabasa
Naiiwan ang bunga.

Magsisi ka man sa huli
Wala nang mangyayari.

Ang búhay ng tao gulong ang kahambing,
Sa ibabaw ngayon, búkas sa ilalim.

Hele hele
Bago k'yere.

Isang bayabas,
Pitó ang bútas. (Ulo ng tao)

Isda ko sa Mariveles
Nása loob ang kaliskis. (Sili)

Nanganak ang birhen
Nalaglag ang lampin. (Puso ng saging)

Hindi hari, hindi pari
Nagdadamit sari-sari. (Sampayan)

Ang bahay ni Ka Tale
Haligi'y bali-bali,
Ang bubong ay kawali
Ang loob ay pusali. (Alimango)

Taon-taon nabubúhay,
Taon-taon namamatay. (Kalendaryo)

HILI NA

Hili na, hili ka na,
Hili ka na, hili ka,
Hili ka na, batà ka.
Matulog ka na, bira
Ang ina mo'y wala pa
Nupol na ng sampaga
Isasabog sa alta.

DONYA MARCELA (sk 1800)

Isang Awit

Doon po sa amin bayan Bibilonia
Karamay karatig bayan binindita
May tumubo doon donya magasawa
Nag-anak ng bugtong na iisa-isa
Ang pangala'y bansag, si Donya Marcela.

Nang isang umagang siya'y nanunuklay
Sa bintana nilang sa gawing silangan
Di kaginsa-ginsa'y sa daraanan
Santong biatikong galing sa simbahan.

Ang wika ng ina'y "Donya na anak ko,
Itigil mo muna ang panunuklay mo.
Pagkaraan noong santong biatiko
Saka mo tapusin ang sa gawing dulo."

Sumagot sa ina'y kalapastanganan:
"Lumuhod ka, Ina't ako'y pabayaang.
Marami na akong bayang naparonan
Di ko pa nabasa ang libro mong iyan."

Di pa natatapos sinasabing libro
Heto na ang apoy na sumisilakbo
Nasunog ang kilay, sumunod ang ulo
Hindi tinugutan kundi naging abo.

Di ako natakot munti man sa budhi
Kamatayan natin walang pinipili
Papa ma't cardinal, prinsipe ma't hari
Dukha ma't mayaman sa lupa uuwi.

ANG BATSILYER AT ANG BANGKERO

Isang awit

May isang batsilyer na sakdal ng inam
Nagmula sa klase uuwi ng bahay
Sa isang bangkero siya'y nakisasakay
Ang talagang nasà, ang talagang nasà
Ay magpahingalay.

Pagsakay sa bangka, binuksan ang libro,
At sakâ tinanong ang pobreng bangkero:
“Ang laman ng langit, sampu ng imp'yerno
Turan mo kung ilan, turan mo kung ilan
Ang signos ng tao.”

Sagot ng bangkero, “Di ako bihasa
Palibhasa'y hindi nasok sa esk'wela;
Laman ng bangka ko ang tanging kilála
Dulo ng tikin ko, dulo ng tikin ko
Ang siya kong pluma.”

Wika ng bangkero sa batsilyer naman,
“Inyo pong sagutin ang tanong kong alam,
Mula nga sa laot hanggang sa katihan
Turan mo kung ilan, turan mo kung ilan
Ang kampanya ng sagwan.”

Ang abâng batsilyer hindi nakakibo
Kinagat na lámang dulong hintuturo.
“Mula't mula ngayon di ako bibiro
Sáyang ang dunong ko, sáyang ang dunong kong
Hindi naitago.”

Kayâ ang bilin ko sa sino ma't alin
Ang kaunting dunong itago't ilihim;
Kung makatagpo ka ng matalim-talim,
Magpaparang sukà, magpaparang sukàng
Lumípas ang asim.

DOON PO SA AMIN (sk 1800)

Isang awiting-bayan

Doon po sa amin bayan ng San Roque
May nagkatuwaang apat na pulubi
Nagsayaw ang piláy, umawit ang pipi
Nanood ang bulág, nakinig ang bingi.

Doon po sa amin na malayòng bayan
Nagpatay ng hayop niknik ang pangalan
Ang tabâ po nitó nang maipatunaw
Ang nakuhang langis siyam na tapayan

Ang tabâ po nitó na ipinakulti
At ipinagawang silya't taborete
Ang magsisiupô'y mga hari't konde
Lumayô ang lahat ng langaw at pobre.

SITSIRITSIT ALIBANGBANG

Sitsiritsit alibangbang
Salaginto't salagubang;
Ang babae sa lansangan
Kung gumiri parang tandang.

Ale, aleng namamayong
Dalhin mo po itong sanggol
Pagdating sa Malabon
Ipagpalit ng bagoong.

Mama, mamang namamangka
Dalhin mo po itong batà
Pagdating sa Menila
Ipagpalit ng kutsinta.

TINITIMPI SANA (sk1800)

Mula sa *Bernardo Carpio* ni Jose de la Cruz (?)

Tinitimpi sana't ayaw nang isaysay,
Isaysay ang sintang sa puso'y namahay,
Namahay na sinta'y kung aking bayaan,
Bayaan ay tantong aking kamatayan!

Kamatayan ko nga ang hindi pag-irog,
Pag-irog na ito sa iyo ay handog,
Handog yaring puso hanggan sa matapos,
Matapos sa iyong gandang maalindog.

Maalindog ka nga sa aking paningin,
Paningin ko'y ikaw ang sinasalamin,
Sinasalamin ka nang buong paggiliw,
Paggiliw ko'y wagas, walang pagmamaliw.

Walang pagmamaliw, ang aking pag-ibig,
Pag-ibig sa iyong kahinhina't dikit,
Dikit mo'y namugad sa puso ko't dibdib,
Sa dibdib ko'y di na yata mapapaknit.

Mapaknit man ito, ako'y mamamatay,
Mamamatay ako kung lumimot ikaw,
Ikaw ma'y lumimot at ako'y bayaan,
Bayaan mo akong umibig nang tunay!

Ang aking katulad, tinangay ng agos,
Sa gitna ng dagat ay napapalaot,
Sagipin mo ako't nang hindi malunod
Sa luha ng sinta at paghihimutok.

TAO PO, TAO PO! (sk1800)

Isang awiting-bayan

Tao po, tao po, may bahay na bato,
Buksan ang bintana't kami'y pandanggero.
Papandanggerohin hitso't sigarilyo,
Hindi palá hitso't ang dalaga ninyo.

Ang dalaga ninyong ayaw paligawan,
Pumasok sa silid at nananambitan.
Mapasok-pasukan ng mga magulang
May tali ang ulo't masakit ang tiyan.

Tuloy nagpasundo ng dalwang mediko;
Pinagtig-isahan ang dalawang pulso.
Sabi ng mediko, hindi sakit ito.
Sinta ng binatang umakyat sa ulo.

ANG TAMUNENENG KO (sk 1800)

Isang talingdaw

Ang Tamuneneng ko'y lumuha sa bundok,
Kasabay ang taghoy ng hikbi't himutok,
Luha'y naging dagat, along sumasalpok,
Ang Tamuneneng ko'y sadyang napalaot

Ako namang ito,y humanap ng daong
At kusang tumugpa sa gitna ng alon,
Natagpo-tagpuan sigwa at daluyong,
Ang Tamuneneng ko'y kung saan nataboy.

*Hala, gaod táyo, pagod ay tiisin,
Ang lahat ng hirap pag-aralang bathin.
Palayò-layò man, kung ating ibigin,
Daig ang malapit na ayaw lakbayin.*

Mana isang araw, humampas ang hangin
Dini sa dibdib ko na nahihilahil.
Kaya palá gayon ay si Tamuneneng
Nása aking puso't doon humihimbing.

Hayo, mga sáma, at ako'y tulungan,
Sa dagat itawid itong kapalaran.
Kung táyo'y palarang dumating sa pampang,
Ang Tamuneneng ko'y ating kalangitan.

*Hala, gaod táyo, pagod ay tiisin,
Ang lahat ng hirap pag-aralang bathin.
Palayò-layò man, kung ating ibigin,
Daig ang malapit na ayaw lakbayin.*

HARANA (sk1800)

Isang kundiman

O, ilaw sa gabing malamig
Wangis mo'y bituin sa langit
O, tanglaw sa gabing tahimik
Larawan mo Neneng nagbigay pasakit. Ay!

Gísing at magbangon sa pagkagupiling
Sa pagkakatúlog na lubhang mahimbing
Buksan ang bintana at ako'y dungawin
Nang mapagtanto mo ang tunay kong pagdaing.

Akala mo yata kita'y nililimot
Alaala kita sa gabing pagtulog
Ang binabanig ko'y luhang umaagos
Ang inuunan ko ay samâ ng loob.

Di ka na nahabag di ka na naawa
Lusak na ang lupa sa patak ng luha
Buksan mo na Neneng ang munting bintana
At ako'y dungawing nagmamakaawa.

AWIT NG BILANGGO (sk 1800)

Isang awiting-bayan

Limang buwan akong kumulang-humigit
Dito sa presidyong karsel ng Bilibid,
Isa man sa inyo'y walang nakasapit
Sa abâng lagay ko na kahapis-hapis.

Ibig ko nga sanang makalabas ako,
Makarating Neneng diyan sa harap mo,
Di ano'ng gagawin nakakulong ako
Ng rehas na bakal at pader na bato.

Ang pader na bato'y sakdal nang kakapal
At sadyang bibilog ng rehas na bakal
Bakit ang isa pa'y itong bilangguan
May mga sundalo na nangakabantay.

Ang rasyon sa ami'y bigas na pinawa
Kapirasong karne't isang tuyong isda;
Ano ang gagawin kundi magdalita
Pagsubò ng kanin, kasabay ang luha.

Ang rasyon sa amin sa umaga't hápon
Pawang dalamhati, sindak at linggaton
Ang luha sa mata'y siyang tinitipon
At ito na lámang laging iniinom.

Pagdating ng gabi'y narito ang hirap
Ang lamok at surot siyang kumakagat,
Patay pa ang ilaw, luha'y nalalaglag
Ang ngalan mo Neneng siyang tinatawag.

Lakas ng sigaw ko'y abot hanggang langit
Ikaw lámang Neneng ang di makarinig.
Kahit ang laman ko'y tadtaring maliit
Sa bawat piraso'y ngalan mo ang sambit.

SI ALE KONG NENA
(Awiing-Bayan)

Si Ale kong Nena
Magandang-maganda
Naligo sa balon naging gumamela.
Ipinagtatanong kung sino'ng kukuha
Si Mama kong Gusting dala sa umaga.

KAY CELIA (1838)

ni Francisco Balagtas Baltazar

Kung pagsaulan kong basahin sa isip
Ang nangakaraang araw ng pag-ibig,
May mahahagilap kayâng natititik
Liban na kay Celiang namugad sa dibdib?

Yaong Celiang laging pinanganganibang
Bakâ makalimot sa pag-iibigan,
Ang ikinalubog niring kapalaran
Sa lubhang malalim na karalitaan.

Makaligtaan ko kayâng di basahin
Nagdaang panahon ng suyuan namin?
Kaniyang pagsintang ginugol sa akin
At pinuhunan kong págod at hilahil?

Lumipas an araw na lubhang matamis
At walang natira kundi ang pag-ibig,
Tapat na pagsuyong lalagi sa dibdib
Hanggang sa libingan bangkay ko'y maidlip.

Ngayong namamanglaw sa pangungulila,
Ang ginagawa kong pag-aliw sa dusa:
Nagdaang panaho'y inaalaala,
Sa iyong larawa'y ninitang ginhawa.

Sa larawang guhit ng sa sintang pinsel

Kusang inilimbag sa puso't panimdim,
Nag-iisang sanglang naiwan sa akin
At di mananakaw magpahanggang libing.

Ang kaluluwa ko'y kusang dumadalaw
Sa lansanga't nayong iyong niyapakan;
Sa ilog Beata't Hilom na mababaw
Yaring aking puso'y laging lumiligaw.

Di mamakailang mupò ang panimdim
Sa punò ng manggang naraanan natin,
Sa nagbiting bungang ibig mong pitasin
Ang ulilang sinta'y aking inaaliw.

Ang katauhan ko'y kusang nagtatalik
Sa buntonghininga nang ika'y may sakít;
Himutok ko noo'y inaaring langit,
Paraiso naman ang may tulòng silid.

Nililigawan ko ang iyong larawan
Sa Makating ilog na kinalagian;
Binabakás ko rin masayang dongan,
Yapak ng paa mo sa batong tuntungan.

Nagbabalik mandi't parang hinaharap
Dito ang panahong masayang lumipas
Na kung maliligo'y sa tubig aagap
Nang hindi abutin ng tabsing sa dagat.

Parang naririnig ang lagi mong wika:
Tatlong araw na di nagtatanaw-tama.
At sinasagot ko ng sabing may tuwa:
Sa isa katao'y marami ang handa.

Ano pa nga't walang di nasisiyasat
Ang pag-iisip ko sa tuwang kumúpas;
Sa kagugunita, luha'y lalagaslas
Sabay ang taghoy kong *O, nasawing palad!*

Nasaan si Celiang ligaya ng dibdib?
Ang suyuan nami'y bakit di lumawig?
Nahan ang panahong isa niyang titig
Ang siyang búhay ko, kaluluwa't langit?

Bakit bagá niyong kami'y maghiwalay
Ay di pa nakitil yaring abâng búhay?

Kung gunitain ka'y aking kamatayan,
Sa puso ko Celia'y di ka mapaparam.

Itong di matiis na pagdaralita
Nang dahil sa iyo, O nalayông tuwa,
Ang siyang umakay na ako'y tumula,
Awitin ang búhay ng isang naabâ.

Celia, talastas ko't malabis na umid,
Mangmang ang musa ko't malumbay ang tinig
Di kinabahagya kung hindi malait
Palaring dinggin mo ng tainga't isip.

Ito'y unang bukal ng bait kong kutad
Na inihahandog sa mahal mong yapak:
Tanggapin mo nawa kahit walang lasap,
Nagbuhat sa puso ng lingkod na tapat.

Kung kasadlakan man ay pulà't pag-ayop,
Tubò ko'y dakila sa puhunang pagod,
Kung binabása mo'y isa mang himutok
Ay alalahanin yaring naghahandog.

Masasayáng nimpa sa lawa ng Bai,
Sirenas, ang tinig ay kawili-wili,
Kayó ngayo'y siyang pinipintakasi
Ng lubhang mapanglaw na musa kong imbi.

Ahon sa dalata't pampang na nagligid,
Tonohan ng lira yaring abâng awit
Na nagsasalitang búhay ma'y mapatid,
Tapat na pagsinta'y hangad na lumawig.

Ikaw na bulaklak niring dili-dili,
Celiang sagisag mo'y ang eMe A eRe;
Sa birheng mag-ina'y ipamintakasi
Ang tapat mong lingkod na si eFe Be.

TAGULAYLAY NI FLORANTE (1838)

ni Francisco Balagtas Baltazar

Mahiganting Langit, bangis mo'y nasaan?
Ngayo'y naniniig sa pagkagulaylay,
Bago'y ang bandila ng lalong kasam-an
Sa reynong Albanya'y iniwawagayway?

Sa loob at labas ng bayan kong sawi
Kaliluha'y siyang nangyayaring hari,
Kagalinga't bait ay nalulugami
Ininis sa hukay ng dusa't pighati.

Ang magandang asal ay ipinupukol
Sa laot ng dagat ng kutya't linggatong,
Balang magagiling ay ibinabaon
At inililibing na walang kabaong.

Ngunit, Ay! Ang lilo't masasamâng loob
Sa trono ng puri ay iniluluklok
At sa balang sukab na may asal hayop
Mabangong insenso ang isinusuob.

Kaliluha't samâ ang ulo'y nagtayô
At ang kabaita'y kimi't nakayuko,
Santong katuwira'y lugami at hapo,
Ang luha na lámang ang pinatutulo.

At ang balang bibig na binubukalan
Ng sabling magalíng at katotohanan
Agad binibiyak at sinisikangan
Ng kalis ng lalong dustang kamatayan.

O taksil na pita sa yama't mataas!
O hangad sa puring hanging lumilipas!
Ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat
At niring nasapit na kahabag-habag.

Sa korona dahil ng Haring Linceo
At sa kayamanan ng dukeng ama ko
Ang ipinangahas ng Konde Adolfong
Sabugan ng samâ ang Albanyang reyno.

Ang lahat ng ito, maawaing Langit,

Iyong tinutungha'y ano't natitiis?
Mula ka ng buong katuwira't bait,
Pinapayagan mong ilubog ng lupit?

Makapangyarihang kanan mo'y ikilos,
Papamilansikin ang kalis ng poot,
Sa reynong Albanya'y kusang ibulusok
Ang iyong higanti sa masamang loob.

Bakit kalangita'y bingi ka sa akin,
Ang tapat kong luhog ay hindi mo dinggin?
Diyata't sa isang alipusta't iling
Sampung tainga mo'y ipinangunguling?

Datapuwat sino ang tatarok kayâ
Sa mahal mong lihim Diyos na dakila?
Walang mangyayari sa balat ng lupa
Di may kagalingang iyong ninanasa.

Ay di saan ngayon ako mangangapit!
Saan ipupukol ang tinangis-tangis
Kung ayaw na ngayong dinigin ng Langit
Ang sigaw ng aking malumbay na boses!

HIBIK NI ZELIMA

ni Francisco Balagtas Baltazar

Maawaing Allah, patawad, patawad!
Kung ako'y mayroong nagawang di tapat,
Iyong natatanto yaring pag-iingat
Na huwag masinsay sa mahal mong atas.

Sala bagá kayâ, Allah matangkilik,
Ang binayaan kong suminta ang dibdib?
Di ko akalain, pagkat ang pag-ibig
Lalang ng kamay mo't biyayang matamis.

Natatalastas kong kundi ang pagsinta,
Sa mundo ang lahat ay walang halaga;
Sa sinta nunukal ang tuwa't ligaya,
Sa buháy na puso mula ang pag-asa.

Pag-ibig ang tali ng pagkakasundo
Siyang naglalapat sa dalawang puso;
Ang lalong mailap ay pinaamò,
At ang sadyang bangis ay pinasusuyo.

Sinta ang apula sa alab ng gálit,
Sinta'y bahaghari sa unos ng sákit,
Sinta ang mabisang panggamot sa dibdib,
Sinta ang ligaya ng nangahahapis.

Ang tigre't ang madlang nása lupang hayop
Sari-saring ibong sa hangi'y naglibot
At ang mga isda sa dagat at ilog
Pinaliligayang lahat ng pag-irog.

Wala nang malaking biyaya ang d'yoses
Sa kanilang likha kundi ang pag-ibig,
Hanggang paraiso ng mga Houris
Naroon ang sinta't siyang tuwang labis.

Ngunit, Allah mahal, ano't ang dalita
Narini sa puso'y sa pagsinta mula?
Ano't sa pag-ibig na di maapula
Ang tulo ng aking mapait na luha?

Ngayon nakilalang walang tuwang lagi

Sa sansinukuban, at sa luwalhating
Pinakinabangan ng pusong sandali
Bubukal ang madlang malaong pighati.

HIBIK NI OROSMAN

ni Francisco Balagtas Baltazar

Natapos ang lahat, aba mo, Orosman;
Tapos na sa iyo ang lahat ng bagay.
Nag-iisa ka na sa sandaigdigan,
Kalong ng hinagpis at kapighatian.

Natapos ang tuwa sa dangal at puri,
Mahalagang kiyas na kawili-wili,
Puso ko'y wala nang ibang palamuti
Kung hindi ang dusa't pagkaruwahagi.

Natapos sa akin ang tuwa ng anak
Na tingnan ang ama sa ligayang ganap;
At ang nahalili sa puso'y ang hirap
Ng gunitang siya'y siphayo't hinamak.

Natapos ang tuwang ikinararangal
Ng lahat ng anak kung natititigang
Ama'y sinusuyo at iginagálang
Sa reyno ng dukha at ng lalong mahal.

Natapos ang aking tuwang minalaki
Ng mga *guerrerong* nasàng namayani.
Ang mga kamay ko'y di na magwawagi
Sa mga kaaway sa kampo ni Marte.

Natapos sa akin, O nasawing palad,
Natapos ang tuwang handog ng pagliyang.
Tapusin... O, Orosmang kahabag-habag,
Diyata't di ka na muling mamamalas?

Sa mukha ni... Langit, ang ngalan man lámang,
Bawal na ng palad na aking turingan!
Puso'y nangingimi't kinikilabutan
Sa bangis ng hirap sa panghihinayang!

Ito'y siyang lalong ikinalulugmok
Ng kaluluwa ko sa dusa't sigalot:
Laking kahirapan! Pag-irog, pag-irog!
Di ko natitikman ang tuwa mong handog.

Ikaw, O pagsinta'y siyang lumalason

At kumakamandag sa búhay ko ngayon!
Ikaw ang papatid, ikaw ang puputol,
Sa aking hiningang lipos ng linggatong!

O pagsintang labis na magparalita,
Kisapmata lámang kung magbigay-tuwa!
Ang kamatayan ma'y daig mong umiwa;
Sa bangis mo'y sino'ng di matákot kayâ?

DALIT NI NUBIO

ni Francisco Balagtas Baltazar

Akin ngayong napaglining
Ang mundo'y ruweda mandin
Araw-araw ay nabilang
Palad ng tao'y gayundin.

At isa pang wikang santo
Na lumalakad sa mundo
Na kung ano ang gawa mo
Ay siyang pasasaiyo.

At gayunding wikang siste
Matuwid na parang lei
Pag ang kinai'y kamote
Kamote ring itatae.

NANG MAGDAMIT ANG NEGRITONG SI TOMING

ni Francisco Balagtas Baltazar

Sa kiyas ko ngayo't tindig,
Ano't kastila ang damit,
Sukat na, Uban, maibig
Ni Menangueng sadyang dikit.

Pagkat nang siya'y ligawan
Ng damit Itang natural
Ay di man ako titigan
Kahit may regalong taglay.

Ako naman ay nagsuot
Dakit mestisong Tagalog,
Nagpustiso pa ng buhok,
Hindi ko rin napairog.

Umuli akong nanamit
Ng baro't salawal Intsik,
Regalo kong dala'y pagkit
Hindi ko rin napaibig.

Nagpatábas ako ngani
Dakit Morong Balangingi,
Hindi ko rin napagiri
Ang sinta kong si Menangue.

Aver, kung siya'y suminta
Ngayong ako'y de levita
Pagkat ang aking itsura
Kastila't hindi na Ita.

PAALAM NA SA IYO!

ni Francisco Balagtas Baltazar

Inhumano dolor—hírap na matindi,
sufri despreciado mi pecho constante,
mis tiernos amores—na iyong inapí,
destruye mi alma con rigor y fuerte.

Adios ingrata!—paálam na irog!
Me mata tu desden—puso’y dinudurog,
Recuerdame—kahit ng isang himutok
En la sepultura—kung ako’y mahulog.

Ang kagawian kong gamót sa linggatong
Sa tuwing umaga, tanghali at hápon,
Ay pasáaplayang tampulan ng alon
At tatanawin ko ang bundok ng Udyong.

Baliw ang kamukha, titindig, uupô,
Luha’y pinipigil nang huwag tumulo,
Sakâ wiwikaing sa bundok ng turò
“Naroon ang aking *querida* ng puso!”

Sa di na masaho ang bumugsong hírap
Nag-utos kay Tonyang mangusinang agad,
Kumaing madali’t nahiga sa papag,
Binanig ang luhang sa mata’y nanatak.

Buntonghininga ko ang siyang inunan
Kinumot ang hírap sa iyong pagpanaw,
Tinatapik-tapik yaring abâng búhay
Ng nag-aalilang lilong kamatayan.

LARAWAN NG LASING
(mula sa *Maralita at Kaawa-awang Buhay...*)

ni Padre Juan Dilag

Munting makalagok hindi na tatahan
Hanggang may kuwartang sukbit sa baiwang;
Ang lahat ng tao ay tinatagayan
At ang di uminom ay tinutungayaw.

Lahat ng tindaha'y iniisa-isa
Na binibilhan po ng isa't dalawa;
Kung itinutuwad sa alak na tása
Ay makatatawang mamalas, makita.

Halos pagkatikim kasabay ang dahak
Na anakin bagá'y ayaw na sa alak,
Kikiling nang munti, matá'y mandidilat
At sakâ hihingi ng tatlo at apat.

Kung ito'y lagukin biglang pa-a-a-a
Na tíla po bagá pinitpit ang dila;
Mukha'y mamumulá, matá'y tíla saga,
Wala pong iniwan sa lampong na pusa.

Nangingiyaw-ngiyaw sa buong lansangan,
Babae't lalaki ay tinutungayaw;
Asawa'y nahiyà, kangina'y sinaway,
Tinaga sa ulo, buti't di naminsan.

DUPLUHAN (sk 1872)

ni Marcelo del Pilar

Nagugol na lahat, O, sinta ko't ibig
Ang buo kong káya sa pagmamasakit,
Ay hindi pinalad na naipaalis
Ang parusang lagda ng sentens'yang lihis.

Katuwiran lámang sa bunying Monarca,
Ang magagamit kong mabisang sandata,
Pagkat siyang lalo bagáng may halaga,
Sa balang may bait na punò't justicia.

Ngayon sa abâ ko't ang tinubò lámang
Nitóng pananalig sa katotohanan
Ay mamulat ngayon matang nabulagan
Sa pagkapahamak nitóng pamamayan.

Sa iyong kandungan tinubuang lupa
Pawang nalilimbag ang lalong dakila,
Sa mga utos [mong] dapat tupdin nawa
Na ikaaamis ng puso't gunita.

Ang kamusmusan ko'y kung alalahanin
Ay inaruga mo bayang guinigiliw,
Halaman at bundok, yaman at bukirin
Ay pawang naghandog nang galak sa akin.

Ipinaglihim mo nang ako'y batà pa
Ang pagdaralítang iyong binabatá,
Luha'y ikinubli't nang di mabalísa
Ang inandukha mong musmos kong ligaya.

Ngayong lumaki nang loobin ng Langit,
Maanyong bahala yaring pag iisip,
Magagandang nasà'y tinipon sa dibdib,
Pagtulong sa iyo bayang iniibig.

Ngayon na nga lámang, ngayon ko natatap
Ang pagkadusta mo't naamis na palad,
Sa kaalipnan mo'y wala nang nahabag
Ang gayong karaming pinagpalàng anak.

Sa agos ng iyong dugong ipinawis,

Marami ang dukhang agad nagsikinis,
Samantalang ikaw, bayang iniibig,
Ay hapông-hapô na't putos nang gulanit.

Santong matuwid mo na iginagálang
Ng Diyos na lalong makapangyarihan,
Na siya ngang dapat na magbigay dangal,
Bagkus ay siya pang kinukutyang tunay.

Ngunit mabuti rin at napapurihan
Sa paghahari mo itong pamamayan,
Sapagkat nakuhang naipaaninaw
Na dito ang punò'y di na kailangan.

Kung pahirap lámang ang ipadadalá
Ng nangagpupunò'y sa ami'y sukat na
Ang hulog ng Langit na bagyo't kolera,
Lindol, beriberi't madla pang balísa.

Salamat sa iyo, Haring sakdal bangis,
Salamat sa iyong bigay na pasakit.
Kung hindi mo káyang baya'y matangkilik,
Ano't nagpunò ka'y walang pumipilit?

DALIT (1872)

ni Marcelo del Pilar

Kung sa langit nabubuhay
Ang sa lupa'y namamatay
Bakit kinatatakutan
Ang oras ng kamatayan?

MULA SA “DASALAN AT TOCSOHAN” (1872)

ni Marcelo del Pilar

(1) ANG AMAIN NAMIN

Amain namin sumasakumbento ka, sumpain ang ngalan mo, málayô sa amin ang kasakiman mo, kitlin ang leeg mo dito sa lupa para nang sa langit. Saulan mo kami ngayon ng aming kaning iyong inaraw-araw at patawanin mo kami sa iyong pag-ungal para ng tawa mo kung kami’y nakukuwaltahan; at huwag mo kaming ipahintulot sa iyong manunukso at iadya mo kami sa masamá mong dila. Amen.

(2) ANG ABA GINOONG BARYA

Abá ginoong Barya nakapupunô ka nang alkansiya, ang Fraile sumasaiyo. Bukod ka niyang pinagpalà’t pinahigit sa lahat, pinagpalà naman ang kaban mong mapasok.

Santa Barya Ina ng Deretsos, ipinalangin mo kaming huwag anitan ngayon at kami ipapatay. Siya nawa.

PASYONG DAPAT IPAG-ALAB NG PUSO NG TAONG BABASA SA
KALUPITAN NG FRAILE (1972)

ni Marcelo del Pilar

O Fraileng lubhang malupit
Na wala nang iniisip
Kundi manlupig, manggahis!
Fraileng hindi na nahapis
Sa dugo nang inosentes;

Fraileng lubhang alisaga
Mataas magmunukala
At palalo kung maghaka,
Isipin mong matiyaga
Lahat mong lihis na gawa;

Fraile na lubhang suwail,
Wala munti mang panimdim
Ang parati mong hangad din
Ang lumigaw at maningil
Siya mong minamagalíng.

Hindi ka nagdadalang awa
Sa bangkay ng mga dukha,
Ang gawa mo'y pawang daya,
Mang-ulol, mag-upasala,
Manlupig, mangalunya.

Fraile iyong matatamo
Hirap, sakit sa inferno,
Hunghang, masakim na tao,
Sa apoy mo ibubunto
Pagdaya kay Jesucristo.

Maghahari kayóng hayop
Na tinutulutan ng Diyos,
Umaral nang liko at buktot,
Ngunit tingni't sumisipot
Mga Elias at Enoc.

Manggugulong di kawasa
Sa mga tao sa lupa,
Bakin ngayon namumutla
Hindi mabigkas ang dila

At nawawalan ng diwa?

Kasakiman mo'y magbawa,
Ngayon ay mag isip ka na,
Pagsisihan ang tanang sala,
At kung hindi pirme ka nang
Lilipad sa dinamita!

Aral

Ang Fraile kapag may pita
Sa iyo at inioola
Totoong minamahal ka,
Nguni kapag nangyari na
Sikad ang pag-alaala.

Ang tao hanggang mayaman
Mga Fraile ang kaibigan
Kung mahirap na ang búhay
O di ka na mak'waltahan
Kulang ka pang ipapindang.

Gayon ngani itong mundo
Pag ma-Fraile't walang tao
Pawang hilis na totoo
Ang gagawin sa bulsa mo,
Panggulat ay Purgatorio.

Pagkat ang tao aniya,
Ay katapatang mamunga
Ng palibing at pamisa,
Kung hindi ipadadalá
Sa Jolo at sa Paragua.

Krist'yano, pakataningin
Ang budhi mo at panimdim,
Tahimik mong pagbulayin
Ang kahirapang daratnin
Kung ang Fraile'y di alisin.

Táyo ang may pakinabang
Kung silá'y ipagtabuyan
At luluwag ang pagkabúhay
Sakit nati't kadustaan
Ay pilit mababawasan.

At sakâ naman susulong
Kayamanan sampung dunong,
Mapapawi ang linggatong;
Sa ligalig na panahon
Hahalili ang hinahon.

Kayâ, alin ka man at sino
Dinggin ang aral na ito:
Ipagbilin hanggang apo
Pangingilag sa kumbento,
Sa Fraile'y pakikitungo.

PAG-IBIG SA TINUBUANG BAYAN (sk 1882)

ni Andres Bonifacio

Aling pag-ibig pa ang hihigit kayâ
Sa pagkadalisay at pagkadakila
Gaya ng pag-ibig sa tinub'ang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Ulit-ulitin mang basahin ng isip
At isa-isahing talastasing pilit
Ang salita't búhay na limbag at titik
Ng sangkatauhan ito'y namamasid.

Banal na pag-ibig! Pag ikaw ang nukal
Sa tapat na puso ng sino't alinman,
Imbi't táong-gubat, maralita't mangmang,
Nagiging dakila at iginagálang.

Pagpupuring lubos ang palaging hangad
Sa bayan ng táong may dangal na ingat;
Umawit, tumula, kumatha't sumulat,
Kalakhan din niya'y isinisiwalat.

Walang mahalagang hindi inihandog
Ng may pusong banal sa bayang nagkupkop:
Dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod,
Búhay ma'y abuting magkalagot-lagot.

Bakit? Alin ito na sakdal nang laki
Na hinahandugan ng buong pagkasi?
Na sa lalong mahal nakapangyayari
At ginugugulan ng búhay na iwi?

Ay! Ito'y ang Inang Bayang tinubuan,
Siya'y ina't tangi na kinamulatan
Ng kawili-wiling liwanag ng araw
Na nagbigay-init sa lunong katawan.

Sa kaniya'y utang ang unang pagtanggap
Ng simoy ng hanging nagbibigay-lunas
Sa inis na puso na sisinghap-singhap
Sa balong malalim ng siphayo't hirap.

Kalakip din nitó'y pag-ibig sa bayan

Ang lahat ng lalong sa gunita'y mahal
Mula sa masayá't gasong kasanggulan
Hanggang sa katawa'y mapasalibingan.

Ang nangakaraang panahon ng aliw,
Ang inaasahang araw na darating
Ng pagkatimawa ng mga alipin,
Liban pa sa bayan saan tatanghalin?

At ang balang kahoy at ang balang sanga
Ng parang n'ya't gubat na kaaya-aya,
Sukat ang makita't sasaalaala
Ang ina't ang giliw, lumipas na sayá.

Tubig n'yang malinaw na anaki'y bubog,
Bukal na batisang nagkalat sa bundok,
Malambot na huni ng matuling agos,
Na nakaaaliw sa pusong may lungkot.

Sa abâ ng abâng mawalay sa bayan!
Gunita ma'y laging sakbibi ng lumbay,
Walang alaala't inaasam-asam
Kundi ang makita'y lupang tinubuan.

Pati ng magdusa't sampung kamatayan
Wari ay masarap kung dahil sa bayan
At lalong maghirap, O! himalang bagay,
Lalong pag-irog pa ang sa kanya'y alay.

Kung ang bayang ito'y nasasapanganib
At siya ay dapat na ipagtangkilik,
Ang anak, asawa, magulang, kapatid
Isang tawag niya'y tatalikdang pilit.

Dapwat kung ang bayan ng Katagalugan
Ay linapastangan at niyuyurakan
Katuwiran, puri niya't kamahalan
Ng samâ ng lilong tagaibang bayan

Di gaano kayâ ang paghihinagpis
Ng pusong Tagalog sa puring nilait?
Aling kalooban na lalong tahimik
Ang di pupukawin sa paghihimagsik?

Saan magbubuhay ang [paghinay-hinay]
Sa paghihiganti't gumugol ng búhay

Kung wala ding iba na kasasadlakan
Kundi ang lugami sa kaalipinan?

Kung ang pagkabaon n'ya't pagkabusabos
Sa lusak ng daya't tunay na pag-ayop,
Supil ng panghampas, tanikalang gapos
At luha na lámang ang pinaaagos?

Sa kaniyang anyo'y sino ang tutunghay
Na di aakayin sa gawang magdamdam?
Pusong naglilipak sa pagkasukaban
Ang hindi gumugol ng dugo at búhay.

Mangyayari kayâ na ito'y malangap
Ng mga Tagalog at hindi lumingap
Sa naghihinalong Inang nása yapak
Na kasuklam-suklam sa Kastilang hamak?

Nasaan ang dangal ng mga Tagalog?
Nasaan ang dugong dapat na ibuhos?
Baya'y inaapi, bakit di kumilos
At natitilihang ito'y mapanood?

Hayo na nga kayó, kayóng nangabúhay
Sa pag-asang lubos na kaginhawahan
At walang tinamo kundi kapaitan
Hayo na't ibigin ang naabâng bayan.

Kayóng natuyan na sa kapapasakit
Ng dakilang hangad sa batis ng dibdib,
Muling pabalungi't tunay na pag-ibig
Kusang ibulalas sa bayang 'piniit.

Kayóng nalagasan ng bunga't bulaklak,
Kahoy n'yaring búhay na nilanta't sukat
Ng bala-balaki't makapal na hirap,
Muling manariwa't sa baya'y lumiyag.

Kayóng mga pusong kusang [niyurakan]
Ng daya at bagsik ng ganid na asal,
Ngayon ay magbango't baya'y itangkakal,
Agawin sa kuko ng mga sukaban.

Kayóng mga dukhang walang tanging [palad]
Kundi ang mabúhay sa dalita't hirap,
Ampunin ang bayan kung nasà ay lunas

Pagkat ang ginhawa niya ay sa lahat.

Ipaghandog-handog ang buong pag-ibig,
Hanggang sa may dugo'y ubusing itigis,
Kung sa pagtatanggol búhay ay [mapatid]
Ito'y kapalaran at tunay na langit.

KATAPUSANG HIBIK NG FILIPINAS

ni Andres Bonifacio

Sumikat na Ina sa sinisilangan
Ang araw ng poot ng Katagalugan,
Tatlong daang taóng aming iningatan
Sa dagat ng dusa ng karalitaan.

Walang isinuway kaming iyong anak
Sa bagyong masasal ng dalita't hirap,
Iisa ang puso nitóng Filipinas
At ikaw ay di na Ina naming lahat.

Sa kapuwa ina'y wala kang kaparis
Ang layaw ng anak dalita't pasakit;
Pag nagpatirapang sa iyo'y humibik
Lunas na gamot mo ay kasakit-sakit.

Gapusing mahigpit ang mga Tagalog,
Hinain sa sikad, kulata, at suntok,
Makinahi't 'biting parang isang hayop
Ito bagá, Ina, ang iyong pag-irog?

Ipabilanggo mo't sa dagat itápon,
Barilin, lasunin nang kami'y malipol,
Sa aming Tagalog ito bagá'y hatol,
Inang mahabagin, sa lahat ng kampon?

Aming tinitiiis hanggang sa mamatay,
Bangkay nang mistula ayaw pang tigilan,
Kayâ kung ihulog sa mga libingan
Linsad na ang buto't lamuray ang laman.

Wala nang namana itong Filipinas
Na layaw sa Ina kundi nga ang hirap;
Tiis ay pasulong, patente'y nagkalat,
Rekargo't imp'westo'y nagsala-salabat.

Sari-saring silò sa ami'y inisip
Kasabay ang utos tutuparing pilit;
May sa alumbrado bayad kami'y tikis
Kahit isang ilaw ay walang masilip.

Ang lupa at bahay na tinatahanan,

Bukid at tubigang kalawak-lawakan
At gayundin naman mga halamanan
Sa paring Kastila ay binubuwisan.

Bukod pa sa rito'y [marami pang iba,]
Huwag nang saysayin, O, Inang Espanya!
Sunod kaming lahat hanggang may hininga
Tagalog di'y siyang minamasamâ pa.

Ikaw na O, Inang pabaya't sukaban!
Kami'y di na iyo saanman humanggan.
Ihanda mo, Ina, ang paglilibingan
Sa mawawakawak na maraming bangkay.

Sa sangmaliwanag ngayon ay sasabog
Ang barila't kanyong katulad ay kulog,
Ang sigwang masasal ng dugong aagos
Ng kanilang bala na nagpapamook.

Di na kailangan sa Espanya'ng awa
Ng mga Tagalog, O, Inang kuhila!
Paraiso namin ang kami'y mapuksa
[At] langit mo naman kung kami'y madusta.

Paalam na, Ina, itong Filipinas!
Paalam na, Ina, itong nása hirap!
Paalam, paalam, Inang walang habag!
Paalam na ngayon, katapusang tawag!

HULING PAALAM (1896)
(Salin ng Mi Ultimo Adios ni Jose Rizal)

ni Andres Bonifacio

Pinintuho kong bayan ay paalam
Lupang iniirong ng sikat ng araw,
Mutyang mahalaga sa dagat Silangan
Kaluwalhatian sa ami'y pumanaw.

Masayang sa iyo'y aking idudulot
Ang lanta kong búhay na lubhang malungkot;
Maging maringal man at labis alindog
Sa kagalingan mo ay akin ding handog.

Sa pakikidigma at pamimiyapis
Ang alay ng iba'y ang búhay na kipkip;
Walang agam-agam, maluwag sa dibdib,
Matamis sa puso at di ikahapis.

Saanman mautas ay di kailangan,
Sipres o laurel, liryong ma'y putungan,
Pakikipaghamok at ang bibitayan
Yaon ay gayundin kung hiling ng bayan.

Ako'y mamamatay ngayong namamalas
Na sa silanganan ay namamanaag
Yaong maligayang araw na sisikat
Sa likod ng luksang nagtabing na ulap.

Ang kulay na pulá kung kinakaylangan
Na maititina sa iyong liwayway,
Dugo ko'y isabog at siyang ikinang
Ng kislap ng iyong maningning na ilaw.

Ang aking adhika sapul magkaisip
Nang kasalukuyang batà pang maliit
Ay ang tanghalin ka at minsang masilip
Sa dagat Silangan hiyas na marikit.

Natuyo ang luhang sa mata'y nunukal,
Taas na ang noo't walang kapootan,
Walang bakás kunot ng kapighatian
Gabahid mang dungis niyang kahihyan.

Sa kabuhayan ko ang laging gunita
Maningas na aking ninanasà-nasà
Ay guminhawa ka ang hiyaw ng diwa
Paghingang papanaw ngayong bigla-bigla.

Ikaw'y guminhawa laking kagandahang
Ako ay malugmok at ikaw'y matanghal,
Hininga'y malagot, mabúhay ka lámang,
Bangkay ko'y masilong sa 'yong kalangitan.

Kung sa libingan ko'y tumubòng mamalas
Sa malagong damo mahinhing bulaklak,
Sa mga labi mo'y mangyaring ilapat,
Sa kaluluwa ko halik ay igawad.

At sa aking noo nawa'y iparamdam
Ang lamig ng lupa ng aking libingan
Ang init ng iyong paghingang dalisay
At simoy ng iyong paggiliw na tunay.

Bayaang ang buwan sa aki'y ititig
Ang liwanag niyang lamlam at tahimik,
Lidayway bayaang sa aki'y ihatid
Magalaw na sinag at hanging hagibis.

Kung saka-sakaling bumabâng humantong
Sa krus ko'y dumapo kahit isang ibong,
Doon ay bayaang humuning hinahon
At dalitin niya payapang panahon.

Bayaan ang ningas ng sikat ng araw
Ula'y pasingawin noong kainitan,
Magbalik sa langit nang buong dalisay
Kalakip ng aking pagdaing na hiyaw.

Bayaang sinuman sa katotong giliw
Tangisan maagang sa búhay pagkitil;
Kung tungkol sa akin ay may manalangin
Idalangin Bayan yaring pagkahimbing.

Idalanging lahat yaong nangamatay,
Nangagtiis hirap na walang kapantay,
Mga ina naming walang kapalaran
Na inihihibik ay kapighatian.

Ang mga nabao't pinapangulila,

Ang mga bilanggong nagsisipagdusa,
Dalanginin namang kanilang makita
Ang kalayaan mong ikagiginhawa.

At kung sa madilim na gabing mapanglaw
Ay lumaganap na doon sa libinga't
Tanging mga patay ang nangaglalamay,
Huwag bagabagin ang katahimikan.

Ang kanyang hiwaga'y huwag gambalain
Kaipala'y [dinig] doon ang taginting,
Tunog ng gitara't salteryo'y magsaliw,
Ako, Bayan, yao't kita'y aawitin.

Kung ang libingan ko'y limot na ng lahat
At wala nang kurus at batong mábakás,
Bayaang linangin ng táong masipag,
Lupa'y asarulin at kanyang ikalat.

Ang mga buto ko ay bago matunaw
Mauwi sa wala at kusang maparam,
Alabok ng iyong latak ay bayaang
Siya ang bahalang doo'y makipisan.

Kung magkagayon na'y aalintanahin
Na ako sa limot iyong ihabilin
Pagkat himpapawid at ang panganorin,
Mga lansangan mo'y aking lilibutin.

Matining na tunog ako sa dinig mo,
Ilaw, mga kulay, masamyong pabango,
Ang ugong at awit, paghibik sa iyo,
Pag-asang dalisay ng pananalig ko.

Bayang iniirong, sakit n'yaring hirap,
Katagalugan kong pinakaliliyag,
Dinggin mo ang aking pagpapahimakas;
Diya'y iiwan ko sa iyo ang lahat.

Ako'y patutungo sa walang busabos,
Walang umiinis at berdugong hayop;
Pananalig doo'y di nakasaslot,
Si Bathala lámang doo'y haring lubos.

Paalam, magulang at mga kapatid,
Kapilas ng aking kaluluwa't dibdib,

Mga kaibigan batà pang maliit,
Sa aking tahananang di na masisilip.

Pagpasalamatan at napahinga rin,
Pa'lam estrangherang kasuyo ko't aliw,
Paalam sa inyo mga ginigiliw,
Mamatay ay siyang pagkakagupiling.

ANG NINGNING AT ANG LIWANAG (1896)

ni Emilio Jacinto

Ang ningning ay nakasisilaw at nakasisira ng paningin.

Ang liwanag ay kinakailangan ng mata, upang mapagwari ang buong katunayan ng mga bagay-bagay.

Ang bubog kung tinatamaan ng nag-aapoy na sikat ng araw ay nagniningning; ngunit sumusugat sa kamay ng nagaganyak na dumampot.

Ang ningning ay maraya.

Ating hanapin ang liwanag, táyo'y huwag mabighani sa ningning. Sa katunayan ng masamâng naugalian. Nagdaraan ang isang karwaheng maningning na hinihila ng kabayong matulin? Táyo'y magpupugay at ang isasaloob ay mahal na tao ang nakalulan. Datapwa'y marahil naman ay isang magnanakaw; marahil sa ilalim ng kaniyang ipinatatanghal na kamahalan at mga hiyas na tinataglay ay natatago ang isang pusong sukaban.

Nagdaraan ang isang maralita na nagkakanghihirap sa pinapasan? Táyo'y mapapangiti at isasaloob: Saan kayâ ninakaw? Datapwa'y maliwanag nating nakikita sa pawis ng kaniyang noo at sa hapo ng kaniyang katawan na siya'y nabubúhay sa sipag at kapagalang tunay.

Ay! Sa ating pag-uga-ugali ay lubhang nangapit ang pagsamba sa ningning at pagtakwil sa liwanag.

AKO'Y UMAASA (1896)

ni Emilio Jacinto

Táyo'y huwag mainaman sa balát pagkat di kinakain at karaniwang magkalaman ng masaklap.

Ang mga libingang marmol at maputi't makintab sa labas; sa loob uod at kabulukan.

JOCELYN NG BALIUAG
(Isang Maikling Bersiyon)

Sa tarik ng sinta, pagal na sa hirap
Ang bunga ng nasà'y laging inaakyat;
Anyong pagdudulo'y biglang itinulak
Ng kapang-agaw ko sa sinta mo't liyag.

Ang idinilig ko'y luhang bumabatis
Ang ibinakod ko'y masinsing pag-ibig;
Sa hardin ng sinta ako ang naglinis
Sakâ nang mamunga'y iba ang nagkamit.

Adiyos halamang aking binakuran
Hirap at dalita ay di ko kinamtam
Kung kayâ nga lámang di ko malimutan
Palibhasa, Neneng, pinamuhunanan.

DALIT SA INANG FILIPINAS

ni Diego Moxica

Pigilin Ina ang luha
Loob mo'y huwag masira;
Huwag namang mabahala
At kami'y hindi pabaya.

Filipinang mahabagin
Dikit mo'y pagkaluningning.
(*Koro*)
Inang Filipina namin
Mga anak mo'y lingapin.

Ang mukha mong parang araw
Na kanilang dinungisan
Ngayon ay lalong kikinang
At ang luha'y mapaparam.

Magalak iyang panimdim
At handa sina Lucifer.
(*Koro*)

Bahag ang mga kumbento,
Atungal ang mga áso,
Nagsisikad ang kabayo,
Humagunot ang diyablo.

Sa dibdib mo ay pawiin
Ang mga dinaing-daing.
(*Koro*)

PASYON NG BAYAN
(mula sa *Pasyon ng Bayan sa Kahapo't Ngayon*)

ni Joaquin Mañibo

Itong Bayang Filipinas
Sa Silanganan ay Perlas
Hiyas kang sakdal ng dilag
Naming iyong inianak
Mula nang ikaw sumikat.

Ang mga unang anak mo
Angkan, lipi't pagkatao
Tagalog, Visaya, at Moro,
Mangyan, Aeta o Negro,
Simpapantay na totoo.

Pawang nangag-iibigan,
Nangagtatangkilikan,
Sa búhay at kamatayan;
Ngunit ito'y nangawindang
Sa laláng ng kaparian.

.....

Ito ang moral mong kinandong
At Edukasyong kinalong;
Sinalanta at linampong
Ng sungit ng Relihiyon
Nang sa iyo'y nakitúloy.

At itinanyag pa nga niláng
Ang Moro, Mangyan, at Aeta
Masasamá't ang kapara
Mga hayop lámang silá
Bago'y lahi mo rin Ina.

.....

Nasaan namanang bunga
Ng nagpunòng palamara?
Sumasagot an Historya
Na nadagit ng Agila
Sa Malolos Republika.

.....

Ang unang “Pasyon ng Bayan”
Ay ang nangyaring digmaan;
At ang pangalawang tunay
Ang lumikha’y ang halalan
Hanggang ngayo’y umiiral.

BAGONG MGA BUGTONG AT SALAWIKAIN

Kung di ukol
Di bubukol.

Kung me gusot
Merong lusot;
Kung me batas
Merong bútas.

Nagdaan si Tarzan
Nabiyak ang tiyan. (*Zipper*)

I open the window
I saw many kalbo (*Kahon ng posporo*)

Hindi hayop, hindi tao
Sumusulat ng CDO. (*Buwan*)

MAY ISANG BULAKLAK

May isang bulaklak
May isang bulaklak na ibig lumitaw
Sa balát ng lupa ibig paibabaw.
Nalalanta ito
Nalalanta ito sa patak ng ulan
At nananariwa sa sikat ng araw.

Sa gayong kalamig
Sa gayong kalamig ng sa hanging simoy,
Buko't sampung bunga'y nagsisipanluoy
Nagsisipanlagas
Nagsisipanlagas ang sariwang dahon
Dahilan sa iyo nang di mo paglingon.

PEN PEN DE SARAPEN

Penpen de sarapen
De kutsilyo de almasen
Hawhaw de karabaw de batuten.

Sipit namamalipit
Ginto't pilak namumulaklak
Sa tabi ng dagat.

ONE DAY ISANG ARAW

One day isang araw
I saw nakakita
One bird isang ibon
Fying lumilipad
I shoot binaril ko
I picked pinulot ko
I cooked niluto ko
I ate kinain ko.

MAY PULIS SA ILALIM NG TULAY
(Isang awiting-bayan)

May pulis, may pulis sa ilalim ng tulay.
May pulis, may pulis sa ilalim ng tulay.
May pulis, may pulis, may pulis, may pulis,
May pulis sa ilalim ng tulay.

May bayong ang pulis sa ilalim ng tulay.
May bayong ang pulis sa ilalim ng tulay.
May bayong, may bayong, may bayong, may bayong
May bayong ang pulis sa ilalim ng tulay.

May pansit sa bayong ng pulis sa ilalim ng tulay.
May pansit sa bayong ng pulis sa ilalim ng tulay.
May pansit, may pansit, may pansit, may pansit,
May pansit sa bayong ng pulis sa ilalim ng tulay.

Napanis ang pansit sa bayong ng pulis sa ilalim ng tulay.
Napanis ang pansit sa bayong ng pulis sa ilalim ng tulay.
Napanis, napanis, napanis, napanis,
Napanis ang pansit sa bayong ng pulis sa ilalim ng tulay.

Kinain ng áso ang panis na pansit sa bayong ng pulis sa ilalim ng tulay.
Kinain ng áso ang panis na pansit sa bayong ng pulis sa ilalim ng tulay.
Kinain, kinain, kinain, kinain,
Kinain ng áso ang panis na pansit sa bayong ng pulis sa ilalim ng tulay.

Namatay ang ásong kumain ng panis na pansit sa bayong ng pulis
sa ilalim ng tulay.
Namatay ang ásong kumain ng panis na pansit sa bayong ng pulis
sa ilalim ng tulay.
Namatay, namatay, namatay, namatay,
Namatay ang ásong kumain ng panis na pansit sa bayong ng pulis
sa ilalim ng tulay.

BITUIN AT PANGANORIN

ni José Corazón de Jesús

Ako'y nagsapanganorin upang ikaw'y makausap
At sa pisngi niyong langit ang dilim ko'y inilatag;
Ang nais ko'y matakpan ka ng sapot kong mga ulap
At nang yaong pagsikat mo'y ako lang ang makamalas:

Bituin kang sakdal gandang hatinggabi kung sumilang
Na Buwan ang iyong ina at ang ama'y yaong Araw,
Ang Araw na iyong ama nang malubog sa kanluran
Ay nagsabi sa palad kong huwag kitang lalapitan. . .

Ako nama'y sumang-ayon dapwat ako'y Panganorin
Na talagang hatinggabi kung lumapit sa Bituin,
Kayâ ikaw, Bituin ko'y nasuyo ko't naging akin. . .

Liwanag mo at dilim ko'y magdamag ding naghalikan,
Ngunit, táyo'y inumaga! . . . Akong dilim ay naparam
At natákot sa ama mong nandidilat sa silangan!

ANG PAGBABALIK

ni José Corazón de Jesús

Babahagya ko nang sa noo nahagkan,
sa mata ko'y luha ang nangag-unahan,
isang panyong puti ang ikinakaway
nang siya'y iwan ko sa tabi ng hagdan!
Sa gayong kalungkot na paghihiwalay,
nalulumbay ako't siya'y nalulumbay!

Nang sa tarangkahan ako'y makabagtas,
pasigaw ang sabing "Umuwi ka agad,"
ang sagot ko'y "Oo, hindi magluluwat!"
Nakangiti ako, luha'y nalalaglag!
At ako'y nagtuloy, tinunton ang landas,
na kabyak ang puso't naiwan ang kabyak.

Lubog na ang Araw, kalat na ang dilim
at ang Buwan nama'y ibig nang magingning;
makaorasyon na noong aking datnin
ang pinagsadya kong malayong lupain;
k'wagong nása kubo't mga ibong itim
ang nagsisalubong sa aking pagdating!

Sa pinto ng narung tahana'y kumatok,
ako'y pinatuloy ng magandang loob;
kumain ng konti, natulog sa lungkot,
na ang puso'y tila ayaw nang tumibok;
ang kawikaan ko, pusong naglalagot,
tumigil kung ako'y talaga nang tulóg!

Nang kinabukasang magawak ang dilim,
Araw'y namintanang mata'y nagniningning,
sinimulan ko na ang dapat kong gawin:
Ako'y nag-araro, naglinang, nagtanim,
nang magdi-Disyembre, tanim sa kaingin,
ay ginapas ko na't sa irog dadalhin!

At umuwi akong taglay ko ang lahat,
mga bungangkahoy at sansakong bigas,
bulaklak ng damo sa gilid ng landas
ay sinisinop ko't panghandog sa liyag,
nang ako'y umalis siya'y umiiyak,
O! ngayon marahil siya'y magagalak!

At ako'y nagtulin, halos lakad-takbo!
Sa may dakong ami'y mayrun pang musiko,
ang aming tahana'y masayang totoo
at ang panauhin ay nagkakagulo!
"Salamat sa Diyos!" ang naibigkas ko,
"nalalaman nilá na darating ako!"

Nguni, O! tadhana. Pinto nang mabuksan,
ako'y napapikit sa aking namasdan!
apat na kandila ang nangagbabantay
sa paligid-ligid ng irog kong bangkay,
mukhang nakangiti at nang aking hagkan
ang parang sinabi'y "Paalam! Paalam!"

MANGGAGAWA

ni José Corazón de Jesús

Bawat palò ng martilyo sa bakal mong pinapanday,
Alipatong nagtilamsik, alitaptap sa karimlan;
Mga apoy ng pawis mong sa bakal ay kumikinang,
Tandang ikaw ang may gawa nitong buong Santinakpan.

Nang tipakin mo ang bato ay natayô ang katedral,
Nang pukpukin mo ang tanso ay umugong ang batingaw,
Nang lutuin mo ang pilak, ang salapi ay lumitaw,
Si Puhunan ay gawa mo, kayâ ngayo'y nagyayabang.

Kung may ilaw na kumislap ay ilaw ng iyong tadyang,
Kung may gusaling naangat, tandang ikaw ang pumasan,
Mula sa duyan ng batà ay kamay mo ang gumalaw,
Hanggang hukay ay gawa mo ang kurus na nakalagay.

Kayâ ikaw ay marapat dakilain at itanghal,
Pagkat ikaw ang yumari nitóng buong kabihasanan.
Bawat patak ng pawis mo'y yumayari ka ng dangal,
Dinadalá mo ang lahi sa luklukan ng tagumpay.
Mabuhay ka ng búhay mong walang wakas, walang-hanggan,
At hihinto ang pag-ikot nitóng mundo pag namatay.

MAGSASAKA

ni Pedro M. Gatmaitan

I

Dumating ang ulan. Ang lupa ng bukid
Na pinatigas na ng matinding init
Ng katag-arawan, noon ay nagputik
At pati pilapil, lumubog sa tubig.

At ang magsasaka:

Iyang mga táong ang kalong ng bisig
Ay laging araro, noo'y nagsiawit
Ng aliw at tuwa, sa gayong pagsapit
Ng katag-ulanang pinakaiibig.

II

Pasan ang araro. Sa kaliwa'y taban
Ang isang pamatok niyang kasangkapan,
At sakâ ang lubid ay hawak ng kanan
Na tali ng hayop na nása hulihan.

Saan paroroon?

Lalabas sa bukid; pagkat kailangang
Bungkalin na noon ang kanyang punlaan
Upang sa madali'y biglang masabugan,
At nang di mahuli sa kapanahunan.

III

Isang munting bakol ng palay ang hawak,
Sakâ unti-unting sa buong pinitak
Ay isinasabog, hábang lumalakad
Nang pahinto-hinto at bana-banayad.

Isinasabog na,

Pagkat ang punlaa'y ayos na at patag.
Pagkatapos nitó'y di pansin ang hirap
Na binakuran pa at nang maiilag
Ang binhi sa hayop na doo'y nagkalat.

IV

Tumubò ang binhing kanyang isinabog
At dalawang dangkal ang taas na halos.
Iyang magsasakang tíla walang pagod,

Tila hindi pansin ang anumang dagok
 Ng hirap sa kanya,
Noon ay talamak namang bumubunot
Ng kanyang punla rin. Yuyuko, lalacos,
Bago bubunutin. Sakâ pagkatapos
Ay tatalian nang maigi't maayos.

V

Sa gitna ng pitak ay mga dalaga
Ang nangakayukong iyong makikita.
Nangakasalakot, kundiman ang sáya,
At sukob ang tapis. Baro't panyo'y para. . .
 May nanganunukso.
May nagsisiawit, may nagsisitawa,
Hábang tumutundos nang buong ligaya
At itinatanim ang punlang kinuha
O binunot niyong táong nagsasáka.

VI

Sa tulong ng tubig at sikat ng araw
Ay nangagsilaki, lumusog, uminam;
Tumaba't yumabong ang tanim na palay,
Hanggang namutikas, namunga, sumapaw,
 Naglaman, nahinog,
Nayuko sa lupa, nahilig, nahapay,
Hanggang nahiga nang lubos at tuluyan,
Sapagkat hindi na yata makayanan
Ng punòng maliit ang malaking uhay.

VII

Gapasa'y sumapit. Magsasaká nating
Halos isang taóng hindi nagmamaliw
Sa ginawa-gawa upang may anihin
Lámang sa panahon na butil ng kanin,
 Noo'y yuko namang
Hawak ang panggapas at buong paggiliw
Na gápas nang gápas na di nagtitigil.
Isinalansan pa nang buong aliw rin
Ang gapás na palay sa isang pilapil.

VIII

Noo'y giikan na. Ang lipaking lupa
Na paggiikan muna ay nilipa:
Pinatag na parang sahitang mistula;
Sa buong maghapo'y hindi nagtitila
 Sa giniik-giik;
Ni kahit sa gabi'y di nagpapabaya,
Sapagkat ibig nang kamtan ang biyayang
Sa pawis na nulo'y siyang gantimpala.

IX

Hila ng kalabaw ang isang karitong
Kinalululanan ng maraming bayong
Na punô ng palay, na naani niyong
Magsasaká natin. Dadalhin na noon
 Ang nakabahagi
Ng nagpapasáka niyang panginoon;
Datapat ito'y agad nang tumanong:
"Hindi mo pa bagá ibibigay ngayon
Ang utang sa akin nang nagdaang taon?"

X

"Ibig ko po sana'y sakâ na bibigyan;
Sapagkat ang ani'y talos mo po namang
Mahinang-mahinà." "Ayoko ng ganyan;
Ibigay ngayon din, kung ibig mong ikaw
 Ay magkasaká pa."
At sa magsasaká na siyang naglinang,
Siyang nag-araro, nagpagód, nagpagál,
Na halos santaóng hindi naghuhumpay,
Ay walang nalabí ni isa mang kaban.

THREE O'CLOCK IN THE MORNING

ni Cirio H. Panganiban

Ito'y isang salón,
malaki't maluwang, magara't makintab.
Ang mga bombilyang may ginto, may pilak,
sa bubungang asul ay nagkislap-kislap.
Dito'y may orkesta, sa ragay ng tambol at linggal ng Jazz,
ang mga talulot sa gitna ng salon nagising na lahat.
Sakâ, samantalang ang bawat pareha ay lilipad-lipad,
sa kintab ng sahig, ang kanilang puso ay naaanag-ag.

Mga puso yaong
kung di naglalaro'y nagsisinungaling;
gaya ng pabangong sumáma sa hangin,
ang pag-ibig nilá'y di dapat hintayin!
Sa gitna ng salon, ang boses ng tanso ay tumataginting,
sinusundan-sundan ang apat na paang salit kung maglambing.
Sakâ, samantalang ang mga bombilya'y nag-aantok mandin
ay may isang halik na di naitago ng k'werdas ng b'yolin.

Ikatatlo noon
ng madaling-araw. . . Sa salong marikit
na pinagsayawan ng puso't pag-ibig,
ang dating orkesta'y di na naririnig.
Ngunit samantalang ang hulíng bombilya'y kusang pumipikit
sa ulilang salon, ang isang dalaga'y luhaang nagbalik,
at sakâ sa dilim ng gabing mapanglaw, matapos humibik,
baliw na nga yatang hinahanap-hanap ang puring nawaglit!

ANG DAMO

ni Cirio H. Panganiban

Araw-araw, Ineng,
kung bumababâ ka sa lungtiang hardin
ang tatapakan mo'y damong masisinsin
at isa na roon, Ineng, ay ako rin.

Inibig kong ikaw
sa bawat umaga, tuwing magpapasyal
ay alpombrang lungti ang iyong daanan
upang ang paa mo ay huwag masaktan.

Nayayakap kita,
di mo napapansin, di mo napupuna,
sa damong masinsin kung magpapahinga
sa aking katawan ay nakahiga ka.

Aking inihandog
sa iyong paggising ang lahat ng lugod,
ang hamog kagabing sa aki'y nabudbod,
perlas sa yâpak mong nagkasabog-sabog.

Sa bini ng simoy
kami'y magagandang plumahe ng ibon,
pinapaypayan ka sa buong maghapon,
nagpapakalambot nang ikaw'y makandong.

Ngunit. . . kasawian!
Minsan, nakita ko, nang ikaw'y magpasyal,
dalawa na kayóng sa aki'y nagdaan,
ang apat na paa'y di ko matagalan. . . .

Sa dahon kong lanta
ay may isang ahas akong kinumbida,
nang ikaw'y magdaang kasabay ang sinta,
sa panibugho ko'y ipinatuka ka!

Hindi mo naino.
Ang damong lungtian, kay-ganda sa iyo,
subalit sa sinsin, isip mo ri'y damo,
naroon ang ahas ng panibugho ko!

IBIG KONG MAKITA

ni Benigno R. Ramos

Ibig kong makita ang isang lalaki sa panunungkulan
na nagkakasya na sa s'weldong sa kanya'y kaloob ng bayan;
 ibig kong makita ang isang Pinunòng maalam dumamay
katoto ng lahat at walang higantí sa mga kaaway;
 ibig kong makita ang isang lalaking kung politiko man
ay matuto sanang tumupad sa kanyang pangako't pangaral;
 ibig kong makita ang isang Pangkating hindi manlilinlang
at di uunahin ang sariling buti kahit magbulaan;
 ibig kong makita ang Pamahalaang hindi nagbibigay
ng p'westo kung hindi sa matatanda na at may kasanayan;
 ibig kong makitang mawala na rito ang Politikahan
at nang hindi táyo laging nagbababag hanggang magpatayan;
 ibig kong makita ang Unibersidad na tinuturuan
ng magugulang na at di mga batàng halos walang. . . malay;
 ibig kong makita ang isang medikong kung nakararaan
sa isang maysakit, kahit di tawagin, ay kusang aalay;
 ibig kong makita'y isang abogadong magiging tanggulan
at di babaluktot dahil sa salapi ng santong katwiran;
 ibig kong makita'y isang botikaryong di magpapalabnaw
ng timpla ng gamot at di magdaraya sa hangad yumaman;
 ibig kong makita ang kadalagahang mahinhin, marangal,
mapuri, marunong, at sa wika natin ay sanáy na sanáy;
 ibig kong makita ang kabinataang malakas, matapang,
malaya, bihasa, at sasáma agad kung maghimagsikan;
 ibig kong makita ang isang Simbahang di mangangalakal
sa ngalan ng Diyos at di sumisingil sa gawaing banal;
 ibig kong makita ang pagkakaroon ng mga Gawaan
ng awto at damit, ng baso at bubog, ng papel at pinggan;
 ibig kong makitang táyo ay marunong gumawa ng tanang
kailangan natin at di tulad ngayong tagabili lamang;
 ibig kong makita'y mga Obreristang hindi salanggapang
na kunwa ay lider ng mga Obrero bago'y tagasakal;
 ibig kong makitang ang mga Obrero ay matuto lámang
kilanlin ang tigre at sakâ ang tupa sa mga balangay;
 ibig kong makitang ang bawat mahirap ay may pahayagan
at nang hindi laging bawat magdaraya'y pinaniwalaan;
 ibig kong ang ating esk'wela publika ay maging aralan
ng pagkamagiting at huwag lagi nang sayaw lang nang sayaw;
 ibig kong ang ating mga Nayo't Bukid ay may Paaralan
na wala nang bayad at wala pang gugol sa mga. . . ambagan;
 ibig kong ang ating mga matatanda'y matutong magdasal

sa sariling wika at nang natatalos ang ibig isaysay;
 ibig kong ang isang Makata ay siyang maunang gumalang
ng kanyang salita at ang mga bisyo sana ay ilagan;
 ibig kong ang isang dalagang maganda'y ingatang magpasyal
sa awto ng isang lalaki at bakâ ang dulo'y. . . kulungan;
 ibig kong ang isang tao ay umibig nang di lalakipan
ng masamâng hangad na masamantala ang kasuyong hirang;
 ibig kong makita ang mga binatang hindi nanliligaw
dahil lang sa pilak ng isang babae na tinatapatan;
 ibig kong makita ang pulis na hindi si Bantay-Salakay
at ang mga tiktik na di pasusuhol at di magnanakaw;
 ibig kong makita ang pamahayagang hindi nasisilaw
sa mga anuns'yo at sa mga Apòng makapangyarihan;
 ibig kong makita ang hukbo ng mga manunulat diyang
hindi magkakasya sa mga papuri upang makalugdan;
 ibig kong makita ang hukom na walang tanging kikilingan
kundi ang matuwid at ang lahat-lahat sa kanya ay pantay;
 ibig kong makita, sa isang salita, ang Pangasiwaang
hindi pangkumpare, hindi pampartido't di pangkaibigan;
 ibig kong makita ang bayang dakilang pangarap ni Rizal,
ang bayang may budhi at di natatâkot sa mga dayuhan!

ANG MATANDA

ni Benigno R. Ramos

Ang matandang yaon sa loob ng karsel
ay kinaguluhan ng mga reporter:
kay-dami ng kanyang mga luha't daing!
kay-dami ng kanyang pighati't hilahil!

“Ako ay dinilim sa aking paglakad
at di ko malaman kung saan tatawag;
ang lahat ng bahay, may ásong marahas,
at sa pagsamo ko ang sagot ay Láyas!

“Kahit na sa sibi kung ako'y lumagay
itataboy agad ng mga maybahay,
sa gayo'y hinanap ang mga Simbahan
na nakasara ring tíla nanakawan!

“Gaya ng tahanan na ari ng sakim
ang bahay ng Diyos ay nakapinid din!
kahit na kumatok ay di man sagutin
at di matuluyan ng nagsisidaing!

“Salamat na lámang at may isang pulis
na sa aki'y siyang humuli't dumakip,
dito nga sa karsel ako'y ipiniit
binigyan ng kama't ako'y pinaidlip!”

ANG MGA TULA MO

ni Iñigo Ed. Regalado

Mabunying Makata:

“Kung pagsaulan kong basahin sa isip ang nangakaraang araw ng pag-ibig,” araw na dakila ng pagmamahalan, na siyang nag-udyok sa mahal mong budhi upang maitanghal maging ang puso mong sa dusa’y natigib at ang karangalan ng Lahing ginaga ng isang malupit at sukab na kamay; kung gunitain ko si Selya mong noon ay pinanganibang bakâ makalimot sa inyong panahon ng pag-iibigan na sa sinapit mo ay siya na tuloy ang naging kadluan ng sangyutang tulang kung minsa’y panaghoy sa pinalaluman, kung minsa’y kamandag at masidhing lason sa mga sukaban.

Kung alalahanin ang iyong inawit “sa isang madilim, gubat na mapanglaw, dawag na matinik” at kalagim-lagim “na walang pagitan,” na siyang duminig sa mga hinaing ng puso mong noo’y nalatang sa init ng lahing umiring; at kung magunita ang pagkaparawal ng iyong paggiliw sa larawang guhit na siyang nag-alay at siyang naghain noong “isang sanglang hindi mananakaw,” na mula at dahil ng iyong paghabi niyang mga tulang batis ng damdamin, panumbat sa tuwa at pang-alis-lumbay sa nahihilahil. . . .

Ang katauhan ko sa panahong ito ay napamamangha na aywan kung bakit; alangang malitong alangang matuwa; mangyari kung minsan ay nakikita kong ikaw’y naaabâ at kung minsan naman, ang kalagayan mo’y tila maharlika: ang luha mo’y lason, ang ngiti mo’y uyam, ang kilos ay banta; at, A! mahigit pa! Ako kung minsan di’y lunod sa paghanga sa mga tula mong sanlangitan manding nananalinghaga’t ang lahat ng kulay ay masasalamín; may patak ng luha, datapwat ang luha ay tila pandilig sa uhaw na lupa; may gálit, subáli ang gálit ay lambing manding may hiwaga.

II

Iyong pinupukaw at tinatawagan ang tulóg na budhi ang básal na lupa’y tila binubungkal ng iyong lunggati, ang taghoy ng puso sa pusong minahal anaki’y punyagi ng iyong kalulwang sa pagkaparawal ay walang minithi kundi ang lumaya’t magaang-gaanan sa pasang pighati; ang lahat, lahat na! sa aking akala, ang Tula mo’y hari

manding nag-uutos, na minsa'y tahasa't minsa'y pasintabi;
ang kapangyarihan niya'y mahiwaga: sa mahal mong Lahi'y
tíla natapos nang nangguho't nanira; datapwat sa wari
may lakas pa siyang ibinabalita: magtaboy, maghawi.

Oo, may lakas pa! Ang talón ng tubig sa mga batisan,
ang awit ng ibon sa ilang na bukid kung madaling-araw,
ang tunog ng hanging paspas ng amihan,
ang panglaw at dilim ng mga libingan,
ang ngiti ng araw kung bagong nanalik sa kasilanganan,
ang samyo at bango, ang ayos at dikit niyang bulaklakan,
ang patak ng hamog sa mga halaman,
ang ulan ng Mayo sa uhaw na parang,
ang talim ng kidlat kung nagmamalupit ang katalagahan,
ang angal ng kulog kung tinatagbisi ang Katagalugan,
ay nagbabalita at naglalarawan,
dito, diyan, doon, sa sandaigdigan!
ng mga tula mong hindi napapawi, mamatay-mabúhay,
mabuwal-matayô ang iyong inawit; siya ay sunuran:
sa lambing ng puso'y nakikiagapay,
sa poot ng budhi ay nakikikulay. . .
Lahat ma'y mabago! tumamis ang pait, dumilim ang ilaw
ang mga tula mo ay di mapapawi, s'ya ring mababagay
sa maghahaliling salin nitóng bayan,
sapagkat ang taglay na katotohanan
ay paris ng sinag na di maiinis ni di mapapaslang;
sa mabuting gawa't sa asal na ganid, siya'y salaminan,
biyaya sa tubig sa nangauúhaw,
sa nangalulunod, pintog na timbulan;
daliri ng Diyos, sulo ng Matuwid at ng Karunungan,
pambuo't pangwasak sa palalong diwa ng mga kaaway.

Paanong di ganyan, sa ang iyong Tula'y tíla bahagharing
guhít ng panaho't pakpak ng hiwagang hábang binabati'y
lalong numiningning na katangi-tangi;
taglay niya'y kulay ng lahat ng uri,
kulay na pagpusyaw at pananalaba sa nananakali,
kakaibang kulay na nakalilikha at nakayayari
ng bagong kulay din hanggang di-mawari,
hanggang sa maglaho, hanggang sa mapawi. . .
Katunayan, Laura: dalagang himala, mahinhin, mayumi,
sa dilim ng gabi'y naging isang talàng gumulo't gumapi
sa katahimikan ng mabuting lahi
upang maiwasto ang masamâng lipi.
Florante: bayaning táong halimbawa, tanggulan ng Hari
at ng kaharian, bisig na kinuta ng nangalugaming

sambayanang api, kamay at daliring
sumalot sa lupit ng mga aglahi,
puso at kalulwang nagbinhi ng awa't mabuting ugali. . .
Adolfo: bihasang táong alibugha, mapagtahi-tahi
ng masamâng imbot, at mapaglunggati
sa magandang hiyas; lason. . . dalamhati.
Aladin: mabunying táong-talinghaga, asal mapaglimi,
kaaway-kapatid, sa mabuting gawa'y nagbatubalani.
A!, sila nang lahat! matapos masuri'y
nagbukás ng aking pagmumuni-muni:
binhi ang Tula mo sa tanimang lupa ng Bayan mo't Ari,
tamnan at diligin ang kanyang biyaya upang lumwalhati!

III

Tamnan at diligin! Sa ating istorya nama'y nakatalâ
ang maraming bagay na kapuna-puna, at katuwa-tuwa,
at kalunos-lunos, at katawa-tawa, at kahiya-hiya.
Nakaguhit doon ang pagkariwara
ng abâ mong Bayan na naging mistulang
gatasang palagi ng dapong-sikmura.
Nakaguhit doon ang naimbing palad ng Lahi mong aping
tíla patabaan ng binuto't balát na paru't parini.
Nakaguhit doon ang pagkaduhagi
ng minamahal mong lupang makandili
na ginawa-gawang mangkok na kakanang balana'y sumunggab
upang makalamon, balana'y umagaw upang makasabsab.
Datapwat, sa ganyang tadhana ng palad
ay minsang nahawi ang sungit ng ulap!
Ang mga panaghoy, luha't panambita'y naging isang poot
na nag-alimpuyo, sakâ kinidlata't sininghal ng kulóg;
narapa ang bangis ng kapangyarihang alibugha't buktot,
ang ating watawat ay naiwagayway: ang Lahi'y natubos.
Ngunit. . . kasawian! "Sa minsang ligaya'y tali nang kasunod
makapitóng lumbay hanggang sa matapos";
ang bayang nahango sa pagkabusabos
ay muling nasawi at muling nasakop,
nabalik sa dating lagay na malunos
sa ibang gahama'y muling nayukayok!
At nangyari! Silá ay namanihala, siya ay nagtiis
at nagtitiis pa. Payapang-payapa; nakahalukipkip;
datnan at panawan, tahimik, tahimik,
bagaman ang puso'y lubhang naaamis.
Sa bawat kilusan, siya'y nagpapakò ng dalawang mata;
sa nagmamasakim, siya'y sumisigaw: *huwag kang manggaga!*
sa nagmamalupit, siya'y nagbabanta: *magdahan-dahan ka!*
Tanging iyan lámang! Ang bigat ng dusa'y
natitiis naman sa iwing panata,

nahihirapan ma'y di-nababalisa
sa dalang pasani'y tila nagbabata't
sa pagkakayuko'y
nagwawalang-kibo,
na kunwa'y maamo,
na kunwa'y masuyo.
Kayâ, sawimpalad! Ngayon sa bayan mo
saanman sumuling ay nakalilito.
Kayamanan doon, kaapihan dito,
hindi pantay-pantay ang palad ng tao!
Ang iba'y sandat nang nangasisiyaha't laging nakangiti
at ang iba nama'y bagong humahaplit sa pagkalunggati.

Ganiyan, kay-lungkot! Ano ang gagawin!
Ang takbo ng buhay ay di napipigil,
mabuhay ang mga may lakas na angkin
at mamatay naman ang wala ni butil.
Gayunman, ang iyong lupang pananiman ay di naparool:
ang ilang, ang yungib, bundok, kaparangan, tingna't hangga ngayon
may dilig pang dugo, may tanim pang buhay at bakas ng kanyon,
pa'no'y nanalot na ang mga Florante sa bangis ng Leon
na tinulungan pa't kinandi-kandili nang panahong yaon
ng mga Alading dito'y nagsiahon. . .
Ngunit O, hiwaga! (Kung ang isalubong
ay masayang mukha. . .) Natupad ang hatol!
At ngayon ang kulang na lang ay kabaong
upang mapaburol kami sa linggatong.

IV

Mabunying Makata: madla at marami kaming dalamhati,
ngunit sa Tula mo'y nag-aaliw kami nang taos sa budhi:
dinadasal-dasal: "Sa loob at labas ng bayan kong sawi,
kaliluha'y siyang nangyayaring hari,
kagalinga't bait ay nalulugami,
ininis sa buhay ng dusa't pighati!"
Pa'no'y ibig naming sa panahong ito'y magunitang muli
na habang ang isang baya'y nahuhulog sa hindi kauri,
iyang bayang iya'y hindi mawawalan ng pasang pighati.

At kung makarinig ng mga hinaing sa maling pasunod
ay ibinubulong ang ilang wika mong ikinalulunod
ng aming kalul'wa: "ang lahat ng lilo't masasamang loob,
sa trono ng puri ay iniluluklok
at sa bawat sukab na may asal hayop,
mabangong insenso ang isinusuob."
Pa'no'y ibig naming sa panahong ito'y magunitang lubos

na hábang ang isang bayang nasasahol ay himbing sa túlog,
iyang bayang iyan ay mapapalungi sa along sasalpok.

At kung makapuna ng masamâng gawi sa iginagálang
o nakatataas sa harap ng dapat magwaging katwiran,
nasasambit-sambit: “at ang balang bibig na binubukalan
ng sabing magaling at katotohanan,
agad binibiyak at sinisikangan
ng kalis ng lalong dustang kamatayan.”
Pa’no’y ibig naming sa panahong ito ay magunam-gunam
na kapag sa isang bayang sinasakop ang nangyari’y iyan,
humalang ma’y Diyos, iyang bayang iya’y gagatas-gatasan.

At kung makapansin ng pamamalakad na hila-hilako
dito ma’t saan man ay nagugulantang kung kami’y maghulo
at halos isigaw: “kaliluha’t samâ ang ulo’y nagtayô
at ang kabaita’y kimi’t nakayuko,
santong katuwira’y lugami at hapô
ang luha na lámang ang pinatutulo”. . .
Pa’no’y ibig naming sa panahong ito’y matanim sa puso
ng lahat, na kapag iyan ang umiral sa bayang maamo,
iyang bayang iya’y lulunod-lunurin sa kanya ring dugo.

At kung makamalas ng nagmamapuri’y wala namang muwang
ay sumasalabi ang itinangis mo sa bayang kinamkam
ng isang malupit: “Mahigit kang abâ sa napagharian
ng hangal na punò at masamâng asal,
sapagkat ang haring may hangad sa yaman
ay mariing hampas ng langit sa bayan.”
Pa’no’y ibig naming sa panahong ito ay mailarawang
kapag ang katwiran ng lakas ang siyang naging patakaran,
ang bayang mahinà’y walang sasapitin kundi kasawian.

V

At . . . dapat umasa! Samantala, ikaw, mabunying Makata,
dakilang Balagtas, sa búhay na iyan, ngayo’y mamayapa. . .
Nangyari nang lahat sa giliw mong lupa
ang iyong inawit na kahanga-hanga!
Na, may kulang pa rin? Na, dito’y wala pang pagdaralang-awa
na mga Alading tunay na Alading hindi magdaraya?
Walang kailangan! Sa aming pagluha
hinihintay siya nang buong tiwala;
datapwat kung siya, siyang hinihintay na magkakalinga’y
magsasalinta ri’t ang gagawin dito’y pagwawalang-sawà,
kami’y patayin na nang lubos at bigla,
huwag lang masabing sapagkat mahinà,

kami ay natulad sa isang laruang sinisipa-sipa't
balana'y sumiklot, balana'y tumulak, balana'y kumutya;
dapat ding matantong hindi namin nasà
ang tulong ng ibang ibig managana,
ang tulong na iyan ay hindi tutubos kung hindi sisira,
sasakal, dirikdik, sasawi't papatay sa aming adhika.
Kung ano ang aming daratning tadhana?
Sa panahong ito'y walang manghuhula.
Ang bawat may ibig tumarok ng ganyang mga talinghaga,
buksan ang aklat mo't doo'y mapupuna sa bawat talata
ang maraming bagay na di nagbubulà:
ang mga hatol mo ay hatol-bathala,
ang mga tula mo ay tulang lalagi sa pananariwa,
kayâ nga'y silá rin ang dapat panuntan ng lahat ng diwa
sa panahong ito'y di nagpapabayang
humanap ng ilaw. Sa iisang wika:
ang mga Tula mo'y gintong kayamanang napakadakila,
na dapat mahalín at pakayamaning tulad ng bandila;
mangyari ay silá ang nagbabalita
at naglalarawan noong halimbawang
panugpo sa lupit, pamatid sa gapos, panghugas sa pulà,
hudyat at pangatog sa puso ng Táong ibig makalaya.

SA TABI NG DAGAT

ni Ildfonso Santos

Marahang-marahang
manaog ka, Irog, at kata'y lalakad,
maglulunoy katang
payapang-payapa sa tabi ng dagat;
di na kailangang
sapnan pa ang paang binalát-sibuyas,
ang daliring garing
at sakong na wari'y kinuyom na rosas!

Manunulay kata,
hábang maaga pa, sa isang pilapil
na nalalatagan
ng damong may luha ng mga bituin;
patiyad na tayô
ay maghahabulang simbilis ng hangin,
ngunit walang ingay,
hanggang sa sumapit sa tiping buhangin. . . .

Pagdating sa tubig,
mapapaurong kang parang nangingimi,
gaganyakin kita
sa nangangaroong mga lamang-lati;
doon ay may tahong,
talaba't halaang kabigha-bighani,
hindi kayâ natin
mapunô ang buslo bago tumanghali?

Pagdadapithapon
kata'y magbabalik sa pinanggalingan,
sugatan ang paa
at sunóg ang balát sa sikat ng araw.
Talagang ganoon:
Sa dagat man, Irog, ng kaligayahan,
lahat, pati puso
ay naaagnas ding marahang-marahan.

ANG GURYON

ni Ildfonso Santos

Tanggapin mo, anak, itong munting guryon
na yari sa patpat at papel de-Hapon;
magandang laruang pulá, puti, asul,
na may pangalan mong sa gitna naroon.

Ang hiling ko lámang, bago paliparin
ang guryon mong ito ay pakatimbangin;
ang solo't paulo'y sukating magaling
nang hindi mag-ikít o kayâ'y magkilíng.

Sakâ pag sumimoy ang hangin, ilabas
at sa papawiri'y bayaang lumipad;
datapwat ang pisi'y tibayan mo, anak,
at bakâ lagutin ng hanging malakas.

Ibigin mo't hindi, balang araw ikaw
ay mapapabuyong makipagdagitan;
makipaglaban ka, subalit tandaan
na ang nagwawagi'y ang pusong marangal.

At kung ang guryon mo'y sakaling madaig,
matangay ng iba o kayâ'y mapatid;
kung saka-sakaling di na mapabalik,
maawaing kamay nawa ang magkamit!

Ang búhay ay guryon: marupok, malikot,
dagiti't dumagit, saanman sumuot.
O!, paliparin mo't ihalik sa Diyos,
bago patuluyang sa lupa'y sumubsob!

AKO'Y SI TAKAW

ni Lope K. Santos

Sa hukbo ng mga gutóm, ako'y punò at heneral,
lahat silá, sa utos ko'y sumisisid sa labanan,
ang tambuli ng sikmura't watawat ng kagutuman,
pag tumunog at naladlad, ay sa abâ ng kalaban!
katutubong kagalit ko sina Hiya't Kaselangang
kapwa takót na humarap sa galit ko't katapangan;
walang-habas akong B'wayang ang sikmura'y pag kumalam
gasahol din ang bibig ko ang tiyan ma'y umaapaw;
ako'y bayóng na may-bútas na punin ma'y laging kulang,
urong-sulong na lagareng kumakaing kabilaan;
ako'y walang panginoon sa búhay ko kundi Tiyan,
nása dulang ang langit ko't dambana ko'y paminggalan.

Nguni, ako'y madalas ding nagagamit na orasan
ng lahat ng kasáma kong sa paggawa'y nalilibang;
tatlong oras at gawain ang hindi ko nalimutan;
ang agahan, tanghalian, at hapunan araw-araw;
sa talas ng pang-amoy ko't sa habà ng aking kamay,
maging aki't maging hindi, naaabot malayò man;
sakâ ako'y nagagamit nang di sa pagkain lámang,
kundi pati sa pag-ibig, sa pagtúlog, at sa dangal.

Kayâ, Tao: kung masamá ang tumilmil at pihikan,
ay lalo na ang mabantog na hari ng kasibaan;
kung totoong ang matakaw, kapatid ng magnanakaw,
ang masiba't walang-hiya ay malapit na magpinsan.

PANATA NG ISANG BALO

ni Lope K. Santos

*Itinutulak ng bibig,
kinakabig ng dibdib.*

May isang babaeng kababalo lámang,
na isa ang anak sa kinabaluhan;
palibhasa’y batà, maganda’t mayaman
kayâ kay-rumami ng nag-aagawan.

Ngunit sa tuwinang may lígaw na akyat,
di man sinasadya, luha’y nalalaglag;
at kung inaaliw ng bawat kausap,
lalong sumisidhi ang lungkot at iyak.

Anyà: “Maginoo, ako’y patawarin,
ang pag-aasawa’y wala na sa akin,
anak ko na lámang yaring mamahalin,
kayâ ma’nong ako’y inyo nang lisanin.”

Dapwa, pagkaalis ng panhik na lígaw,
pasusuhing anak ang inuulayaw:
“Ay!” anyà, “anak ko, kawawa ka naman!
Di ba ibig mo nang magkabagong tatay?”

Malungkot ang balo pagkat napag-isa
katapat na lunas ang maging dalawa;
kung bawat magsabing ayaw mag-asawa’y
paniniwalaan. . . ang lahi’y lagot na!

AKO ANG DAIGDIG

ni Alejandro G. Abadilla

ako
ang daigdig

ako
ang tula

ako
ang daigdig
ang tula

ako
ang daigdig
ng tula
ang tula
ng daigdig

ako
ang walang maliw na ako
ang walang kamatayang ako
ang tula ng daigdig

ii

ako
ang daigdig ng tula

ako
ang tula ng daigdig

ako
ang malayang ako
matapat sa sarili
sa aking daigdig
ng tula

ako
ang tula
sa daigdig

ako

ang daigdig
ng tula
ako

iii

ako
ang damdaming
malaya

ako
ang larawang
buháy

ako
ang búhay
na walang-hanggan

ako
ang damdamin
ang larawan
ang búhay

damdamin
larawan
búhay
tula
ako

iv

ako
ang daigdig
sa tula

ako
ang tula
sa daigdig

ako
ang daigdig

ako
ang tula

daigdig

tula
ako

DILIM, MUTYANG DILIM

ni Alejandro G. Abadilla

Ibig kong mawala
Sa aking sariling daigdig ng dilim,
Sa aking sariling may daloy ng búhay sa mga tulain:
Sa kaakuhan kong
Kulay ng hiwaga'y lakas ng Bathala,
Nais kong mag-isa't ibig kong mawala.

Ako'y ilipad mo,
O! Mutya kong Dilim—sa ruok na yaong
Hindi na maabot-tanaw ng liwanag ng mga panahon:
Doon mo ilagak,
Doon mo ihantong ang kapalaran ko
Sa sinapupunan ng kaluluwa mo.

At kung naroon na
Akong nag-iisa sa aking sarili't
Lumipad nang ibong ang ibang sa akin ay kumakandili...
Kaniniigin ko
Sa saliw ng isang ligaw na sonata
Yaong kalikasang maganda't hubad na.

Ibig kong mawala
Sa aking sariling daigdig ng dilim
Upang maganap na lámang ang sa aking mga panalangin;
Ibig kong humimlay
Sa kariktang yaon ng laksang hiwaga
Ay bigo rin ako't di ako mawala.

PASKO KO'Y SONATANG TINIG MA'Y WALA NA

ni Alejandro G. Abadilla

Nang una,
sa akin, wika mo'y
Masayá ang Pasko,
Ngayon nama'y aking masasabi sa 'yong
Kay-lungkot ng Pasko.

Di gaya ng dati,
Ngayon ay wala na sa akin ang pusong maalam umindak
Sa tugtuging baliw ng ating pangarap:
Ang natira na lang
Ngayo'y ang larawan
Ng abâng sariling wala nang landasin sa paglalagalag.

Kayâ nga,
Bathala,
Huwag Mong hangaring
Paghabilinan pa ako ng Pasko Mong may gamundong galak.

Sa isang tulad kong
Init man ay wala sa búhay na angkin
(Pagkat kaluluwang wala nang hangarin)
Ang kapayapaan at sayá ng Paskong di para sa akin.

Ang sayá ay dapat
Sa napakaraming mga ina't anak
Na nagsisitangis pagkat inulila ng kanilang liyag;
Ang kapayapaa'y sa kanila dapat,
Siláng hangga ngayo'y
Nanangging tumigil sa lalong madugong mga paglalamas.

Sa akin nang una
Ang Pasko'y masayá:
Ngayon ang Pasko ko
ay isang sonatang tinig ma'y wala na.

ANG AKING MGA PANAUHIN

ni Salvador R. Barros

Minsa'y nangagbalak magdaos ng pista ang mga mikrobyo,
Bakit, sabi nilá, ang pagdiriwang ba'y sarili ng tao?
Daming nagpaunlak sa púlong na tawag ng tíla pangulo
Nalagay sa hapag ang mga mungkahi at silá'y nagtálo.

Ngunit ang mainam

At "masayáng tunay"

Nang magkasundo na ay lumakad siláng sa akin ang túngo!
Pinagkayaria'y idaos ang piging sa mga bagà ko!

Walang pasintabi na pinasok nilá ang aking katawan
At sa loob, kahit dilim-hatinggabi'y di silá naligaw.
Ang mga mikrobyo'y pagkasayá-sayá! Nangagtatawanan,
At pag may natálo, na kawal dugo ko, ay napapasigaw.

Nang silá'y dumating

Sa pook ng piging

Ay namanghang lahat: kay-gagandang bagà, sariwa't malaman!
"At napakasarap!" Biro pa ng isa't silá'y nagsisayaw.

Lubhang kakatuwa ang nakatatawang nangyari sa akin,
Di nagpaanyaya'y nilusob ng yutang mga panauhin,
Hukbo-hukbong hayop na pawang marumi, matakaw kumain,
At ang taba't búhay na isinisigla'y sa tao nanggáling.

Hindi pa nagsawa

Pista'y pinahabà

Na tíla ang nais, ang mga bagà ko'y tuluyang ubusin,
Bakit nga aalis sa ganitong handang kay-sarap ng hain?

Busóg nang mikrobyo'y nagpaabot-sabi sa kanilang kapwa:
"Pumarito kayó, madalî, at dito'y kay-inam ng handa!"
Pagkadami-daming mga bagong dating na muling dumagsa,
Upang sa dugo ko at matabâng laman magsipagpatabâ.

At silá'y lumiyag

At nagsipanganak,

Hindi ng sampu lang o limampung sanggol kundi laksa-laksa,
At sa pistang ito ng mga mikrobyo'y ako ang salanta.

Ang dati'y mapulá't buháy na kulay ko ay biglang kumupas.
"Nangangayayat ka!" ang bati sa akin ng bawat kausap,
Ang sigla't lakas ko'y unti-unti ngunit tiyak sa pagtakas;
Ang lahat ng tanda'y nangagbabalitang may mapapahamak

Pagkat hindi tao

Ang mga mirkobyó

Kundi mga hayop na may sikmura nga'y wala namang utak
(At wala ring puso), kayâ't sa pagpuksa'y ni hindi nagbawas.

Ako'y mamamatay. Luksang guniguning nakapanlulumo!
Mga panauhin, pagdamutan sana ang tanging bilin ko:
“Nariyan ang hukay-lupang sariwa pa't yupi-yuping damo,
Kung ako'y mamatay at malagak diya'y ano na sa inyo?

Ngunit ang mapait

Na di ninyo batid

A, kung maging isang payak nang karimlan sa akin ang mundo,
Mga panauhin sa aking libinga'y kasáma ko kayó.”

TREN

ni Manuel Principe Bautista

1.

O tíla
ka ahas
kung saan
nagbuhat:
nagsuot
sa bundok,
sa lungsod
lumabas.

2.

Sa aking
pananaw
sa lahat
ng araw:
sugo ka
ng haring
hindi
mahadlangan.

3.

Dugo mo
ay langis,
uling mo
ay búhay,
lakas mo
ay apoy,
ugat mo
ay bakal.

4.

May ulan
ma't hangin
lumuwa
sumuba:
ang iyong
katawang

hindi
masansala.

5.

Sipol mo
sa hangin,
ang ibig
sabihin:
rumaragasa
kang
sa aki'y
darating.

6.

Dini sa
Tutuban
kita'y
hihintayin:
lulan mo
na kayâ
ang mutyang
habilin?

YOYO

ni Manuel Principe Bautista

Sa pising hawak ko'y paikot-ikot ka:
Lalayô sa akin
At muling babalik na tila pagsinta;
Sa isang tantang ko'y iyong nadaramá
Ang aking damdaming
Pinanunulay mo sa lunduang-hibla!

Sa kamusmusan ko ay kalarong-aliw
Ang kagandahan mong
Sa bawat sandali'y sinusundang-tingin;
(Pasasaan nga bang hindi magniningning
Ang kabataan kong
May kislap ng tuwang nagtataboy-lagim!)

Para kang ligayang padau-dausdos
Sa hibla ng pusong
Ang pagkakatali ay lubhang marupok;
(Di mo alumanang ang gilgiling-lungkot
Ay nakikisunong
Gumawa ng gatla sa kataling-lugod!)

At nang mangunypit ang bigat ng taon:
Ang taling nag-ugnay
Sa ating dalawa'y nakalas na buhol;
Gumulong-gulong kang nagpapatihabol
Na tulad ng buwang
Pingas na ang ganda nang aking matunton!

ANG GERILYA'Y NAPAKAHIRAP
(Isang awiting-bayan)

Ang gerilya'y napakahirap
Lagi sa bundok at mga gubat;
Ang puhunan namin ay búhay
Para sa ating bayan.
Kung minsang napapalaban
Hindi namin pansin gútom at uhaw;
Masinggan, riple, at granada
Ang lagi naming dalá-dalá.

LABORATORYO AT DAMBANA

ni Teo S. Baylen

Kung ako ay bigo at hindi natuto
Sa naiwang aral ng maraming siglo,
Kung di ko nakamtan sa mga likha ko
Ang saganang búhay at payapang dako,
Kung ang kabihasnang ito ay patúngo
Sa daang madugo na apoy ang dulo,
Kung ito ang bunga ng laboratoryo
At ng aking kristal na subukang-túbo,
Bayaang magbalik ako sa araro
Na pinanggalingan ng payak na tao,
Ang paniniwala ay muling dadako
Sa tinalikurang sinag sa Kalbaryo—
Ako ay babalik na yuko ang ulo
Sa aking iniwang dambana sa kubo!

UWAK SA AKING ULUNAN

ni Teo S. Baylen

Uwak, Uwak, Uwak!
Napaimbulog ka, at sa himpapawid,
Sa aking uluna'y umali-aligid.
Ibig mong lumangkap
Sa kapayakan ko at dine sa tuktok,
Nais mong magpugad sa puti kong buhok.

O palalong pakpak!
Di ako papayag na pagpugaran mo
Ang nagkaputong kong may danas na noo.
Huwag! Huwag! Huwag!
Bakâ masubasob ako't mabaklasan
Kung sunungin kita sa mabatong daan.

May munti mang kislap
Ang sa aking noo'y nalagak na sangla,
May naiwan namang malalim na gatla.
Pag ikaw'y lumapag. . .
Lahat ng inani sa aking tagsibol
Ay magiging yagit sa aking ataul.

KUNG TUYO NA ANG LUHA MO AKING BAYAN
(*Agosto 13, 1930*)

ni Amado V. Hernandez

Lumuha ka, aking Bayan; buong lungkot mong iluha
ang kawawang kapalaran ng lupain mong kawawa:
ang bandilang sagisag mo'y lukob ng dayong bandila,
pati wikang minana mo'y busabos ng ibang wika;
ganito ring araw noon nang agawan ka ng laya,
labintatlo ng Agosto nang saklutin ang Maynila.

Lumuha ka, hábang silá ay palalong nagdiriwang,
sa libingan ng maliit, ang malaki'y may libangan;
katulad mo ay si Huli, naaliping bayad-utang,
katulad mo ay si Sisa, binaliw ng kahirapan;
walang lakas na magtanggol, walang tapang na lumaban,
tumataghoy, kung paslangin; tumatangis, kung nakawan!

Iluha mo ang sambuntong kasawiang nagtalakop
na sa iyo'y pampahirap, sa banyaga'y pampalusog:
ang lahat mong kayamana'y kamal-kamal na naubos,
ang lahat mong kalayaa'y sabay-sabay na natapos;
masdan mo ang iyong lupa, dayong hukbo'y nakatanod,
masdan mo ang iyong dagat, dayong bapor, nása laot!

Lumuha ka kung sa puso ay nagmaliw na ang layon,
kung ang araw sa langit mo ay lagi nang dapithapon,
kung ang alon sa dagat mo ay ayaw nang magdaluyong,
kung ang bulkan sa dibdib mo ay hindi man umuungol,
kung wala nang maglalamay sa gabi ng pagbabangon,
lumuha ka nang lumuha't ang laya mo'y nakaburol.

May araw ding ang luha mo'y masasaid, matutuyo,
may araw ding di na luha sa mata mong namumugto
ang dadaloy, kundi apoy, at apoy na kulay dugo,
samantalang ang dugo mo ay aserong kumukulo;
sisigaw kang buong giting sa liyab ng libong sulo
at ang lumang tanikala'y lalagutin mo ng punglo!

ANG DALAW

ni Amado V. Hernandez

Sa kulungang yaon na dalawang dipang kahong parisukat
sa napakalaking bilanguang hindi malipad ng uwak,
isang dambuhalang bibig ni Satanas,
siya'y nag-iisang sa mundo'y tiwalag.
Waring nabaligtad
ang mundo at siya'y sa ibang lupalop biglang nabalibag;
gayunman, ang kanyang isipa't pandamdang ay lalong tumalas:
biláng niyang lahat
ang kawil ng oras,
ang panaho'y parang panyolitong itim sa luha magdamag;
magaspang at pangit na nagbukang sugat
ang mga tanawin, anino't hinagap
sa loob at labas
ng seldang piitan, abot man o lingid sa kanyang pangmalas—
ang masinsing banig na bakal, ang rehas,
ang kabi-kabila ay moog na batong malamig, matigas,
ang munting dungawang mandi'y nakapinid gayong nakabukás
palibhasa'y bawat sulyap na nakawi'y sinasangga agad
ng kortinang kawad;
isang pinggang láta at basong may lamat,
tinapay na lumang pinag-aagawan ng ipis at amag,
isang timbang tubig na ang kitikiti'y binhian ng lagnat;
may gagambang payat,
lambat nang habihin ay siya ang unang sinapot ng lambat;
lapis na maikling laon nang hinapo sa kinasusulat,
tatlong dahong papel at kabyak ng aklat
na kupás ang titik at tanggal ang balát;
ilaw na malabòng sa dilim anakin ay mata ng bulág,
kaputol na langit: layag ng sinigwa sa dagat ng ulap,
kaputol na lupa: nakangangang libing ng kinulampalad,
matandang aguhong kurus na lungayngay sa dinaláng hirap...
At ito na lámang ang kanyang daigdig: gabing walang búkas
sa kawalang-layang hindi madalumat.
Diyos ko! Diyos ko! ang pasamong tawag,
pati Diyos mandi'y umilas sa kanyang pagkakawakawak.

Iyon at iyon din ang mga sandali: di palatandaan
kundi isang lambong na lalong pamawi ng panaho't bílang,
sambungkos na lubid na hindi makalas ng oras at araw;
gigísing sa seldang mistulang libingan,
maghapon ang saglit binibilang lámang

sa yabag ng bantay;
rasyon sa bilanggo ay di malasahan
kasi'y kaluluwa ang gutóm sa laya, sa mundo, sa búhay;
paglatag ng dilim, abuhing kabaong ang kanyang himlayan,
ang lungkot ng gabi'y singhaba ng kanyang mga kalungkutan;
magtanong sa hangin, tumawag sa buwan:
Ang minamahal ko'y nasaan, nasaan?
Ang kalayaan ko'y kailan, kailan?
Ang tugon ng hangin ay tawang pauyam,
at ma'nong punitin ng buwan ang panglaw
sa irap ng kanyang matang mapupungay!

Datapat ang laging inuusal-usal ng bibig at isip
ay ang mga araw, butil ng dasalang inuulit-ulit
magsapol sa Lunes
hanggang sa Sabado ay anim na buhol ng libong pasakit,
ang bawat sandaling mapigtal ay tinik,
kung may bulaklak man ay sugat ng dibdib;
subalit
kay-bagal ng araw—batàng inutusa'y hindi na nagbalik!
Kay-kupad ng gabi—impong di malulon ang hinigang banig!
Sa wakas, masayáng sumapit
ang Linggong dahilan ng lahat ng kanyang mga pagkainip,
ikapitóng guhit
ng pulpol na lapis,
araw na mapalad, araw na matamis—
A! pagkakataóng kapana-panabik!
siya'y dadalawin ng mutyang kapilas ng kanyang pag-ibig,
masintahing yakap at masuyong halik...
At siya'y nagdiwang, ang dusa'y pinalis,
maliksing nag-ayos, matuling nagbihis,
ang tanging kinai'y sanlagok na tubig;
lipos ng lugod pang sumipol, humuni, at umawit-awit,
hábang hinihintay ang tanging ligaya sa pagkakapiit.

Oras na ng dalaw. . .
Ang paghinga'y pigil sa pakikiramdam:
naghintay, umasam,
umasam, naghintay,
maghápon na yata ang nakararaan.
Di karingat-dingat ay umalingawngaw
sa buong brigada ang boses ng bantay.
A! tumatawag na ng mga pangalan. . .
kanyang pinakinggan:
"Umali. . . Pasumbal. . .
Lumanog. . . Dakansay. . .

Baking. . . Nava. . . Brusal. . .
Madalí! Hep, hep, hep! Dalawahang hanay,
at walang imikan!”
Anakin ay kawan
ng ganid sa hawla ang pinakawalan,
unahang sumibad sa pintong nabuksan.
Lumipas ang oras na napakabagal,
wala pa ang tawag. . . kay-tagal, kay-tagal!
Siya’y bakâ kayâ nakakalimutang
tawagin ng bantay?
Waring pinapasò at di mapalagay. . .
walang ano-ano’y umugong na muli ang kilaláng sigaw:
“Delacruz. . . Palmehar. . .
Valerio. . . Adelan. . .”
Ang pangalan niya ay wala na naman!
Sang-oras. . . dalawa. . . at kanyang natanaw,
ang nagkakatuwang pulutong ng presong gáling sa dalawán,
tapos na ang dalaw.
Naglambong ng silim ang mukha ng araw
hanggang sa tuluyang
ang buhok na ginto’y agarang pusuri’t itim ang ilugay;
siya’y tigib-lumbay,
ang pag-asa’y naging isang kabiguan
hanggang sa madantay
ang kamay sa pisnging luhang mapapait ang nag-uunahan.
Noong ibabala ng lumang batingaw
ang oras, napansing gabi na nga paláng anong pagkapanglaw,
sakâ naniwalang puso’y naluluray:
Wala siyang dalaw!
Wala siyang dalaw!
O! napakalupit na katotohanan
sa isang bilanggong kapos-kapalaran.
At kanyang nadamá na ang bilanggua’y
kung nakamamatay,
dahil sa paglimot na nangasa layang pinakamamahál!

KALABAW

ni Manuel Car. Santiago

Hinanap ko nang hinanap
ang wagas na kasiyahan
ngunit hindi ko nakita.

Sa halip, ang pagnanasà,
sa sandaling pairuga'y
lalo't lalong pumipita.

Akala ko'y pumanaw nang
tila isang panaginip
ang wagas na kasiyahan;

Sa wari ko, bawat hangad,
walang takda, walang guhit,
walang wakas, walang takal—

Hanggang sa nang makita kong
sa lilim ng kakawate,
tahimik mong nginunguya
ang sambungkos na sakati.

LAGI NA'Y KAILANGAN KONG GUMISING NANG MAAGA

ni Tomas F. Agulto

Lagi na'y kailangan kong gumising nang maaga,
Karaniwang namumulagat akong magalas ang mata;
Walang ibang inaasahan sa maligasgas na kama
Kundi ang sarili upang ibangon ang pangangalay
Ng katawa't isipang pinaligamgam ng hininga ng unan
At karinyo ng kasi-kasiping kong electric fan.

Pagkat kay-daming dapat unahi't tapusin,
Madalas ay hinihikayat ko ang sariling maging
Optimistiko sa nagsala-salabid na suliraning
Kaakibat yata ng normal na pagtibok ng puso at pulso;
Kumain sa oras nang walang inaakalang peligro
Na búkas-makalawa'y sumaliwâ ang ikot ng mundo.

Sa gayo'y inspiradong aalmusalin ko ang umuusok
Na tasa't sigarilyo, kahit nag-aalangang manghimasok
Ang alikabok, trapik, pulis, dili kayâ'y mandurukot.
Anumang sanhi ng pagkahulí sa takdang oras
O pagliban sa pinapasukang opisina'y nararapat
Pag-ukulan, unang-una, ng ibayong pag-iingat.

Ang pagiging masunurin, kaipala'y kapuri-puring
Katangian na pinaglalagakan ng lihim at pansariling
Pagnanasang tumaas-taas ang karampot kong sinasahod tuwing
Katapusan. Pangarap kong yao'y mag-init sa aking kamay
At maipangahas sa kahit katiting na luho ng katawan.
'Ika nga'y magbihis kung Linggo't humigop ng sabaw!

Sa walong oras na paninimbang at pagtuntong sa numero,
Kung bagá sa motor, ang inaasam-asam na umento
Ay gasolinang makapagbubuyo ng maluwat na serbisyo.
At sa maghapon pagkukumahog ng robot na katawan,
Sa maghápong pagkukumagkag ng de-bateryang isipan,
Kay-dami ko nang nakakalingatang asikasuhin sa búhay.

Gayunma'y konsuwelo kong ilang bagay pa rin ang di nawawala:
Ang aking karapatang magbuntonghininga, tumunga-tunganga
At magdili-dili ng mga kasiphayuan sa balát ng lupa—
Kung paanong ang bangka at bangkay ng mangingisdang ama
Ay di nakatubos sa nakamatayang pangarap ni Ina;
Pugót na anino ang mga kanayong di na nakikita.

Tuwing naguguniguni ang mamamalakayang sumusuba sa unos,
Nanlalamig sa pawis akong lalambatin ng kilabot.
Sa nakaliliyong magdamag na paghahagilap ng antok,
Di na magawang kalmahin ang sarili't pairugang maghilik:
Pagkat anumang pamumulikat ng katawa't pamimitig ng isip,
Kailangan kong bumangon nang maaga't lulunin ang banig.

PAGHIHINTAY NG UNANG ULAN NG MAYO

ni Lamberto E. Antonio

Mauling na langit at uuga-ugang sergang walang sampay.
Sa gawing tumana, atungal ng kambing.
Sinisimulan nang isilong ng Lola
Ang dahon ng tabakong nakalatag sa tabing-kalsada.
May kagampang sabik na naghihintay ng ulan:
Hawak ang isang prasko at inuusisa ang alulod.
Hubad-barong nagtatakbuhan ang ilang musmos,
May isinisigaw tungkol sa salagubang.
Buwan na nga palá ng mga bulaklak...
(Buwan na ang unang pag-ulan ay dapat sahurin,
Sang-ayon sa huklubang haka.)
Pipikit na rin ang mga bitak sa pinitak.
At darapo ang tagak sa likod ng kalabaw.

Minasdan ko ang mga punongkahoy
Na nagtatakwil ng mga tuyong dahon.
At nang sumigid sa buto ko ang hanging malamig,
Namilaylay ako sa pasamano
At nagsindi ng sigarilyo.

ANG UNANG SULYAP SA TAÓNG 1967

ni Lamberto E. Antonio

Ang mga tao'y
Uod sa bunganga ng simbahang-Quiapo—
Isang uri ng natungkab na nitso;
Sa loob,
Naaagnas na bangkay
Ang bawat pari at santo.

NAPAGAWI AKO SA MABABÀNG PAARALAN

ni Lamberto E. Antonio

Napagawi ako sa mababàng paaralan
Na dating karnabal ng kambing, baboy at kalabaw,
At dating kubeta ng ilang kababaryo
Pag bakasyon grande o Sabado't Linggo.
Di na ito ang ilang tiwangwang na kuwartong may tapal
Na sawali't atip na kugong butas-butás, na ang klaseng
Nagdidiskas ng Pepe en Pilar at gud maners
Ay tanaw na tanaw ng mga sabungerong naglalakad.
Ngayon, may arko nang bakal at alambre ang geyt;
May bakod na pader, magarang plagpol, entablado't
Basketbolkort na kinauukitan ng nagdudumilat na
“Donated by Gov. Mokong de los Oros” at ng
“Alay nina Don at Doña Pilipito Palpatok.”
Sa sementadong saydwo, sa pasamano't haligi ng munting pasilyo
At ibabàng panig ng kongkretong dingding, kung nakapila
Ay nagsisiksikan ang mga pangalang karamiha'y
Patrong tagaibang bayan: ilan dito'y mga nakaklaseng
Kabisote, mangongopya, tugain, nakalaspren o naiihi
Sa salawal sa pagkuha ng test
Kundi may DR. o ENGR., may ATTY.
Bawat pinto, may karatula ng ngalan ng guro
Narito pa rin si Mrs. Monay na mahilig maghinuli,
Si Mr. Pangan na laging ngumangata ng babolgam.
Sa likod ng gusali, ang marikotitos na letering
Ng pagdeskarte sa babae'y nabása ko sa haligi ng wari'y
Narseri; sa mga punò ng papayang bunga'y tambulukan;
Sa tambak ng retasong mga tablang may bakás ng anay.
Komo nabakante ako sa pandadayuhan bílang karpintero,
Naawitan akong gumawi sa mababàng paaralang
Nagpautang sa akin noon ng musmos na karanasan;
Kasáma ang aking martilyo, lagari't radela'y nagpaunlak ako:
Wika nga'y ito lang ang káya kong paraan ng paglingon
Sa pinanggalingan (na di ko napuspos nang mahinto ako't
Naulila sa mga magulang). Gumawi ako
Rito para atipan at palitadahan ang mga komportrum,
Dahil nakabingit na naman ang pasukan—at para maiyukit ko,
Kahit papa'no, ang aking pangalan.

SA HARAP NG MAKINILYA

ni Teo T. Antonio

Parang bangkay ang makinilya,
di maitipa ang mga letrang gugunita
sa mga batàng nilamon ng dilim
sa paghahanap ng liwanag.
Matalim na karbon ang kahapon:
tumatarak sa duguang papel
ng kasalukuyan,
malalabòng letra ang hinaharap
na hindi pa naititik sa dugo.
Saan natin makakabangga
ang di matatakasang wakas?
Ang búhay ba'y simula lámang ng mga simula
na nagwawakas sa isa ring simula?
Tanggapin na nating
táyo'y laging nagsisimula,
táyo'y laging nagwawakas,
táyo'y nakikitalad,
laging nasusugatan.
Sapagkat naniniwala táyong
hindi tadhana ang humubog
ng ating paniniwala.
Hindi pamahiin ang bumulaga
sa ating ulunan.
Hindi kapalaran ang nagpatigas
sa ating mga loob.
Ikaw, ako, o sinuman
lagi't laging may pananagutan,
lagi't laging may tungkulin,
lagi't laging may pagkakamali,
lagi't laging may pagtutuwid,
lagi't laging may suliranin,
lagi't laging may pag-aalinlangan,
lagi't laging may pangamba.
Ang iba'y sumusukò.
Ang iba'y tumatakas.
Ang iba'y naninindigan.
Aminin na nating kailangang humarap
sa tungkulin at pananagutan.
Mahirap magtanong sa makinilya.
Mahirap kausapin ang makinilya.
Ilang sandali pa, siya na ang mangingibabaw.

Siya na ang magtatakdang
isang tuldok ang búhay,
isang tandang pananong,
isang kuwit sa pagitan ng mga letra.
Ang itim at puláng ribon
ay mahabàng ikit ng daigdig.
Sumusúlong, umuurong,
kumakaliwa, kumakanan,
minsa'y pulá, minsa'y itim.
Ang aserong kamay ng makinilya
ay nagwawasak ng tahimik na sandali.
Magbubuo at magtatatak ng mga titik
na hinugot sa puso, utak, at budhi.
Magtatatak ng mga salitâng nang-uusig,
salitâng nagsusuri, salitâng nagtatanong
na maging ikaw, silá, at ako
ay maghahanap ng isasagot.

BINHI NG IILANG SALITA

ni Teo T. Antonio

*“From one world to the other
What I say vanishes.
I know that I am alive
Between two parentheses.”*
—Octavio Paz

Dahil walang katiyakan ang búhay,
natitiyak kong mabubura o masusúnog,
ang iilang salitâng nailagda sa papel.
Nabubúhay ako sa binhi
ng iilang salita’t katagang nilagyan
nilá ng panaklong.
Ang makipagniig sa kawalang-hanggan
ay alamat lámang at tunay,
tunay na walang katiyakan.
Hindi ako nag-aalinlangan
sa dulo ng alinlangan;
kung ang binhi ng iilang salita’y
matulad sa semilya ng isda.
Lumangoy sa mahabàng ilog
at nakarating sa dagat.
Walang katiyakan kung makababalik
ang lumaking isda sa minulang ilog.
Nakidigma sa dahas ng alon
at sigwang naghatid sa kaniya
sa malayòng pampang. Sinalubong
ng mga tao sa daungan na parang
isang nadakip na mandirigma;
ginilitan at inasnan,
ibinilad sa sikat ng araw.
Pagkaraa’y pinagpistahan ng maraming
labi’t dila ang lasa’t linamnam.

PANANAHAN

ni Rebecca T. Añonuevo

Hindi pa rin nababagot ang kisame
sa tatlumpung taon kong pagkakatitig.
Ilang patong na ng pintura
ang kaniyang naamoy, ilan nang pukpok
ng martilyo kapag may umangat
na balát, ilang pusa na ang nagkasiya't
lumusot sa mga siwang sa tagiliran,
nagpalitang-anhang ang ulan at araw,
ang kisame'y kakabit pa rin
ng isang buong bahay,
ng isang kaloob-looban.

Kung bagá sa mga kalapati sa isang tanyag
na plasang dinadayo ng mga turista
doon sa kabilâng ibayo ng mundo
na madalas kapitan ng niyebe,
iisa ang kinagisnan kong liliman,
iisa ang eksaktong pook na pinili
kong latagan ng mga pakpak
mula nang musmos pa ako hanggang matutong
kumampay nang mag-isa; alam na alam ko
ang amoy ng dibdib ng aking ina,
alam ko ang tanging lupang luluhuran
at hahalikan sa paa.

Hindi ako pangahas na manlalakbay.
Hindi ako nagtangkang magbálot ng damit
para makapangibang-bayan at hindi na bumalik.
Kung sa iba'y napakalawak at paulit-ulit
ang mga larawang kilalá ko sa araw-araw:
isang punò ng bayabas na madalas
magbunga ng sinlaki ng dalawang
magkapatong na kamao ng tiyo kong mahilig
maghimas tuwing umaga ng panabong na manok,
hábang binubugahan ng usok ang pakpak
at sinusukat ang tari laban sa kaaway.

Kung pista ng aming patron ay taranta
ang nanay ko sa paghahalò ng ube
sa kawali, at sa pagkukudkod ng buko;
di maglalaon ay darating ang mga bisita,

mag-uunahan sa pagtikim sa nakahaing putahe,
magsasabay sa kuwentuhan, may mahihirinan,
hábang parang pompiyang sa bánda ng musiko
ang kanilang halakhakan.

Balik pa kayó, ang paanyaya'y panata
na ang pagtanggap at paghahanda
para sa mga kaibigan ang pinakamatamis
na panghimagas sa islang ang palaspas
ay malapit nang maglahòng mga kundiman.

Dito ko inabutan ang maraming batàng
nakasukbit ng kani-kaniyang pangalang
pinitas sa mga alamat at mitong nakasal
sa mga dayuhan; mapapalipas ko ang oras
sa panonood sa kanilang paroo't paritong
takbuhan, sa nakaririnding sigaw at tuksuhan,
pagpapaandar ng bangkang-papel sa kanal,
ang kaba ng mga kalarong tutulian,
paglundag-lundag sa lunday ng walis-tingting
at mga pangarap na sintinis ng mahabàng paswit
kapag orasyon na't kailangan nang sumilong
dahil hindi na makita ang balahibo
sa anino ng mga tangkay ng dahon.

Lumalaki ang mga musmos na larawan
at ayokong malingat sa kinatatayuan.
Minsa'y nayanig ang sambayanan
nang magsaboy ng abo ang isang bulkan
na parang sinisimulan pa lang ng Maykapal
ang kalawakan, pagkatapos ay nagluwa
ng sumpa ng isang mahabàng panahon ng lahar
na nagpabuwal sa mga tulay at simbahan
at mga bahay; ang malalapad na bukid
ay mistulang nakalatag na mga putíng kalansay.

Ngunit hindi nagsilisan ang mga nananahan.
Nakatindig silá sa mga nakausling bubong,
ang iba'y nagsalansan ng mga sako ng buhangin,
na para bang makapipigil iyon sa pagsalakay
ng tubig ng kamatayan. Isang kahangalan,
sasabihin ng lahat ng tumatanaw
at nakasasalat sa malalalim na pilat ng iyong pulô,
malalalim na pilat na sintalas ng mga punglo;
pagkatapos ng pagngatngat ng tagtuyot
ay sunod-sunod naman ang bininyagang mga unos
na humiklat sa mga pananim sa nayon

at nagparalisa sa lungsod.

Ang mga sinalanta'y nakakapit pa rin nang mahigpit sa inaanod na haligi ng mga bahay; para bang iyon ang magdurugtong sa nangangapos niláng búhay.

Kaninang tumutusok muling parang aspile ang tanghaling-tapat ay dinalaw ko ang malaking simbahan sa bayan; mula sa palengkeng nasúnog ay tinawid ko ang katapat na pinakamatandang bangkong nakatayô sa plasang ipinangalan sa rebulto ng isang bayaning nakasakay sa kabayo, nakataas ang tabak, at namunò sa mga rebolusyonaryo noong panahon ng himagsikan. Nais kong maamoy ang adobong mani at usok ng mga nakatirik na kandila, ang mga inilalakong medalya at langis laban sa balis, ang mga paubós na bulaklak pagkatapos ng undas, ang nagtining na bendita sa sinasawsawang marmol na lalagyan, malapit sa makapal na pintong yakal na bahagya lang ang pagkakabukás, hábang sa may paanan ay pinakikinggan ng nakalugmok na mag-ina ang kalansing ng limos na barya at ang dagundong ng kumakalam na semento.

Minsan ay pinilit kong burahin sa alaala ang iyong pangalang tíla ang kakabit ay walang hanggang karukhaan, mga sugat na nanganganak, paulit-ulit na kamatayan, mga pagtataksil at paglapastangan; tinangka kong tumalikod, magbitaw ng sumpa, kailanman ay hindi mo nasudsod ang sahog ng lahat nitóng inialay na pag-ibig. Tinanaw ko ang ibang daigdig at nilanghap ang kariktang hindi mo naipangako. Ngunit kahit itong tula, isang munting nakayanan, ay hindi pa rin makapagtapat, hindi makatapat, hindi sapat, hindi mauunawaan ng mga bahaging napilas, paanong nagpasiyang ikaw ang itangi, ikaw—ikaw lámang, ang babalik-balikang walang ibang tahanan.

ALAALA SA SAN VICENTE

ni Roberto T. Añonuevo

Nagtanim ng mga kalansay
sa hardin ang mga sundalo
sa bayan ko.

Gumapang na ampalaya
ang pangitain ni Jake,
ang batàng sumalo ng punglo
nang sumigaw ang armalayt.
Namukadkad na repolyo
ang diwa ni Kristina
isang gabing sinalubong niya
ang taksil na patalim.
Kumapal na lumot at luad
ang alingawngaw ni Berting
dahil kinain ng putik
ang bangkay ng isang ama.

Ngunit walang nakakikilála
sa kamatayang nangagsisapi
sa mga hininga ng salarin.
Tanging mga damo at gamugamo
ang magsasabing lumulungti
ang kanilang damit tuwing gabi,
nagmamanman sa mga ligáw
na anino, at handang magtakda
ng daan sa kisapmatang paghalik
sa lupa. Ayokong ihakang
nagsasáka ang maykapangyarihan.
Gayong malimit siláng gumagapas
ng maninipis na hininga,
upang pagkaraan ay ihasik
sa malulungkot na dapyo ng simoy.

Sapat nang sabihin na dito,
dito sa isang masukal na hardin
itinanim ang mga kalansay
kayâ sumisibol ang mga abo
ng mga walang pangalang tao.

BAIT NG KARAGATAN

ni Roberto T. Añonuevo

Kumislap sa noo ang pangarap, at nahimok siyang
maipaloob sa kaniyang guniguni si Lhano Dhondrup.

Pangangalanan siyang gaya ng Tenzin Gyatzo
sa tumpak na pagkakataon; at sa atas ng kalangitan,

muli siyang tatanghalin bílang dakilang Dalai Lama
na malayo sa mga simoy ng Tibet, China, at India.

Inaasahan niyang hahabihin siyang gaya ng abaka,
at hahasain siya ng pantas, pitho, at paham sa loob

ng labing-anim na taóng pagpapakadalubhasa
sa mga lihim ng kabanalan, kapatiran, karunungan.

Isasapuso niya ang paglalakbay na babaliin ng isip;
ang mga araw, bituin, at buwan na makaniig

hábang hinihimig ang talinghaga ni Shantideva
na umiiral sa bawat laman at gulugod ng paligid.

At sasapit siya sa itinakdang Templo ng Jokhang,
hindi sa Lhasa, ngunit maaaring dito sa Palawan.

Lilitisin siya ng may tatlumpung iskolar ng lohika
sa umaga ng kaniyang pagharap sa mga tungkulin.

Mananaig siya, at lilitaw sa katanghaliang-tapat
ang labinlimang batikan sa pilosopiya ng Budismo

upang makipagpingkian ng katwiran sa kaniya.
Mangibabaw man siya'y may tatlumpu't limáng

iskolar muli ang darating pagsapit ng gabi
at mag-uusisa hinggil sa kaalamang monastiko

at metapisika na pawang kinakatawan niya.
Tila molekula lámang siyang makapaglalandas

sa gayong anyo ng mga moog. Magaan niyang
maaabot ang yugto ng pambihirang Geshe Lharampa

at iluluwal siyang higit na kagálang-gálang,
kataas-taasan, kabanal-banalan ng piling lipi.

Samantala’y naririto siya sa mainit na kandungan
ng isang mapagsapalarang Sama Laut, sinusúso

ang munting hinlalaki, idinuduyan ng tubig
ng pagmamahal, at binibinua ng lawas ni Tuhan.

Batid niyang hahanapin siya ng mga sugòng
Lama, upang sunduin at ipagpatuloy ang siklo

ng pagbabalik sa lupain na labis na pinakaiibig.
Makislot ang kaniyang guniguni, napakakislot.

Piit ng kaluluwa niya ang labing-apat na Bo,
at ang kaniyang utak ay mikrokosmo ni Buda.

Ngunit ngayon pa lámang ay binibiyak na siya
ng sagradong anino ng simbahan at ng masjid;

hinahanggahan ng piratang Tausug at marinong
Tagalog ang laot na marapat niyang paglayagan;

sumasalakay ang mga saitang sumapi sa kargadang
Chino pa-Tawi-Tawi hábang umiitim ang buwan.

Nása kaniyang gunita ang mga pilat ng arkipelago,
at taglay ng kaniyang pusod ang kaisahan ng alon.

Tulad ng alamat, napagkakamalan siyang sugatang
lepa na ibig tangayin ng dambuhala’t metalikong pahi.

(Hindi siya hitano ng tubig. Dumadaloy sa kaniyang
mga ugat ang mga Dakilang Ummaged ng Magdaragat.)

Damá niyang may kubling gahum ng intoleransiya
ang tatambang sa kaniyang bagong paghuhunos.

Ngayon ang ama niya, na nagmumuni sa panginorin,
Ay nasasabik na makayápak sa Lupang Hihimpilan.

“Anong wika ang makapagpapalaya ng pighati?”
Kailangan niyang makinig, makiniig nang tapat.

Isa lámang siyang lagás na talulot ng walingwaling
sa dalampasigan ng napakailahás na kaluwalhatian.

Tiyak niya ang isasagot sa mga tanong na darayo.
Siya ang Diwa ng Magosaha, at animo'y destiyero.

MASUWERTE ANG MGA BÁKA

ni Romulo Pascual Baquiran, Jr.

Masuwerte ang mga báka, kapiling nilá ang parang
Na binubugahan ng simoy ng langit na bughaw.

Kalaro ng langgam, tipaklong, at paruparo;
Nása lilim ng bituin ng tulóg na mundo.

Ligtas sa buwis na kamkam ng estadong báka,
Ligtas sa tsismis ng pintasero't mahadera.

Di kailangang ang mga tainga'y magpanting
Sa walang kawawaang pag-unga o pasaring.

Di kailangang itong dugông báka'y dumanak
Kapag harapang nagtaksil ang sintang kabiyak.

Di kailangang makibáka sa pagtataguyod
Ng kamalayang hidwa ng nása ibang bakod.

At kapag nadudumi o kapag naiihi
Wala nang kube-kubeta't paglalabas ng ari.

Higit sa lahat, sakaling kumulo ang tiyan
Puwede nang nguyain ang higaang damuhan.

Kayâ sa timbang ng búhay na buntonghininga
Sadyâ... sadyâng masuwerte ang mga báka.

KASALO

ni Joi Barrios

Ang babae ay hindi kaning inihahain
sa mesa ng matrimonya,
iniluluwa kapag mainit at takót kang mapasò,
sinasabawan ng kape sa umaga
kapag ikaw ay nagkulang,
at itinatápong tutong
sa kaniyang pagtanda.

Ang babae ay hindi karneng
dinudurò at kinikilo,
iginigisa ang laman sa iyong mga pangako,
inilalaga ang buto sa iyong pagsuyo,
at ginagawang sitsaron ang balát
upang maging pulutan.

Ang babae ay hindi halayang
panghimagas sa iyong kabusugan,
inumina sa iyong katandaan,
o putaheng nilalaspag tuwing may handaan.

May tiyan din siyang kumakalam,
may sikmurang kailangang mapunan,
at pusong dapat mahimasmasan.
Kasáma mo siyang nagtatanim ng maisasaing,
katuwang na naghahanda
ng almusal, tanghalian, at hapunan,
kaharap at kasalo sa kinabukasan.

BISIKLETA SA BUWAN

ni Mike L. Bigornia

Minamahalaga ko
ang buwan
at ang dati nitóng
kahulugan
hábang may bisikleta
at tag-araw.

Sa aking romantikong
kabataan,
ang bisikleta
at tag-araw ay iisa.
Parehong
may borlas na kulay-kahel,
minsa'y nikelado,
posporesente,
sa masangsang
at nagpipistang gabi.

Sangahan
ang tag-araw at bisikleta,
may arogante, may dungo,
minsa'y manas
o tisikong lobo,
gumugúlong,
paikot-ikot
sa mga abenida
ng bagong subdibisyon.

Sa pelikula
ng tag-araw,
rumoronda
ang mga bisikleta,
at naroon siyempre
si Rolando,
humahagibis
ang ngiti at buhok,
naroon
si Benjamin,
amoy-tsiko,
namumungay
ang eskarlatang mata,

si Remedios,
bagong kolorete
sa ilalim ng antehos,
si Ilustre,
pagiwang-giwang
na tikbalang,
si Joven,
may supalpal na sigarilyo
at patuksong hinahagad
si Araceli
na padila-dila,
pairap-irap
sa hangin,
at naroon din,
ako,
may bungang-araw
at balîng rayos.

Ang bisikleta
at tag-araw
ay laket
ng kapusukang
adolesente
na di-sinasadyang
nahalungkat
sa lumang drower
o bulsa
ng gunita.

May kakatwang himig
ng mga lamat
at agiwing gitara,
kasaliw ang sipol
ng init,
at biglang susulpot
si Delfin,
tsatô at kayumanggi,
angkas
si Consuelo
na pinamumukulan
ng dibdib,
pumipidal
nang mabilis
patúngo sa pisngi
ng buwan.

NANG MAUSO ANG MAGMAKATA

ni Mike L. Bigornia

Hindi namin maalaala kung kailan at paano ito nagsimula sa bayan ng Bernabe-Balmori. Basta na lámang kumalat na tila epidemya o súnog.

Biglang gustong magmakata ng lahat. Mula sa posible hanggang sa imposibleng magtagi ng talinghaga. Mga titser sa primarya. Mga bagong salta sa kolehiyo. Mga ahente at magbubukid. Mga batilyo at mamamalakaya. Mga istambay at miron. Mga kutsero at magtataho. Despatsadora. Tsuper. Lahat-lahat. Ultimong meyor at mutsatso, nagpipilit magtugma.

Nása lipunang Malaya táyo kayâ kalabisang pigilin ang ambisyon ng isang mamamayan. Karapatan itong di dapat panghimasukan. Una’y hindi naman ito labag sa batas. Isa pa’y di malayòng marami ngang lumitaw na makata, sa tulong man o hindi ng dasal.

Batid namin ang prestihiyong kadikit ng titulong makata. Pero bakit naman siláng lahat? Simpleng ambisyon ba ito o kahibangan? Hindi maiaalis sa aming peryodista ang mag-usisa. Agad kaming naglibot upang kapanayamin ang mga tao sa lansangan.

Bakit mo gustong maging makata?

O bakit ka sumusulat ng tula?

Sagot ng dalagitang estudyante, “Kasi tula ang pinakamadalíng isulat. Nakakatatlo hanggang lima ako sa buong maghapon.”

Wika naman ng mekaniko, “Kumbagá sa trabaho, dapat may espesyal na kagamitan. Sa talyer ng búhay, ang tula ay mahalagang rimyentos.”

Dagdag ng estibador, “Bawat isa sa atin ay may sariling sako at krus sa balikat. Sa akin lámang magmumula ang tula ng aking uring kinabibilangan.”

Singit ng kaminero, “Ang makata ay hindi ganap na makata kung hindi niya káyang maglatag ng landas tulad ng aking ginagawa.”

Paglalogom ng basurero, “Ang búhay na dahóp sa lansa at mikrobyo ng taludtod ay tulad ng matamlay at maputlang talulot.”

Sa dami ng nakalap, sapat na upang makabuo kami ng pang-ulong balita. Ngunit sa ngalan ng pantay na pamamahayag, naisip naming hanapin ang kilalá at kaisa-isang makata ng bayan.

Madilim na noon bagama't maliwanag ang mga ilaw-poste. Inabutan namin ang makatang paalis sa kaniyang bahay at tila may kung anong tinatakasan. Nakilála namin siya sa kabilâ ng kaniyang malaking sombrero at talukbong. Binalam namin siya sa paglakad at tinanong tungkol sa kakatwang nangyayari sa Bernabe-Balmori.

Ano ang masasabi ninyo, Ginoong Makata?

“Makata? Nagkakamalî ka, Binibini. Ako'y karaniwang tao lámang na may pambihirang karamdaman.”

Hinubad ng malaking pigura ang kaniyang sombrero at talukbong at sa tanglaw ng mga ilaw-poste ay lumitaw ang kaniyang mukhang naaagnas sa ketong.

ANG BATÀNG NANGARAP MAGING ISDA

ni Ronaldo Carcamo

Isang umaga, mistulang akwaryum
ang aming bintana. Pagdungaw ko
kaagad tumambad ang hubad
at hubong paslit—nangangarap
magkahasang at kaliskis sa bahâng
salamín ng mabigat at namumugtong
ulap. Nakakandong ang dibdib.
sa lupa, hábang nagkakakawag
ang mga paa't kamay. Ngunit hindi
siya umuusad. At hindi makausad.
Pag may dumaraang sasakyan, buong
pananabik niyang sinasalubong
ang mga alay ng alon. Iniaangat
ang mukha at dinaramdam ang sampal
ng halik nitóng ilog ng lungsod
bago muling sisisid at magkukunwaring
lumalangoy. Pero nang lumapit
ang inang nagdidikit ang kilay
sakâ lang siya naging isda—
walang-humpay na nagpapapalag,
nanggangangawa,
nang maiahon mula sa yakap ng bahâ.

MAGNANAKAW

ni Michael M. Coroza

Tulad ng nasusulat, dumarating
siyang ni walang pasabi
kung kailan sinlalim ng gabi
ang ating kawalan
ng pag-intindi.

Dilim siyang nakapaglalagos
sa lahat ng ating pasadyang
pag-iingat, nakapaghahalungkat
sa bawat lingid na silid o sulok
ng ating mga lugód at pag-iimbot.

Ginigising táyo ng alinsangang
dulot ng kaniyang pangahas
na hininga ngunit dagling
naglalaho siya sa pagmulat
ng ating pangamba.

Napapabalikwas ang ating
tákot, at kahit bantulot,
hinahagilap natin ang ikinubling
tapang, iniuumang saanman
may hinalang kumaluskos.

Ngunit tulad ng dapat
asahan, tanging tagumpay niya
ang ating nasusumpungan
sa pinto o bintanang
kaniyang dinestrungka.

Malaking puwang sa ating
loob ang iniiwang bakás
ng kaniyang pagdalaw sapagkat
tinatangay niya pati ang liwanag
sa palad nating binutas ng bagabag.

EROTIQUE

ni Federico Licsi Espino, Jr.

Nag-aalma ang lunggati, sa budhi ay sumisikad,
Kalayaan, kalayaan ang tuwina'y hinahangad.
Dumadamba, dumadamba kapag renda'y hinahatak—
O! kay-hirap na supilin, may latigo ka mang hawak.

MULING PAGKABUHAY

ni Federico Licsi Espino, Jr.

Dahan-dahan, ang langit
Ay nagbababâng-luksa,
Unti-unti, ang binhi'y
Nabubúhay sa lupa.

TITTIVILLUS*

ni Jerry B. Gracio

Kahit na immortal, nagreklamo din ang balakang at mga kasukasuan ni Tittivillus sa kayuyuko, kadadampot ng mga piraso ng nalalaglag na panalangin. Dito pa lámang sa kumbento ng mga monghe, nakaipon na siya ng isang sako bawat minuto—kapilas ng “Ama Namin” na hindi nabigkas nang maayos, “Aba Ginoong Maria” na binanggit nang wala sa loob, “Luwalhati sa Diyos” na hindi nasabi nang taos. Ang mga pílas ng panalangin, tíla isdang nakahulagpos sa nabútas na lambat; pagbagsak sa sahiḡ, pumapasag. Iniipon ni Tittivillus ang piraso ng mga banal na salita na nahuhulog sa sahiḡ. Madalas, sinasaló ang mga katagang kumakawala sa bibig ng mga inaantok na monghe bago pa ito lumagpak at magkikisay sa semento. Nais niyang hampasin ng pakpak ang mga bibig na naghíhikab, ngunit naiisip niyang mortal ang mga tao; nahahapò ang isip at puso, nangangawit ang bibig sa pag-usal ng mga paulit-ulit na dasal. *Nais ng espiritu, ngunit kay hinà ng laman.* Samantalang siya’y immortal, nakahandang laging sumunod nang sumunod sa Maykapal. Lilipad si Tittivillus bitbit ang bubog ng mga baság na dalangin. Ibububò niya ang laman sa lawa ng mga banal na salita. Magiging isda ang mga kataga pagtambog sa tubig. At muling babalik si Tittivillus sa daigdig para mamulot, paulit-ulit. Dito siya nabubúhay: sa pagpumpon sa mumo ng mga pagsamò at papuri. Sa hinayang na masáyang maski isang salita, nakahanda siyang iwaksi, sa ngayon, ang reklamo ng mga hugpungan.

*Nota mula sa makata: “Si Tittivillus ay demonyo. Tulad ng lahat ng demonyo, mapagkunwari si Tittivillus. Nagkukunwari lámang siyang anghel sa tula.

ANG KALUNGKUTAN

ni Jerry B. Gracio

Ang kalungkutan ay lalaking tumatabi
sa tuwing manonood ka ng sine nang mag-isa.
Aakitin ka niyang igalà ang mata
sa eksenang wala sa putíng-tabing
kundi sa dilim,
anasan ng mga anino sa paligid.
Yungib ng masidhing init
ang sinehan, sumisingaw
sa mga labìng nakalapat sa balát,
dalangadang ang mga tagông yakap at himas.

Nakaupô siya, tahimik at kinakalkula
ang iyong reaksiyon sa mga nakikita,
inaabangan ang anumang pagbabago
sa pintig ng iyong puso at temperatura ng dugo.
Pagsasalitain ang gumagapang na palad:
Magyakap táyong tulad
ng magsing-irog sa sulok-sulok,
maghalikan hábang nilalamas ko ang iyong dibdib,
damhin ang pagkislót
sa pagitan ng aking hita,
hawakan mo ang naghuhumindig kong uten.
Maaari mo siyang tanggihan,
tayuan, sampalin nang kaliwa't kanan, iwan.

Pero tandaang ang kalungkutan
ay higit na lalaki sa mga lalaki
na umiiwas sa sampal
at tumatanggap ng tanggi.
Tapat at masugid, inmortal
sa sidhi ang utog at pag-ibig.
Susundan ka niya sa CR, sa bahay, sa higaan.
Saktan mo at mauulol siya sa gálit,
guguluhin pati ang iyong panaginip.

NAKATINGIN SA BITUIN

ni Jose F. Lacaba

Di naman panay dilim
ang gabing walang buwan
pagkat maraming bituin
akong nakita noon,
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

Mga hiyas sa langit
(’ka nga), nagkikislapan,
wala ni isang pangit,
wala akong makita
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

Di ko tuloy napansin
ang dinadaan,
kalsadang walang ningning,
pagkat talagang abalá
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

Nasalpok ko tuloy,
nasalpok ng isang paa,
ang isang tambak ng
taeng-kalabaw sa daan:
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

Santambak na kumalat
sa kalsada’t paa ko,
paalala ng lupa
na paa’y nakatapak
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

PAKSIW NA AYUNGIN

ni Jose F. Lacaba

Ganito ang pagkain
ng paksiw na ayungin:
bunutin ang palikpik
(para sa pusa iyan
at ang matirang tinik),
at ilapit sa labi
ang ulo, at sipsipin
ang mga matang dilát;
pagkatapos ay mismong
ang ulo ang sipsipin
hanggang sa maubos ang
katas nitó.

Sakâ mo
umpisahan ang laman.

Unti-unti lang, dahan-
dahan, at simutin nang
husto—kokonti iyang
ulam natin, mahirap
humagilap ng ulam.
Damihan mo ang kanin,
paglawain sa sabaw.
At huwag kang maangal.
Payat man ang ayungin,
pabigat din sa tiyan.

ODA SA WALA

ni Jim Libiran

God made everything out of nothing, but the nothingness shows through.

—Paul Valery

. . . therefore, just as we take advantage of what it is, we should recognize the usefulness of what is not.

—Lao Tzu

I. Mayroon munang pag-amin

ngayon ko lang sasabihin
ngayon ko lang aaminin
itong kimkim kong maitim na lihim—
na ako’y nagpapanggap lang na makata
at kunwari’y bihasang humahabi ng tula,
kahit pa tawaging baliw at laging tulala,
kahit pa paliguan ng kutya at iwasan ng madla,
para huwag lang magambala sa layaw ng laya
na lakbayin ang búhay
para maghanap ng wala.

minsan din akong humanga sa galing ng makata
na ilatag ang daigdig sa banig ng salita
o ikumot ang talinghaga’t ipanghele ang tugma.
binusóg ang sarili sa akalang ang tula’y
pinakamalalim at pinakadakila,
ang rurok ng lahat ng paglikha.
at ako’y tumula, lumaboy sa búhay,
nagpakilalang makata.
mali. natuklasan kong ang pagtula’y pandaraya,
kagat-labing paghanga, pagdadalamhati’t pagtuya
sa ano’t alinmang mapuna ng makata.
isang ilusyon, isang pagkukubli,
ang pagsulat ng tula’y walang ibubuti
kung ang talinghagang naisisiksik sa kahon
ay ibinungkos, ipinumpon, itinali-taling mayroon.

biglang nagdilim at wala akong nakita.
nang magliwanag, nakita ko ang wala.

II. Mayroon din munang paghahanap

at paano nga naman ang wala?
hindi ba natin itutula ang wala?
di ba't ang lahat ng mayroon
ay nagmula sa wala? pati tula?
ang tumutula sa mayroon
ay pagkilála lámang sa likha ng iba,
ang tumutula sa wala
ay pagkilála sa kapangyarihang lumikha,
walang sa wala
at dahil sa wala, lahat ay nalikha.

kayâ ako naghahanap sa wala,
gusto ko itong hugutin sa pagkukubli't
iluklok sa dambana ng pinakadakila't pinakamabuti.
pero paano? tuwi-tuwina'y bumubulaga ang wala,
pasulpot-sulpot, pakala-kalabit at sakâ maglalahòng parang bulâ.
nása pagitan ng mayroon, nakakubli ang wala.

ang pag-aalsa laban sa mayroon ay kikap-matang rebelyon.
ang maagap na pagyakap sa puso ng mayroon,
at mapagkandiling paglikha sa matris ng wala
ay rebolusyon.
ang pag-unawa't pagtanggap na, sa kabilâ ng paglikha,
ay nananatili ang wala
ay rebolusyon.

III. Nagtatakda kang mauwi sa wala

mayroon na nga'ng pagtataka. . .
mag-aalinlangan ka pa ba?

paano itutula ang wala?
walang talinghagang makayakap sa wala,
walang salitâng pantugma sa wala,
ni ang taludtod ay di sapat para maibukod ang wala.

bago ang lumikha
ay wala. ang lahat-lahat, nagmula
sa wala. pero di pa rin mawawala
ang wala. naririyang bago ka dumating,
pag-alis mo'y naririyang pa rin.

mailap ito sa mata (di nakikita ang wala),
mapanlansi ito sa tainga (ano ang tunog ng wala?),
lalong walambisa ang ilong (kahit paminsan-minsa'y tíla
naaamoy ang wala—ang totoo'y wala itong amoy),

ni sa panlasa'y di matikman ang wala.
maaaring wala kang nadaramá,
pero di kailanman nararamdaman ang wala.
ngunit, walang dapat ipagduda.
wala ding dapat ipagdusa,
sa pagitan ng mayroon,
naroroon ang wala.
kahit nga mayroon nang Lumikha,
ang wala ay di pa rin napuksa.

káya bang magsa-Manlilikha ng abâng makata?
káya mo nga bang lumikha din mula sa wala?
káya mo nga bang mag-abang sa wala at sakâ lumikha?
pero, malilikha ba ang wala?

kung bago ang lumikha ay mayroon nang wala
mayroon din bang manlilikhang sa wala nagmula?
ano ang mga daan patúngo sa wala?
kung mayroong walang nararating,
mayroon bang nakararating sa wala?

gusto kong bitagin,
gusto kong yakapin,
gusto kong danasin
ang wala:
paliguan ng parikala
balutan ng talinghaga,
salansanin sa tugma,
lubos na ipakita sa madla
na lubos ang kapangyarihan ng makata.

gusto kong bitagin,
gusto kong yakapin,
gusto kong danasin
ang wala:
bigyan ng pangalan,
iduyan sa haraya,
ihele sa tula,
ihiga sa taludtod na de-kahon
at palakarin sa taludturang malaya.
gusto kong patunayan sa madla
ang kapangyarihang kahanga-hanga
nitong moral sa nilalang—ang makata
na káyang magpaamò ng wala.
gusto kong ilimbag sa lahat ng papel
ang pinakadakilang obra—ang tula sa wala!

gusto kong marinig ang nakabibinging
palakpakan ng lahat.

bago ang makinilya, nása mesa ang wala,
bago ang papel, nása makinilya ang wala,
bago ang unang salita, nása papel ang wala,
bago ang tula, ang unang salita ay wala,
nasaan ang wala nang wala ang makata?
alam kong káya kong bitagin,
alam kong káya kong yakapin,
alam kong káya kong danasin ang wala,
wala, sa panahong di ko alam,
at kung ako'y ako lang at wala nang iba,
walang pambitag, wala pang ngalan,
walang talinghaga, walang tugma
walang taludtod, de-kahon man o malaya,
walang patutunayan dahil walang madla,
walang hahangaan dahil walang kapangyarihan,
walang paaamuin, walang lilimbagin,
walang papalampak dahil walang tula,
walang makata, walang mambabasá,
wala.

IV. Mayroon nga bang nawala?

ngunit bakit nagkakamayroon
pa rin. . .
ng mayroon?

BIYAHE

ni Bienvenido Lumbera

Iyang pag-uwi sa probinsiya'y
biyaheng delikado,
bayang kinamulata'y parang nuno sa punso.
Namamatanda ang sasaga-sagapak,
tatalban ng gaway
ang di magpatabi-nuno—
gigi-yagisin ng kalyeng noo'y may latag na ipa,
malawak na laruan pag kabilugan ang buwan;
titikbalangin ng batàng kasali sa sipa-láta,
nagtago sa banggera, di natagpuan ng tayâng tanga.
May gayuma sa tamis ang sintures at lukban—
noo'y kadalîng akyatin ng mga punòng
nagtatayugan ngayon, parang kapre.
Kung ang bagnos na napunta sa ilat
ay tuntuning muli, mag-ingat—
bakâ iligaw ka
ng kilyawang noong batà ka pa'y
nanugod sa punò ng mag-asawang mangga.

Kamusmusan noo'y anting-anting,
galíng na nag-adya sa dilang panganib.
Sa pamamasyal ngayo'y bakâ matisod ka
sa tambak ng basurang punsong nakagulapay
sa halos gitna ng kalsada.
Lasing na susuray-suray ay nakakatuwa noon,
ngayo'y aalibadbaran ka pagtilarok ng súka.
Sa panunungkit ng sintures o lukban,
uugok-ugok ang bulugan sa iyong paanan,
sisinghot-singhot na parang aswang. At
sa gitna ng bagnos, pahamak
sa gamusang sapatos
ang taeng nakatumpok.

Mapanganib talaga ang pag-uwi sa probinsiya—
pamamaybay sa pilapil ng táong di-bihasa,
pag di ka natútong manimbang,
madudupilas, mabubuwal, babagsak,
sa putikan ay kakawag-kawag.
Pag sinasamâ pa'y di putik lámang,
kakapitan pa ng lagnat,
magmamangmang, pagagalitan

ang muta sa matang
di pa naging kulaba.

Pasasaan nga ba't di gagaling ka rin,
at sa pagbangon mo,
wala na ang nginig sa tuhod.
Matatag ang bagnos sa pagkakalatag,
nanghihikayat sa paglalagalag
ang singaw ng ipa, karungkong ng láta,
at hahakbang kang may bahagyang kahat
ng lukban sa bibig, at sa balintataw
ilang lugong bagwis.

ANG BATÀNG TINANGHALI NG GÍSING
(Sa Pagtilà ng Unang Ulan sa Mayo)

ni Bienvenido Lumbera

Amoy hinog na bayabas
ang hanging nakaluskos
sa siit at sukal ng patuto.

Kumidlat-kumulog kagabi,
at parang nanaog sa hagdang bato
ang tikatik na ulang umaanas
pagbabâ sa balisbisan.
Sa madilim na parang at kakahuyan
isa-isang nagsipagbukás ng payong
ang mga kabute—mamunso at mamarang.

Ginaygay ko ang bawat patuto,
bakâ may kubling punso
na hindi naraanan
ng nangaunang masisikhay.
Tatlong mayang-pakíng
ang tumitilíng namagaspas
nang mabundol ko ang santa elenang
kanilang pinagsisitsitan.
Nang lumagitik ang natapakan kong siit,
parang pinitpit ang libong kuliglig
sa kanilang pagpaswit, naipit ang tinig.
Inug-og ko ang isang punòng kape—
umulan ng abaloryong tubig,
ilang salagubang,
putíng bulaklak.

Paano’y tinanghali ako ng gísing—
Isang-isa lámang ang kabuteng inabot.
Kabuteng-ahas pa yata.
Sáyang ang sarap pa naman
ng mamarang pag lasang luya’t
paminta ang umaasbok na sabaw,
matamis-tamis, parang datiles.
Maski na mamunso lámang,
nakapaglalaway rin ang sabaw,
lalo na’t sinukaan
ng santol na bagong naninilaw.

Ay! ano kung kabuteng-ahas nga
itong tinuhog sa tingting—
sambalilo ko'y punô naman
ng nangingitim na bignay,
alingarong mapulá't makinang,
bayabas na kalimbahin.
Kulimlim man ang langit na nakayungyong
sa bagnos na pabahay, ay ano pa—
may ilawan akong bitbit,
santungkos na bulaklak ng
kataká-taká.

PAGHABOL NG DYIP

ni Ruth Elynia S. Mabanglo

Muli'y sinusian akong tila relos
ng umaga—
kamay at paang humaplit
sa patak-patak na tubig,
walang pangalang pagsusuot
ng kaninumang damit,
sakâ kapeng iginigiit
sa pagitan ng suklay at lipistik.

Nagkakandado ako ng pinto
sa bawat pag-alis,
umaalpas ang gunita
kahit sa nakasarang bintana,
hindi pa ako nakalalayo'y
naniningil na ang kalendaryo.

Sinususian akong tila relos ng umaga:
isip at damdaming humahabol ng dyip
sa kanto ng mga saglit,
katawang tumatawad sa presyo
ng mga minuto—

sa pagitan ng mga tambutso,
walang kasarian si Bernardo Carpio.

KUNG IBIG MO AKONG MAKILALA

ni Ruth Elynia S. Mabanglo

Kung ibig mo akong makilala,
Lampasan mo ang guhit ng mahugis na balát,
Ang titig kong dagat—
Yumayapos nang mahigpit sa bawat saglit
Ng kahapon ko't búkas.

Kung ibig mo akong makilala,
Sunduin mo ako sa himlayang dilim
At sa madlang pagsukol ng inunang hilahil,
Ibangon mo ako at sakâ palayain.

Isang pag-ibig na lipos ng lingap,
Tahanang Malaya sa pangamba at sumbat
May suhay ng tuwa't kaluwalhatiang
Walang takda—
Ialay mong lahat ito sa akin
Kung mahal mo ako't ibig kilalanin.

Kung ibig mo akong kilalanin,
Sisirin mo ako hanggang buto,
Liparin mo ako hanggang utak,
Umilanglang ka hanggang kaluluwa—
Hubad ako roon, mula ulo hanggang paa.

SA PAMUMULAKLAK NG MGA DILIWARIW

ni Rogelio G. Mangahas

Ang abril ay marikit na kalupitan
ng kalikasan. . .
ngunit ako'y mamamasyal na walang balanggot
at hubad ang mga paa;
ako'y hindi nangangamba sa kagandahan.

Tara, kung nais mong magsilindro
ng hiwa-hiwang tubig sa mga tumana;
kung iyang mga mata ang tanging hindi takot
na umibig,
ang pagtitiis ay ilatag na mantalona
sa likod ng kalabaw na matsora.

Gumagapang,
gumagapang ang mga malit
sa paghanap ng bato mang putik;
sa maiwàng pampangin ng ilog,
ang mga damo ay tila butuhang mga kamay,
nangagturo-turo, nangagkaway-kaway
sa pipis na tubig. . . isang matandang
lalaki ang nakasalampak, nanunungkit
ng mga tinik sa kaniyang mga talampakan:
hindi ito ang panahon ng mga kiliti.

Nanunugis,
nanunugis na putakti ang mga alaala
kung sa malit
ay hindi malit lamang ang aking nakikita;
sa dibdib ng ilog na nag-aagaw-buhay,
ang guniguni ko'y nabubusóg, nauuhaw.

Gumagapang pa rin
ang nanlalagas nang mga pakwan, milon,
sa mga tumanang hindi laging may lalahon;
kung sa nagngangang bibig ng mga tiningkal
ay matanaw mo ang laksang taggutóm at uhaw
na di lahat ay abot ng mga pandama,
sa ating mga balintataw ay namumulaklak din
ang mga diliwariw, kulitis, at siston.

Sa burog na lilim ng isang damara,

ang nag-iirungang mga batàng pastol
ay di-magkaisang-isip
sa kung lahat ng diliwariw ay may tinik;

Sa lilim
na malamlam ng punòng akasya,
matatandang pastol ang nagsasabing
hindi lahat ng siston ay walang diliwariw,
hindi lahat ng diliwariw ay may abril.

Sukatin ng likod
ang likod ng kalabaw
tila nais mong magising sa mga tiningkal.

Dalawang kalakian ang nagtagpo
sa salat na lilim ng hubad na sinigwelas;
sino'ng karapat-dapat?
sikwatan ang pasiyang umuungol
ng mga sungay,
ngunit ang sungay sa aking tinig
ay may suwag na walang katig.

Itinatanong mo ba kung nagsasamalo
nang walang dahilan ang mga bulò?

Sa malayo, mula sa madamong súso-ng-dalaga,
ang mga kulumpon ng kawayan
sa umaalong abril sa hangin
ay tila iniupong mga walis-tingting;
pagkat malinis ang papawirin,
naisip mo bang
kalikasan na rin ang nagdudumi
at naglilinis sa sarili?

Oo nga, may isang kutigpaw
na tila nakayukayok
at humahabi ng agunyas
sa tangid na sanga ng isang punòng kapok.

“Para sa sarili?
sa tradisyong nawawala?
sa angkang naglalaho?
sa bangkay ng daigdig?
sapagkat
namumulaklak ang mga diliwariw?”

Huwag akong tanungin: tugon
ng kalikasan ang pinturang may sonata,
bawat nota’y may sa-bugtong
ng tinig sa kuweba.
tuklaw ng alaala!
unang ulan ng mayo ang nadamang
umaapaw sa sagimsim—
tayantang ang mga pananim.

“Kailan magsusunong ng tupok na bulak
si mariang sinukuan? di na ba nag-uusap
ang tagak at kalabaw? kailan ang serenata
ng mga palaka? ang pagbalik ng mga bakaw?”

Oo, sa damara, tena sa damara!
sa pagsisilindro ng hiwâ-hiwâng tubig,
nais kong tumawa ka. . .
kung may abril ng miyural sa alaala—
alin
ang sa mga paa ko’y sa isip babaunin:
tinik o halimuyak ng mga diliwariw?

VILLANELLE SA IYONG PAGDALAW

ni Rogelio G. Mangahas

Nang araw na iyong
Dalawin mo ako, ang ulap ay hasmin;
Ikaw nga, o Mutya, kasámang kay-rikit!
Nais kitang hagkan
Ngunit pagitan ta ay bakal na iskrin.

Ang lalim at alab
Ng ating kumusta'y nása anyo't tingin,
Sangmundong gunita'y binuhay ng saglit.
Nang araw na iyong
Dalawin mo ako, ang ulap ay hasmin.

Nalagas man, Mutya,
Sa mahabang unos ang una tang supling—
Sa labas, may laksang sisibol, titindig.
Nais kitang hagkan
Ngunit pagitan ta ay bakal na iskrin.

Tanod ay nanlisik!
Dulong daliri mo'y ni di ko masaling—
Sulat daw ay lason, apoy ng himagsik.
Nang araw na iyong
Dalawin mo ako, ang ulap ay hasmin.

Batid kong ikaw man
Ay nakabilanggo wala man sa karsel,
Selda ko'y higit lang ang rehas at sikip.
Nais kitang hagkan
Ngunit pagitan ta ay bakal na iskrin.

Gayon man, o Mutya,
Ang diwang malaya ay sulo sa dilim,
Ang pananalig ta'y di nila mapiit.
Nang araw na iyong
Dalawin mo ako, ang ulap ay hasmin,
Nais kitang hagkan,
Ngunit pagitan ta ay bakal na iskrin.

ILANG BALITA SA ARAW NA ITO

ni Edgar B. Maranan

1. Áso at baboy-damo

Pinutlan niya ng pangil ang mga nangauna
nilagasan ng ngipin upang di makatangay
ng basyo at iskrap, iba pang basura
ng kanilang pananakop sa lupang hinalay.
Kamakailan, ginawang patas naman ang laban
anya'y higit itong makatáong paraan...
di na gumamit ng awtomatik ang tanod
bagkus, inalpasan na lamang ang sentring
mabalahibo't sabik sumunod sa utos.
Kayâ't baboy-damo'y sinagpang kaagad
at pinagkakagat sa malambot niyang bayag.

*Ano'ng silbi ng demanda, kahit ilang libo?
Buti pa'y tambangan mo na lang sa Balibago.*

2. Ang marino at ang musmos

Nagkakawag sa ilog, ibig siyang tangayin
ng agos patúngo sa loók ng Subic,
sumisinghap na hinilang pailalim sa tubig.
Mahirap hulaan kung bakit naparoon,
hintakot na musmos na lalabing-isang taon.
Tumalon kayâ ito, nag-aral lumangoy?
Naglakad sa gitna ng isang bangungot?
Hindi't itinapon sa ilog na iyon,
di alam ang dahilan, ayon sa suplong.
Di kayâ kakaning-itik, at talo-talunan,
kulay pa ng balát ay nakatuwaan?
Nagtapong marino'y mulang lipi ng táong
mapagmahal sa alaga, lalo't ito'y áso
na kung paligua'y sinusuyo ng shampoo.
Kung naging áso ba, kayumangging musmos,
ihahagis kayâ ito ng marino sa ilog?

*Bantay-salakay sa baybay nati't bundok
pati nang paslit nati'y sila pa'ng lulunod.*

3. Ang áso, sa panahon ni Pinochet

Áso ng mga Among nakakubabaw sa tao,

among asal-hayop, di-mapanganang berdugo.
Mundo ang saksi sa taktika ng pagdurog
upang patugain ang babaeng nakagapos
sa tarimang natigmak ng dugong babae,
dugo ng pinadipa't pinahigang bayani.
Bulatlat ang dangal, ang balát ay hinataw
ng kahoy na balila o bisig na bakal,
upang pagkatapos ang lumpong katawan
ay ilugso ng batuta sa pinakamaselan.
Nang sawâ na sila sa buháy na bangkay
ipinatawag sa wakas ang asong Aleman.
(Sa kanyang kasintahan, sa kanyang kabiyak,
gunita na lang kayâ ang pagiging busilak?
Diwa niya'y buo't busilak ang málay,
naglalahong kirot ang pagkakahalay.)

*Hugsan ang lansa, ang dugo sa katawan.
Aso't amo nito'y pagtabihin na sa hukay.*

4. Ang bagong kasal

Ginahis na babae'y inilatag sa sahi,
sinuntok sa hita, tiyan at bibig.
Agaw-búhay halos nang siya'y pagsawaan
limas pa ang regalo, alahas at yaman.
Pagapang siyang umusad, minasdan ang guhong
tahanang pangarap, at lugmok na kasuyo.
Inapuhap ang labí ng kanyang katinuan,
sisigaw, hihingi ng saklolo at damay
ngunit dila'y umid, may apoy sa lalamunan.
Latang ang lamig sa kanyang sikmura't
sa sinapupunang kay-tagal inihanda
sa araw na sabik sa gabi ng kasal
sa lalaking duguan at namamaalam.

*Sa lupaing ang krimen ay hindi maapula
katalik ang panganib sa iyong pulutgata.*

5. Si Inday, labanderang tiga-Davao

Maririnig mo pa ba ang bagting ng gitarang
winasak kasabay ng tinig mong baság na?
Di mo na narinig ang sariling pagsigaw
habang bisig mo'y kinukulata ng kawal.
At anong instrumento ang baril na iyon
na nainggit sa gitarang kandong mo noon?

Anong lupit ang iibig na kusang mandurog
sa brasong babae't sa isang manunugtog?
Huramentado o hibang, ang gagawa nito'y
marubdob na kampon ng sungayang anito,
bihasang manakit ng nananahimik
na táong hirati na sa hirap at sakit,
katulad mo, Inday, labanderang tiga-Davao,
sinumpong ng tugtog at pag-awit ng lumbay.

*Ay, tao kang nabubúhay sa banlaw at kusot
nadurog mong bisig ay kandong ng lungkot.*

6. Orkidyas, Orfeo, Oligarko

Vandang maganda't Vandang mamahalin:
batik-batik, guhit-guhit, mga hugis-bituin.
Ngala'y eksotiko, romantiko't latin
mga reyna sa Eden, Olimpo, at Makiling.
Sa magagarang tahananang may narseri't hardin
bulaklak ng bathala'y mutyang alagain.

Hinihilis ang biyolin, piyano'y tinitipa
mabini ang hihip sa klarinet at plawta.
Kalanting ng sitar, mandolino, at arpa
Sa oditoryong madilim o silaw na sála.
Mayroong nabubusog sa timpladong sonata,
mayroong tumataba ang puso't kaluluwa.

Brilyante sa daliri, Rolex na panggalang,
Pierre Carding pampormal, Levi's na pangkaswal.
Limusinang pang-opisina at kotseng pamasyal
sa marilag na maypugad na lingid sa maybahay.
Di kapos ang palad, na laging may lagay
o mula katas-pawis ng mga bumubúhay.

*Habang sila'y naglulunoy sa luho, yama't sining
sa lipuna'y nangaglutang, karukhaan, bulok, lagim.*

(unang sinulat noong 1982)

DALAWANG DALAW

ni Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera, Jr.

Muling dinalaw ako
Ni katamarang dayo;
Minsan pang nanibago
Ako pang tagarito.

Sa tabing-dagat, kagyat
Niya akong ginulat;
Sigla ay nangangayayat—
Agad akong “nilagnat,”

Inismiran ang araw
Takas akong nasilaw
Iniligaw ang panglaw:
Ang hilig kong mamandaw.

Ano ang magagawa?
Aanhin ko ang sawà?
Asawahin ang lawa?
At ampunin ang awa?

Binalak kong libangan:
Paglisan sa pasigan;
Ikinaway ang sagwan,
Tabsing aking sinundan!

Napalawak ang laot
Katwiran kong kumipot;
Nataranta ang pukot—
Ng tambang kanyang dulot!

Ako mang tagarito
Minsan pang nanibago
Kay Kasipagang pilyo
(Muling dinalaw ako!)

ESPASOL

ni Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera, Jr.

Espesyal ka.
Alam mo bang palaging
Abentura ang turing ko sa iyo:
Mapanglaw ngunit di mapanganib.

Nariyang ako ay mabuwisit,
Mainip sa minu-minutong ginugugol
Sa pagtatalop nang sabik.
Nanlilisik ang mata ko
Kung kakarampot ang handog mong
Pabalatbunga.
Bunganga,
Hindi bibig,
Ang mas madalas mong makilala sa akin.
Kung sino ang dapat
Sisihin o sumbatan
Ay ibinabalot na lamang
Sa limot.
Paglulun ko sa iyong kaligatan,
Nilulunok mo ako
Nang buong-buo
At walang kalaban-labang
Isasantabi ang almusal
Na tigib ng mga Rey Langit,
Tanghaliang ma-Tito, Vic, at Joey,
Upang maghapunan ng *People's Tonight*.
Tulad ngayon,
Ang pagbili ko ay walang-hanggang
Pagpili at pagbabakasakaling
Mapangasawa ang sinumang holdaper,
Maiwasang matabunan ng diyaryo
O maperyodikong
May pulbos mo
Sa labi kong
Nagpupuntong-Maynila.

KARNEHAN

ni Nicolas B. Pichay

Magtitimbang. Ihahambing ang katotohanan.
Nakangiti o papadyak depende
sa layo o lapit sa
anyong ninanais.
“Pareng George—” babati sa
halos araw-araw na kasabay sa malayong biyahe
ng pagpapaganda ng katawan.
Sabay sakay sa bisikletang
walang pinatutunguhan.
Ito ang paborito kong lugar.
Dito ko nasisipat
ang sanlaksang kalalakihang nagbabanat
ng buto.
Nananalig, sumasamba
na may kapangyarihan—naidudulot
na batubalani man lang—
ang tamang korteng baysep.
Sa mga umbok ng dibdib,
dito ginagagad ang sarap ng inang nagpapasúso
ng gatas sa sanggol.
Punòng mangga ang tabas
ng likod. Mayabong na yumayakap
sa katawan.
Iniaalok sa sinag ng araw
kapag nagpapadaeng sa dalampasigan
o nagpapatapa sa swimming pul.
Hari ng mga bunga. Nakapagsasabi
kung sino ang puwedeng pumitas,
kumatas, sumalat
sa mapintog na pandesal
na ani ng kaniyang tiyan.
Pagkatapos ng baras
at sa pagitan ng susunod na ehersisyo,
habang hinahabol ng pintig ng puso
ang hiningang kumakaripas,
malaking tarugo ang ulo kong
punô ng dugo.
Mula sa dulo ng kuwarto,
nakabisaklat siya sa upuan
paa niya’y nakahigang “V,”
sumisilip-silip ang mahabang

pilikmata ng kaniyang singit.
Mabigat ang baras
na kaniyang inihehele.
Lumubog-litaw sa kaniyang ulunan.
Parang alon ng kaniyang hininga.
Lumalalim, bumubuga
isang barkong nanlilisik,
nagmamadaling makadaong.
Dito ako tutugisin
ng isang patak ng pawis.
Bubulong itong parang bubuyog habang
namumuo, nanginginig mula sa kaniyang kilikili.
Prutas na mahihinog, bibigat
babagsak, bibingi sa akin
mapipiraso sa walang saysay
na plato ng bakal.
Gayong maaari naman sanang
sumigaw ako ng “Hintay!”
Upang idaop ang aking dila
na parang bitak-bitak na mga palad
na sumasaló sa unang ambon ng Mayo.
Kapag nagkasiluan ng tingin,
lalapit siya sa akin,
ngingiti na parang
may kakabit na kidlat.
“Ang sarap ng pawis mo, a,”
sasabihin niya.
Humihingal pa.
Hindi ko alam kung
ang tinutukoy niya’y ang asim
o ang pakiramdam.
Ang baywang niya’y kapantay
ng aking mga mata.
Bakát sa pawis ng kamiseta
ang umaalsang pandesal
ng kaniyang tiyan.
Pumipintog sa akin.
Mapapalunok ako. Mangangasim.
Manunukli ako
ng nangangamatis na ngiti. At doon
mag-uumpisa ang kuwentuhan namin.

SA LUKOY

ni Allan Popa

Tapyasin ang ligoy ng *kasalukuyan*.
Ang lawig, mga laping lumalabis.

Sapagkat lumipas na ang patak
ng sandali bago ito mahuli sa mga labi.

Sa aklat, (*salukoy*) ang ugat
ng salita. Ngunit, may mababakás
na alinlangan sa bigay na kahulugan.

Waring ipinahahalata ang pinsala
sa saping benda o saklay.
Ang sariwang sugat na pinagputulan.

Ngayon, pawalan sa pigil
ng panaklong ang mga purong kataga
na kay-bilis malanta, mabilasa.

Ngayon, buksan ang kawalang-tiyak
ng sumasapong mga palad.

Ngayon, maitatakda ang ngayon
sa daloy ng panahon.
(bago)

Hayaang tumugma ang pantig
sa pintig ng di makahihintay na saglit.

Hayaang sumayaw ang wika alinsabay
Sa kompás.

Hayaan sa panandaliang lugar.

Habang sa dila, malalasap ang lundo
sa *lukoy*, ang bilugang patak,
ang dalisay na butil ng sandali sa leeg
ng orasang di masaid ang pagguho.

Habang lumalawak ang mga disyerto.

Palayo sa panahon ni *Kopong-kopong*.

Palayo sa bundok ng *Tralala*.

SA PAGTAWID

ni Allan Popa

Nakatitig ang mga madre sa ilog.
May pangamba sa kanilang mga mata.
Ito ang oras ng paglaki ng tubig.

Humakbang ang isa upang damhin ang lamig.
Sumunod ang iba upang tumawid.
Isang madilim na alon ang kanilang paglusong.

Sa kanilang mga binti, waring sinusukat nila
Ang unti-unting paglalim ng agos
Habang naghahanap ng tatag ang bawat yápak.

Hanggang mabasâ ang kanilang damit.
Huminto sila at inilibot ang paningin.
Nagtagpo ang kanilang mga tingin.

Bahagyang inangat nila ang kanilang laylayan.
Napapikit habang tinatawid ang tuhod.
Maingay ang pagragasa ng ilog.

Gumapang paakyat ng katawan ang lamig.
Nadarama nila ang pagbigat ng suot
Na bumabakat sa nakatagong hubog.

Sa kalagitnaan ng kanilang pagtawid,
Narinig nila ang mahinang tawag ng orasyon.
Nanginginig silang umawit ng papuri.

ITO ANG ATING PANAHOON

ni Bienvenido A. Ramos

Ito ang panahon ng ating pag-ibig:
may putong ang hangal, may pilak ang tuso, ang buti'y may dungis;
Nakaambang tabak ang hugis-kabuteng natipong panganib,
at nag-aagawan ang Agila't Oso sa sandipang langit;
Ito ang panahong susubok sa ating batang pananalig,
na ang pagkagapi sa dahas ng hamo'y di dapat itangis!

Ito ang panahong ating hinihintay
na papaling apoy sa dupok ng ating batang pagmamahal;
Ang salin ng lahing pangarap sa bukas ay larawang buhay
sa salaming-ngayon: mga batang tupang naligaw ng daan.
Malasin mo, giliw, ang sibol ng ating tanim na pag-asam:
nangagyukong pusok sa nunudyong sinag ng bukang-liwayway!

Ito ang panahong dapat tang magalak,
masasaksihan mo kung pa'no malagas ang mga bulaklak;
Huwag pagpikitan ang mamamalas mong dinagit ng uwak
na sisiw na yaong ang Ina ang unang nalihis ng landas!
Ang maririnig mong tagis ng kopita't pagaw na halakhak
ay mga hinaing ng di-mag-umagang hapô nang magdamag!

Ito ang panahong inaasam natin—
panahong ang gilas ng kapalalua'y gagambang nagbitin
sa bahay-lipunang marilag sa labas ay punô ng agiw
ang loob na lungga ng dagang dumaong sa mga baybayin
upang maging batas ang labis na tuwa't labis na hilahil
ng sukdulang-buhay na di-mapagtagpong dalawang landasin!

Ngunit, kahit ganyan ang tanawin, Mutya,
sa ating paligid—sa gubat ng lungsod—sa palasyo't dampa;
sa ating suyuan ay hindi ka dapat na magtalusira
pagkat nabakla ka sa nakikita mong darating na luksa;
Higit na dirilag ang Búhay sa atin sa mga sakuna,
at lilikha táyo ng ating panahong hindi madurusta.

ESTERO

ni Bienvenido A. Ramos

Ang sugat ng aking mga kamalian
sa puso mong lungsod ay hindi mabahaw;
Dugong nagpuputik
ang nalabíng pintig ng uns'yaming búhay
na naggugumapang
sa kaunting tubig.

Labi man ng iyong layaw na nadurog
itapo't tuwa ring ako ang sisinop;
Ang labis na galak
sakaling wala nang pulubing pupulot
sa patay kong agos
ihagis na layak!

Kung kay Magdalena'y wala nang yumakap
ituro ang aking dibdib na maburak;
sa akin ihagis
ang batong sa kaniya ay handang isugat—
dugo ring dadanak
ang labô kong tubig.

Panakaw mang sulyap kung ako'y tudlain
may nakakikitang buntala sa dilim;
Ang diri mo't suklam
ay sugat ng iyong palalong panimdim
na di makatingin
sa sariling bangkay!

Luha mo ang agos na idinadaloy
sa gabing Lungsod kang b'witre ang may kalong;
Ako nga'y sugat mo,
ngunit sugat akong kayâ di maghilom
dugo mong may lason
ang nása ugat ko.

SAYAW KAY ASTARTE

ni Pedro L. Ricarte

Ave, ave, O Astarte!
Habang sa lupa'y may gabi at napipingot ang buwan
Mga hubad na babae,
Mga hubad na lalaki ang iindak na kalansay;
Sa karimlan ng sarili,
Kung hindi man ang liwanag ng karimlang pinagmulan,
Ang dalanging mahahabi
Ay hantungang ang liwanag ay doon din sa karimlan.
Ave, Ishtar, ave, ave!

Sa nagdilim at gumubat
Na kapusurang gunita, anag-ag lamang ang anyo
Ng sanggol na magbubuhat.
Ave, Ishtar, ave, ave! Kung dumaloy na ang dugo
Sa sibat na itinarak,
Ang naluwal na gaganap sa sayaw na yugtu-yugto
Ay uod waring uusad,
At tatayô, at lilipad—gamugamo ngayong hapô
sa pagtunton sa liwanag.

Anung sukat ng daigdig?
Ng lahat ng sanlibutan? Ng liwanag at ng dilim?
Ng maluwat at sansaglit?
Ng kahapon at ng ngayon at búkas pang haharapin?
Ang sukatan ay maliit
Sa pagdangkal ng bilanggo na ang tanging nararating
Ay ang makipot na silid;
Sa hukay na nakasara'y di maglagos ang paningin
Sa dako pang hindi batid.

Ave, Astarte! O Ishtar!
Ito'y sayaw na ang lahat ng tauha'y nakakulóng:
Unang hakbang ay pagsilang,
Bawat indak na kasunod ay pagsunod sa ataul
Na ang hanap ay hantungan.
Kung ang hukay ay mabuksang pinto ng bagong panahon
At ang tugtog ay maparam
Sa umaga'y makikitang walang sukat ang pagsibol
Ng punla ng bagong búhay.

TAO SA HAPAG-TISTISAN

ni Pedro L. Ricarte

Sa pagkakatag na walang kilos, ang kaniyang katawan ay isang kalawanging makina ng dyip o sirang habihan sa pabrika ng damit. Gayon siya pinatigas, pinanday ng mga taon ng pagsubok, hanggang sa maging higante ng kaniyang panahon: isang Atlas na di magluluwat at sa ibang daigdig magpapamalas ng sariling luwalhati. Ngunit ang mga taon din ang pumupudpod sa mga tornilyo, lumalagot sa mga kawing at panugpong, nagwawasak sa mga galamay.

Sa silid, ang bubong ay ang gabing may mga bituing nagluluningning ngunit wala ni isang magdulot ng liwanag. Ang alingasaw ng mga pampatulog at pampamanhid at pang-ampat ng dugo ay halimuyak ng mga bulaklak kung may bangkay na inihahatid sa hantungan.

Ito ang tao. Sa kaniyang noo, ang mga gatla ay likha ng koronang bumaon hanggang sa wala nang umagos pang dugo. Sa kaniyang paa, naghilom nang tatak ang mga sugat na dulot ng mahahayap na bato buhat sa madilim na gubat hanggang sa lungsod na walang maipakitang anino.

Ito ang tao, at siya'y patungo sa dako pa roon. Sa likuran, may di-maburang bakás ng dugo sa dalampasigan, mga walat na kalansay sa damuhan, mga katawang sunóg, mga labí ng mga gusaling ang tanging búhay ay mga panggabing ibong takot sa liwanag.

Sa silid, ang kalansing ng mga kasangkapan ay humahalo sa langitngit ng mga buto at pagngangalit ng mga kalamnan. At sa wakas, kasabay ng waring hudyat ng isang bantay, ng waring pagkabalumbon ng bubong, sa hapag ay narinig ang pagkabúhay ng dáting pintig, tulad ng pagkabúhay ng isang orasang sa pagtigil ng pag-inog ng sanlibutan ay sumandaling namatay sa kawalang-hanggan.

Sa pagkakatag, ang katawang naalisan ng baluti ay hindi na kakitaan ng moog ng kawalang-damdamin. Hindi ito ang makina. . . Ito ay dugo, ito ay laman. . . .

At siya ay tumayô, hawak ang isang pusong hindi maitim, manapa'y busilak ngunit may sugat at nagdurugo—naghahanap ng paghahandugan; ngunit ang langit ay wala, silim ang mga bituin, at ang umagang dumaratal ay mapuláng apoy na

tumutupok sa dinaraan.

BINTANA

ni Fidel D. Rillo, Jr.

May mga sandaling ang paningin natin ay hinahatak
Upang magsiyasat,
Bumabâ at umakyat
Sa kuwadrado o parihabang sukat
Ng mga durungawang nakapikit o nakadilat.
At mag-usisa sa sarili o ilarawan sa hinagap
Ang anumang tagpong hindi nakahantad
O mysteryong nag-iingat-
Ingatang huwag mabilad.
Kuwadradong bugtong iyong naghahanap
Ng sagot na katapat.
Kayâ't madalas na táyo'y nakamulagat,
Nag-iisip, ang diwa'y lumilipad,
At nagnanasang ang bintana'y mapasok at magalugad.

Halimbawa'y ang malalaking bintanang ang nakapahiyas
At matitibay at maadornong mga rehas.
Naiisip nating iyo'y mga ahas
Na nagtatanod sa gusi ng alahas.
Pagkat ang araw ay lumilipas
Ngunit bintana iyong hindi bumubukás.
Kayâ't walang dumudungaw maliban sa tumakas—
Sa siwang na amoy ng isang naaagnas.
Maliban sa pagak na pagaspas
Ng hangin sa pasamanong pagás
Ay wala nang ibang maririnig o maaaring mawatas
Sa katahimikang gumagasgas
Sa kabila ng bintanang ang mysteryo'y hindi malutas.

Madalas ding ang paningi'y mapatuon
Sa bukás na bintana ng mga barong-barong.
Iyo'y kuwadrado ng patong-patong
Sa sawali, pawid, kahoy, o kayâ'y yerong itinapon.
Ngunit iyon ay hindi dekorasyon.
Pagkat walang rehas na magsisilbing proteksiyon,
Marahil ay wala ring maaaring samsamin doon.
Marahil iyon ay sinadya't itinaon
Upang ang hangin ay malayang magparito't paroon
Katulad marahil ng hinagpis na kinuyom
Ng mga naroon
Na namimintana sa maghapon.

Inuusisa ang paligid at sa hangin ay nagtatanong
Kung bakit ang palad nila'y nagkagayon.

At may bintanang ang nakapaligid
Ay mararahas na rehas at alambreng may tinik.
Bintana iyong siya lamang maaaring masilip
Upang pagsawain ang paningin sa sandipang langit.
Bintana iyong naging saksi sa pagmamalupit,
Ngunit búkas ng liwanag ng paglayang dapat makamit.

Iba't iba ang larawang
Maaaring matunghayan
Sa kabila ng mga durungawan.
Ngunit ang bintana ay may sariling salaysay na dapat pakinggan
Ito man ay laging nakapinid o kayâ'y binubuksan.
Ito man ay malaya o nirerehasan.
May bintanang nagiging payak na durungawan,
At may bintanang nagiging piitan;
May bintanang nagiging daluyan
Ng malayang diwa at katotohanan;
May bintanang nagkukubli ng kasinungalingan,
At may bintanang binubukalan ng kalayaan,
Katulad na katulad ng ating isipan.

ISANG PANGKARANIWANG PANGYAYARI

ni Epifanio San Juan, Jr.

Napagkamalang Huk si Juan Bautista Concepcion, 45 taóng gulang, isang magsasaká sa Arayat, ama ng tatlong babae't apat na lalaki puro maliliit pa—at balo. Siya'y hinuli, iginapos at isinakay sa isang kombi patúngong liblib na lugar.

*Huwag, hindi siya kundi ako
ang tumuklap at bumiyak ng tubo ng langis sa Clark Field at Subic.*

Una muna'y pinagtatampal, pinagsusuntok sa tiyan, sinipa't dinuraan; pagkatapos ay pinagpapalô ng puluhang kahoy ng riple at pinagpasâ-pasâ ang balikat, likod, balakang, mga hita't binting lamog; tila karneng hilaw. . . .

*Huwag, hindi siya kundi ako
ang naghagis ng dinamita sa mga heneral ng nagpulong sa Malakanyang.*

Hindi nakuhang umamin sa anumang pagsasakdal ang lalaking sugatan, marahil ginugunita ang amang rebelde noong 1896, isang Katipunero. Ilang sigarilyong nag-aapoy ang itinurok sa dibdib, pisngi, noo, leeg, singit, hanggang magtitili—

*Huwag, hindi siya kundi ako
ang bumaril sa mayamang asendero't kaniyang mga ahente sa Manila Hilton.*

Ilang saglit pa: nagising, napahiyaw sa kung anung sakit—walang patid ang interogasyon ng imbestigador sampu ng ilang opisyal ng PC, Special Forces, Metrocom, CIA at JUSMAG. Di makuha ng karate, palò, bigwas, tadyak, kayâ kinuha ang makina ng dyip—isang kawad ang ikinabit sa kaniyang bayag at titi, ang isang dulo'y ikinabit sa dyenereytor, at biglang pinatakbo ang makina—

Huwag, huwag—hindi siya kundi ako ang nakibaka't naghi-magsik—

Sumabog ang sigaw sa liblib na lugar. Nagtitili, hinimatay. Ilan pang renda ng motor at tuluyang nalugmok. Hindi natuwa ang mga imbestigador, walang ngiti sa mukha ng mga

heneral at sundalo. Matindi ang koryenteng tumudla sa katawan ng pobrang magbubukid.

Subalit hindi pa tapos: Ilang putok ng Armalayt. Okey. *Standard Operating Procedure* lang. Huwag, huwag ninyong isipin, maginoong mambibitay, maharlikang opisyaes ng gobyerno, na tapos na iyan sapagkat sa bawat patak ng dugo ni Juan Bautista Concepcion, sisingilin kayo—búhay sa búhay—hanggang hindi kayo napapawi sa ibabaw ng lupang tinubuan at hanggang hindi ninyo napapatay ang lahat ng mga Juan Bautista Concepcion sa buong kapuluan, hindi kayo matutulog nang mahimbing sa gabi ng paglalamay at pagbabangon.

TUMATAYOG, LUMALAWAK ANG MGA GUSALI AT RESORT

ni Romulo A. Sandoval

Habang naninilà ang mga turista,
negosyanteng Amerikano,
Hapones, Aleman,
luwa-matang nananagpang
ng abubot at tanawing katutubo
bukod pa sa likás na yaman ng bayan
may tulirong inang nag-alok ng sanggol,
ng sariling sanggol,
sa isang byutisyap
sa Ermita,
pagkat hindi niya nais
na ang kaniyang bunso’y dilát na tupukin
ng apoy ng lagnat.
At nagtatayugan, nangagsisilawak
ang commercial complex, ang hotel at resort,
ang convention center.
Palotsinang kahon, kalawanging pála na sinunong-sunong
ay nangagsitiplad
nang ang sinto-sinto’y tumpok ng basahan,
tumpok ng basahan
na pabulagtain ng itim na kotse sa Welcome Rotonda,
samantalang nagbabangay
sa piling posisyon
ang sandakot na de-susing politiko.
At nagtatayugan, nangagsisilawak
ang commercial complex, ang hotel at resort,
ang convention center.
Sa Constitution Hill—kapisasong lungaw
na pinagtapunan
sa nakararaming sa bayang sarili ay di bigyang-puwang
tambakang ang laging nangagbabangkete at nangabubundat
ay ang mauugong na bangaw at langaw—
may gusgusing ingkong,
lupagi sa lupang sahig-barumbarong
na nakitang ngumangatngat nang tulala
sa bituka’t atay ng bangkay ng apóng namatay sa gútom.
At nagtatayugan, nangagsisilawak
ang commercial complex, ang hotel at resort,
ang convention center.
Tinalsik
ng poong-maylupa sa asukarera,

o tulad ng kapuwa másang magsasaká
ay kinulimbatan ng tahana't lupa
ng isang higanteng dayong korporasyon;
katutuntong lamang sa lubak ng lungsod
magbuhat sa dawag ng iniwang baryo;
walang ipakai't makain ay wala,
may amang naghampas ng ulo ng anak
sa pader sa Recto
habang hawak-hawak sa dalawang paa.
At nagtatayugan, nangagsisilawak
ang commercial complex, ang hotel at resort,
ang convention center.
Sa liyab ng súnog sa isang pabrika sa South Diversion Road,
mga manggagawa'y pilit kinapkapan
bago palabasin;
maraming nagasak;
maraming nasawi, tigmak pa ng pawis,
nang mangagsitalon mula sa mataas na mga palapag,
at ang inilimos ng kapitalista—
ng kapitalistang ayon sa dekreto'y bawal pagwelgahan
ay di maibili ng abâng kabaong.
At nagtatayugan, nangagsisilawak
ang commercial complex, ang hotel at resort,
ang convention center.
Walang patumangga, walang habas, wala.

ISANG KUROT SA GUNITA

ni Jesus Manuel Santiago

Hindi ito ang obertura ng mga kamao
at nagtatagis na mga bagáng
ito'y isa lamang kurot sa gunita
ng mga kalsada at liwasang bayan
na giniik ng napadpad na mga suwelas
at kinalyong mga paa
isa lamang itong tapik sa balikat
ng taliba na naidlip at nangarap
na siya'y malayang matulog

Sabihin nating ito ay kapeng barako
o ilang tuyong dahon ng papaya
na ginayat at binilot ng lamok at lamig
at ngayo'y gabi na
nakatalaksan sa mga bangketa
ang nakarpyung mga alaala
ang dugong tumabon sa mga bakás
ang pawis at luhang nagpalagkit
sa mga kalye'y sumanib sa ulan
at walang nalabí
maliban sa ilang piraso ng utak
na kusang kumapit sa gilid ng kanal.

Hindi

Ang himig ko'y hindi isang pasodoble
ng namimigat na mga yabag
ito'y isa lamang kurot sa gunita
isang sundot ng aspíle
sa umusling mga ugat

KUWADRO NUMERO UNO

ni Benilda S. Santos

Nakatupi siya
tulad ng laylayan
ng mga damit at pantalong
sinusulsihan niya
sa mga hápong
tikatik ang ulan
at ang dalawang supling
abala sa larong taguan
o pompiyang.

Noong una
kinikilala niya ang sarili
bílang pagwawangis lamang
sa laylayang tinatahi
nang huwag makaabála
sa hakbang ng paa.
Isang simil na matiisin
sa bawat duro
sa bawat pagdurugo.
Isang paghahalintulad
sa kapirasong tela
na lumabis sa sukat
kayâ sinusupil ng sinulid
sinusukol ng buhol.

Subalit ngayon
naaaninaw na ang kaniyang
sadyang pagkatalinghaga:
hindi “tulad ng laylayan”
kundi *laylayan na nga*.
Hindi ang nananahî
kundi ang tinatahî:
ang binubuo ng mga araw
ng pagdaan-daan
nitong karayom-at-sinulid
sa nangingimay na kalamnan.
Ang unti-unting hinuhugis
na pagkukubli, pagsasaanino,
pananatiling pang-ilalim ng
mapagbigay na sarili—
larawang ibinorda

sa kaniyang buto at noo
ng tradisyon at panahon.

MIRINDAL

ni Rolando S. Tinio

'Ika nga'y tumaba sa lamig at hirap,
Nakaluklok sa ilalim ng pergolang karton at yerong bulok,
Pinahinog ng mga tanghaling tapat,
Pinag-uban ng walang patawad na alikabok,
Ilang taon ko na siyang dinudungaw:
Kapiling ang nilagang mani, papaya't lakatang
Di man makaakit sa maselang bangaw,
Gaya niyang laging nása kapanahunan.
Iisang kimona ang bestido seremonyal,
Parang sultanang buong tikas na pinamamayanihan
Ang lumalatag niyang katabaan.

Paminsan-minsa'y may alok siyang ginatan,
Halo-halo, o munggo, hindi mo mahuhulaan.
Hindi ka titiyakin kung alin ang itatanghal
Sa palayok na pinangangalirang
Ng nakapulupot na basahan.
Paminsan-minsan.

Di sa iyo matitiyak
Kung kailan papatak ang Araw ng Ginatan.
Usugin mo ma'y hindi káyang mangako.
Akala mo'y kautusang banal
Ang nag-uudyok magluto.
Paano niya mapangangahasan?

Wala na riyan si Aling Pilang.
Nabundol daw ng Kano, tila naospital.
Sabi ng iba'y sinaksak ang asawa, tiyak nabilanggo.
May tukso namang sigurado raw nagtanan.

Gayumpaman, nakatayô pa rin ang pergolang kawayan,
Naghihintay yata sa bagyong maghahapay.
Makapagtatanim ka ng gabe sa banil
Na kumakapal sa plastik na dúlang.
Naghihintay ang bangkong may tapis pang nakayangyang,
Isang tiklis, bilaong may busal, garapong pingaw
Na pinamamahayan ng ipis at langgam.

Sabi nila: hindi magluluwat
Magbabangon sa libingan ang Aming Maggiginatan.

VALEDICTION SA HILLCREST

ni Rolando S. Tinio

(Iowa City, 1958)

Pagkacollect ng Railway Express sa aking things
(Deretso na iyon sa barko while I take the plane.)
Inakyat kong muli ang N-311, at dahil dead of winter,
Nakatopcoat at galoshes akong
Nagright-turn sa N wing ng mahabang dilim
(Tunnel yatang aabot hanggang Tundo.)
Kinapâ ko ang switch sa hall.
Sa aking pitik, nagshrink ang imaginary tunnel,
Nagparang ataul.

O catacomb.
Strangely absolute ang impression
Ng hilera ng mga pintong nagpuprusisyon:
Individual identification, parang mummy cases,
De-nameplate, de-numero, de-hometown address.
Antiseptic ang atmosphere, streamlined yet,
Kung hindi catacomb, at least
E filing cabinet.

Filing, hindi naman deaths, ha.
Remembrances, oo. 'Yung medyo malapot
Dahil alam mo na, I'm quitting the place
After two and a half years.

After two and a half years,
Di man nagkatiyempong mag-ugat, 'ika nga
Siyempre'y naging attached, parang morning glory'ng
Mahirap mapaknit sa alambreng trellis.

At pagkabukás ko sa kuwarto,
Hubo't hubad na ang mattresses.
Wala nang kutson sa easy chair,
Mga drawer ng bureau'y nakanganga,
Sabay-sabay nag-oration,
Nagkahiyaan, nabará.

Of course, tuloy ang radiator sa paggaralgal:
Nása New York na si Bob and the two Allans,
'Yung mga quarterbacks across the hall
Pihadong panay ang display sa Des Moines.

POSTSCRIPT

ni Rolando S. Tinio

Adios

America

w/all

your star-spangled ideas

Ginago mo kaming

Walang kalaban-laban

CRAZY MAN

CRAZY CRAZY

I get so furious

everytimeIthink

kaming me pinag-aralan

ang lumalabas ngayong hangal

Because we're out of touch (chua chua)

Because we're out of touch (chua chua)

It's all a matter of pointofview

& ar poinuview's sulipat

MATANG—

MANOK

Think lang of all the

finals and seminars na pinagsunungan

ng highbrow

jusso we won't be

nakakahiya naman sa aming mga

KANONG classmates na andami

Namang abá Diyos ko tanga yata

D'ya know I wrote a heaven-knows-how-many-page-paper-on

have y'eva he'd of some'ing entitled

Ver-gi-di-ma-riium by Marston ba o Hall?

& for 8125

na-eyestrain sa kasisilip

sa Regla ni San Beda sa microfilm

para maevalyuweyt kung Madame Ovaltine was landi o saint?

Anubang iskolarsip daw na putangna?

Buti pang nagkamot ng bayag / Bakâ nilabasan pa

I mean it's absoluuuutely ridiculous

endeavuh so precieuse to stuff

yu'head w/ headnotes footnotes marginalnotes

until your soul's one bag fat variorum edition

of pure unmitigated pedantic nonesense

S* A* P* A* G* K* A* T*

walang walang

kinalaman

sa sarili mong

UHAW

ANTOK

TAKOT

LIBOG

UTOT

& then you godda nerve to think

you're shuperiah to the restadapipol

juz becuz you speak English w/the twang of angels

from Tallahasee Salinas or Catona

Abá'y talagang anak ng garapata ng áso ni San Roque!

May talino 'yung di marunong mag-englis akala n'yo ba

May sariling estruktura ang pangangatwirang

hango sa hinuha't higher form of algebra

ang ma'no bang patancha-tancha't pakarku-karkula

I mean to say

St James

St Eliot

St Warren & Wellek

St Shakespeare & Johnson

St Donne & Miltonberle

St Thomasite

St Peace Corps.

Pagbalikwas ninyo sa kani-kaniyang libingan

Iadya kami sa istetsayd na dunong-dunungan.

BARKO

Ni Enrique S. Villasis

Wala nang ibang sisisihin sa pagkaantala kundi
Ang kalumaan nitó. Hábang ang mga kasabayan
Ay naging limót na alaala ng di-mabilang na sakuna
O namamahingang binabalabalan na ng kawalang,
Patuloy pa rin ang paghiwa nitó sa pahina
Ng dagat, ibinubulong ang mga nakasalubong na alon,
Ang mga lambong ng kulap na umuunat sa pagsapit
Ng unang liwanag. Hindi maitatago na sa pagitan
Ng hugong ng kaniyang pagtawid ang ritmikong
Pagpugak ng tila tisikong ginigising ng sariling
Paghuhumingasing. Papaano ba idadahilan
Ng mga tripulante na iisang makina na lámang
Ang tumatakbo? Kayâ napipilitan siláng paulit-
Ulit na ipalabas ang mga pelikula ni Dolphy,
O ang ipaubaya sa idlip ang bawat pagkabagot
Ng mga pasahero. Kung mágisíng siláng palyado
Ang makina't inaaló silá ng alon, ang kalumaan
Ng barko ang tanging mapagbubuntuhan nilá
Ng inis. May magbabakbak ng pintura sa hamba
At ilalantad ang kalawanging langib, may ilan namang
Idadaan sa iisang pangungusap ang kanilang múra
At opinyon sa halaga ng segunda-manong bakal.
Mula sa ispiker, paumanhin ang hiling ng kapitan.
Ngunit hindi ng barko. Sa pagkakahimpil nitó sa laot,
Retirado itong ang tanging hiling ay isa pang paglalayag,
Isa pang paglalayag bago ang hulíng paghuhusga.